HUMAN RIGHTS WATCH

“Parang Hindi Naman Ako Tao”

Pang-aabuso sa mga Dayuhang Asyanong Domestic Workers sa Saudi Arabia

Copyright © 2008 Human Rights Watch
All rights reserved.
Printed in the United States of America
ISBN: 1-56432-353-6
Cover design by Rafael Jimenez

Human Rights Watch
350 Fifth Avenue, 34th floor
New York, NY 10118-3299 USA
Tel: +1 212 290 4700, Fax: +1 212 736 1300
hrwnyc@hrw.org

Poststraße 4-5
10178 Berlin, Germany
Tel: +49 30 2593 06-10, Fax: +49 30 2593 0629
berlin@hrw.org

Avenue des Gaulois, 7
1040 Brussels, Belgium
Tel: + 32 (2) 732 2009, Fax: + 32 (2) 732 0471
hrwbe@hrw.org

64-66 Rue de Lausanne
1202 Geneva, Switzerland
Tel: +41 22 738 0481, Fax: +41 22 738 1791
hrwgva@hrw.org

2-12 Pentonville Road, 2nd Floor
London N1 9HF, UK
Tel: +44 20 7713 1995, Fax: +44 20 7713 1800
hrwuk@hrw.org

27 Rue de Lisbonne
75008 Paris, France
Tel: +33 (1)43 59 55 35, Fax: +33 (1) 43 59 55 22
paris@hrw.org

1630 Connecticut Avenue, N.W., Suite 500
Washington, DC 20009 USA
Tel: +1 202 612 4321, Fax: +1 202 612 4333
hrwdc@hrw.org

Web Site Address: http://www.hrw.org

JULY 2008 1-56432-353-6

"Parang Hindi Naman Ako Tao"

Pang-aabuso sa mga Dayuhang Asyanong Domestic Workers sa Saudi Arabia

I. Buod 1
Ligal na Balangkas at Paraan ng Recruitment 3
Pang-aabuso sa mga Domestic Worker 5
Mahinang Mekanismo sa Bayad-Pinsala (Redress) 7
Mga Rekomendasyon sa Gobyerno ng Saudi Arabia 9
Mga Susing Rekomendasyon sa mga Gobyernong Nagpapadala ng mga Manggagawa (kasama ang Indonesia, Sri Lanka, Pilipinas, at Nepal) 10

II. Mga Pamamaraan 11

III. Migrasyon ng mga Kababaihang Manggagawang Asyano 16
Kalagayan ng Kababaihang Asyano at Dahilan ng Pangingibang Bayan 18
Katayuan ng Kababaihan sa Saudi Arabia 23
Lawak ng Pang-aabuso 25

IV. Ligal na Balangkas para sa Migrant Domestic Workers 28
Hindi Pagsama sa mga Batas Paggawa 29
Ang Sistemang Kafala 30
Kontrata sa Empleyo at Paraan ng Pag-recruit 32
Mga Pandaigdigang Kasunduan 34
Mga Bagong Reporma 37

V. Sapilitang Pagtatrabaho, Trafficking, Pang-aalipin at Mala-aliping Kalagayan 39
Sapilitang Pagtatrabaho 40
Trafficking 44
Pagka-alipin at Mala-aliping Kalagayan 48

VI. Mga Pang-aabusong may Kaugnayan sa Recruitment at Immigration, at Pagkukulong. 53
Pang-aabuso ng mga Recruitment Agent na nasa mga Labor-sending na bansa 53
Pang-aabuso ng mga Recruitment Agent na nasa Saudi Arabia 57
Pagkulong ng mga Amo sa Domestic Helper 60

VII. Psychological, Pisikal at Seksuwal na Pang-aabuso 70
Psychological na Pang-aabuso at Pambubuska 71
Pisikal na Pang-aabuso 73
Hindi Pagpapakain ng Sapat 76
Sexual Harassment at Pang-aabuso 77

VIII. Pang-aabuso at Pagsasamantala sa Paggawa 82
Mababa at Hindi Pantay na Pasahod 83
Hindi Pagbibigay ng Sahod at Pagbawas sa Sahod 85
Sobrang Bigat ng Trabaho, Mahabang Oras ng Pagtatrabaho, Kulang sa Pahinga 89
Hindi Maayos na Matutulugan 92

IX. Mga Kasong Kriminal Laban sa mga Domestic Worker 94
Mga Paglabag sa mga Alituntunin 94
Kontra-Kaso ng Pagnanakaw, Pangkukulam, at Maling Pagbibintang 98
Mga Krimeng "Moral" 101

X. Protection Measures ng Saudi at Kahinaan ng mga ito 106
Ministry of Social Affairs (MOSA) Center for Domestic Workers 108
Deportasyon 118
Pagpapauwi sa Labi ng mga Migrante 121
Ang Criminal Justice System 122

XI. Protection Measures sa Labor-sending Countries at Kahinaan ng mga Ito 129
Mga Limitasyon sa Pagtatrabaho sa Saudi Arabia 130
Kakulangan sa Resources at Hindi Pantay na Pagtugon 132
Arbitrasyon ng mga Foreign Mission sa Labor Dispute 137

XII. Mga Detalyadong Rekomendasyon 142
Sa Gobyerno ng Saudi Arabia 142
Sa mga Gobyerno ng Bansang Pinanggagalingan ng mga Migrante (kasama ang Indonesia, Sri Lanka, Pilipinas, at Nepal) 147
Sa Lahat ng mga Gobyerno 149
Sa International Labour Organization (ILO) at International Organization for Migration (IOM) 150
Sa mga Donor tulad ng World Bank at mga Private Foundations 150

Pagpapasalamat 152

I. Buod

Sa umpisa ay tumatanggap ako ng 400 riyal bilang buwanang sahod. Dinadagdagan nila ito ng 100 hanggang 200 riyal tuwing dalawang taon. Sa bandang huli ay tumanggap ako ng 700 riyal [$182]1 kada buwan… Bukod pa sa aking suweldo ay binigyan din nila ako ng pera noong huli kong pag-uwi. Dati ay nakakaipon ako at nakakapagpadala ng 200 riyal, 500 riyal, o 700 riyal sa amin… Naging maingat ang asawa ko sa paggamit ng pera, ginamit niya ito sa pagpapagawa ng bahay na ito, sa pagpapaaral at pagkain ng mga anak namin, at pambayad sa mga gastusing pangkalusugan.

—Fathima F., umuwing domestic worker, Gampaha, Sri Lanka, Nobyemre 8, 2006

Kulang ang isang buong araw kung ikukuwento ko ang aking pinagdaanan. Siguro wala akong dala pag uwi ko… Palo ng electric cable ang natatanggap ko sa aking amo mula alas-dose ng gabi hanngang 2:30 ng madaling araw. Noong huli ang sabi niya, "Pinauwi ka na kung iba ang naging amo mo, pero hindi ko gagawin iyon. Dalawa lamang ang mapagpipilian mo: magtrabaho ka ng walang suweldo o mamatay dito. Kung mamatay ka, sasabihin ko sa mga pulis na nagpakamatay ka."

Kahit na nagtrabaho ako ng walang suweldo ay hindi rin ako nakakasiguro na hindi ako sasaktan ng amo ko. Kaya ako tumakas. Nakakandado lahat ng mga pinto at may rehas na bakal ang mga bintana, kaya walang paraan para makalabas. Merong butas na singawan ng hangin sa banyo at doon ako dumaan para makatakas. Bago ako tumakas ay nagdasal ako at hiniling kay Allah na ako'y

[1] Maliban na lamang kung babanggitin, gamit ng ulat na ito ang palitan sa pagitan ng US dollar at ng Saudi riyal noong Disyembre 2006. Ang palitan noon ay 1 riyal sa $US20.26.

tulungan niya. Maduming-madumi ang katawan ko noon dahil isang buwan akong hindi pinayagang maligo.

—Mina S., domestic worker mula sa Indonesia, Riyadh, Saudi Arabia, Marso 12, 2008

Pagkakataon at panganib ang maibibigay ng migrasyon. Napakalinaw nito sa pagdagsa ng mga migranteng manggagawa mula sa Asya patungong Middle East. Sa isang banda, ang mga migranteng manggagawa ay nakakapagpadala sa kanilang pamilya ng libo-libong dolyar na remittance. Malaki ang naitutulong nito sa pag-ahon ng kanilang pamilya sa kahirapan, sa pagpapagawa ng bahay, pantustos sa pagpapaaral, at pambayad sa gastusing pangkalusugan – habang nakakatulong sa ekonomiya ng bansang pinagtatrabahuan. Sa kabilang banda naman ay may mga migranteng namamatay, nasasadlak sa sapilitang pagtratrabaho, at nagiging biktima ng *trafficking*. Ang mga karanasan ng karamihan sa mga migrante ay nasa gitna ng dalawang mukhang ito ng migrasyon.

Mahigit-kumulang sa 1.5 milyong domestic worker ang nagtratrabaho sa Saudi Arabia, karamihan sa kanila at mula sa Indonesia, Sri Lanka, at Pilipinas. Ang mga manggagawang ito na kinikilala sa kanilang sariling bayan bilang mga "bagong bayani" dahil sa kanilang kinikitang dolyar ay tumatanggap ng mas konting proteksyon sa Saudi Arabia, kumpara sa ibang uri ng trabaho. Humaharap sila sa hindi pangkaraniwang pang-aabuso, subalit wala halos pag-asa na maituwid ang mga pang-aabusong ito. Halos ikaapat na bahagi ng mga dayuhang manggagawa sa Saudi ang bilang ng mga domestic worker. Subalit ayon sa ulat ng mga embahada ng mga nagpapadalang bansa, karamihan sa mga natatanggap nilang reklamo ay mula sa mga domestic worker.

Marami sa mga domestic worker ang napupunta sa maayos na trabaho. Marami rin ang nahaharap sa ibat-ibang uri ng pang-aabuso tulad ng hindi pagtanggap ng sahod, pagkakulong sa bahay ng kanilang mga amo, hindi pagkain, sobrang trabaho, at ilang kaso ng matinding *psychological*, pisikal, at seksuwal na pang-aabuso. Nakapagtala ang Human Rights Watch ng dose-dosenang kaso kung saan ang pinagsamang mga kalagayang ito ay kahalintulad na ng kalagayang sapilitang pagtatrabaho, *trafficking*, o mala-aliping kalagayan.

Inamin ng mga opisyal ng Saudi labor at social affairs na kinapanayam ng Human Rights Watch ang problema sa pang-aabuso sa mga domestic worker. Subalit kanilang idiniin na maayos ang trato sa karamihan ng domestic worker sa nasabing bansa. Wala pang datos na lumalabas ang eksaktong makakapagbigay ng wastong bilang ng mga domestic worker na nahaharap sa paglabag sa kanilang karapatan sa paggawa o sa iba pang karapatang pangtao. Subalit lalong lumalaki ang banta na sila ay maabuso dahil sa mga kahinaan sa *labor code* at mahigpit na gawi sa *immigration* sa nasabing bansa. Maliit lamang ang pag-asa ng mga nakatikim ng pang-aabuso na tuluyang maituwid ang sinapit nila.

Ligal na Balangkas at Paraan ng Recruitment

Hindi saklaw ang domestic worker ng Saudi Labor Law na sinusugan ng Royal Decree No. M/51 noong Setyembre 27, 2005. Hindi sila nakakatanggap ng proteksyon na maaaring tanggapin ng ibang manggagawa, tulad ng isang araw na day-off bawat linggo, hangganan sa oras ng paggawa, at paglapit sa mga labor courts na itatayo ayon sa reporma sa sistemang pangkorte na inanunsyo noong Oktubre 2007. Paulit-ulit na inihayag ng gobyernong Saudi na bubuo ito ng isang *annex* sa *labor law* na sasaklaw sa mga domestic worker. Subalit hanggang Hunyo 2008 ay hindi pa napipinal ang nasabing *annex*.

Naniniwala ang Human Rights Watch na ang pagpapatibay at pagpapatupad ng nasabing *annex* ay isang makabuluhang hakbang tungo sa kagalingan ng mga domestic worker. Subalit upang tunay na maging epektibo ang nasabing reporma, kailangan ng mga may kapangyarihan na magpalabas ng hakbanging mangangalaga sa mga domestic worker na kapantay ng pangangalagang ibinibigay sa ibang manggagawa. Dapat ding mayroon itong sapat na mekanismo upang maipatupad. Kung hindi, magiging mababaw lamang na pagbabago ang naturang *annex* na mabibigong harapin ang ligal na diskriminasyon sa mga domestic worker.

Ang mahigpit na sistemang *kafala* (sponsorship) ng Saudi Arabia na nagtatali sa employment visa ng domestic worker sa kanilang mga amo ay nagsisilbi ring gatong sa pagsasamantala at pang-aabuso. Sa sistemang ito, inaako ng amo ang responsibilidad sa magtatrabahong migrante. Ang amo ang dapat na magbigay ng malinaw na pahintulot bago makapasok ang manggagawa sa Saudi Arabia, lumipat

ng trabaho, o umalis sa naturang bansa. Binibigyan ng sistemang *kafala* ang mga amo ng napakalawak na kontrol sa migranteng manggagawa. Marami nang naitalang kaso ang Human Rights Watch kung saan hindi makaalis ang migrante sa mapang-abusong kalagayan o makauwi man lamang. Ito ay sa kadahilanang hindi sila binigyan ng kanilang amo ng permisong umalis sa nasabing bansa.

Nagdurusa ang mga domestic worker hindi lamang sa kahinaan ng mga batas sa paggawa at *immigration*, kundi pati na rin sa malawak, matakaw sa tubo, at di nasusubaybayang industriya ng *labor recruitment* sa mga *labor-sending* na bansa at maging sa Saudi Arabia. Lumago ang negosyong *recruitment* ng manggagawa sa Asya at paglalagay sa kanila sa mga amo sa Middle East habang lumaki ng makailang ulit ang migrasyon nitong mga nagdaang dekada. Sa mga *labor-sending* na bansa ng manggagawa, ang mga recruiter ay naniningil ng napakataas na bayad at nagbibigay ng mali o nakakalitong impormasyon tungkol sa kalagayan ng paggawa sa bansang pupuntahan. Sa Indonesia, kinukulong ng ilang buwan sa mga training center at inaabuso bago umalis ang mga aplikanteng kababaihan at dalaga. Sa Saudi Arabia, naisadokumento ng Human Rights Watch ang mga kaso ng hindi pagpansin o pagtanggi ng mga *labor agent* sa domestic worker na humihingi ng tulong. Sa mga kasong nais ng umuwi ng mga domestic worker, inilipat lamang sila sa ibang amo upang makaiwas ang mga *recruiter* sa gastos sa pagpapauwi.

Pinag-iisipan ng gobyernong Saudi na pagbutihin ang sistemang *kafala* sa pamamagitan ng pagpapalit dito ng tatlo o apat na malalaking *recruitment agency* na mangangalaga sa mga migranteng manggagawa. Nilulutas ng opsyong ito ang ilang likas na problema sa isang sistemang nakabatay sa pangangalaga ng amo sa migrante. Subalit nagluluwal din ito ng mga bagong problema sa pamamagitan ng paglagay ng kontrol ng isang kumikitang industriya sa kontrol ng iilang malalaking ahensiya na magkakaroon ng malakas na kapangyarihan sa buhay ng mga migranteng manggagawa. Upang mapigilan ang katiwalian at pang-aabuso sa mga migranteng manggagawa ng mga *recruitment agency*, dapat na kasama sa mga ganitong reporma ang *checks and balances* upang maprotektahan ang karapatan ng mga migranteng manggagawa. Kasama dapat dito ang mahigpit at nakahiwalay na pagsubaybay.

Pang-aabuso sa mga Domestic Worker

Maraming domestic worker ang makakatagpo ng mga responsableng amo na tatrato sa kanila ng maayos, regular silang sasahuran, at magsisiguro ng maayos na lagay sa paggawa. Ang mga karanasang ito ang nagsisilbing batayan ng malawak na pananaw na mayroong mapagkakakitaan at nakakapukaw na trabaho sa ibang bansa. Sa kasawiang-palad, suwerte at hindi garantiya ang nagtatakda kung makakahanap sila ng kalagayang tutupad sa *minimum standards* ng isang disenteng trabaho. Ang mga hindi naman papalarin ay maaaring maipit sa mga napakamapagsamantalang kalagayan na kokonti ang pagkakataong lumabas (*exit options)*.

Ginagamit ng ilang amo ang kanilang kontrol sa ligal na katayuan ng mga migranteng domestic worker at sa pag-iwas sa pananagutan sa *labor laws* ng Saudi Arabia. Sa mga panayam sa mga domestic worker, diplomatiko ng mga nagpapadalang bansa, at opisyal ng Saudi, karaniwang di-pagbabayad o kulang na pasahod ang nagiging reklamo. Dagdag pa rito, maraming kababaihan ang nagsabing mas mababa ang natatanggap nilang sahod kumpara sa sahod na ipinangako sa kontratang kanilang pinirmahan bago sila umalis ng sariling bansa.

Naisadokumento namin ang ilang kaso ng pisikal at *psychological* na pang-aabuso ng mga amo at ng mga *recruitment agent* sa ilang kaso. Ilang halimbawa ng pang-aabuso ay ang pambubugbog, pagpaso ng mainit na plantsa, pananakot, pang-iinsulto, at ilang anyo ng panghihiya tulad ng pagkalbo sa mga domestic worker. Pangkaraniwan din ang hindi pagpapakain. Naikuwento rin ng ilang kababaihan ang mga kaso ng *rape, attempted rape*, at *sexual harassment*. Karaniwan itong ginagawa ng mga among lalake o mga anak na lalake ng mga ito. Sa ilang pagkakataon, ginagawa rin ito ng ibang mga dayuhang manggagawa na hiningan ng tulong ng mga domestic worker. Iniulat ng mga embahada na kakaunti lamang ang mga kababaihang lumalapit sa mga maykapangyarihan sa Saudi upang magreklamo dahil sa takot na sila ang makasuhan ng *adultery*, pakikipagtalik, at iba pang imoral na asal.

Isa sa mga karaniwang reklamo na natatanggap ng mga embahada at ng Saudi Ministry of Social Affairs ay ang sobrang trabaho. Maraming domestic worker ang

nagsabing pinagtatrabaho sila ng 15-20 oras sa isang araw. Isang oras lamang ang kanilang pahinga o kung minsan ay hindi sila nakakapahinga. Kahit isa sa mga nakapanayam ay hindi nakatikim ng *day off* o *paid leave*. Lumalaki at humahaba ang oras ng trabaho sa panahon ng Ramadan. Napipilitan ding magtrabaho ang ilang nakapanayam na domestic worker kahit na sila ay may sakit o masama ang pakiramdam. Dagdag pa rito, marami sa mga domestic worker ang nagtatrabaho sa malalaking bahay, subalit pinapatulog sa masikip na *storage room*. Isa ang nag-ulat na sa banyo siya natutulog.

Itinatakda ng Saudi *immigration* policy na dapat may pirma ng amo ang *exit visa* ng mga migranteng manggagawa na nais nang umuwi. Maraming amo ang tumatangging pirmahan ang *exit visa*, kaya napipilitan ang mga domestic worker na patuloy na magtrabaho ng ilang buwan o taon kahit labag sa kanilang kalooban. Sa ibang kaso naman, natatagalan bago makauwi ang mga domestic worker na tumakas at naghihintay sa mga *shelter* dahil hindi pinirmahan ng dating amo ang kanilang *exit visa*. Nasa kalagayang sapilitang paggawa o pagkaalipin ang mga manggagawa kung sila ay pinipilit ng kanilang mga amo na patuloy na mamasukan kahit labag sa kanilang kagustuhan, magtrahaho sa ilalim ng mapagsamantalang kundisyon, sinasaktan o binabastos, hindi pinapasahod, at kinukulong sa bahay na pinagtatrabahuan.

Ilang salik ang nagiging dahilan ng pagkakabukod, kahirapan sa pera, at limitadong *access* sa tulong ng mga domestic worker. Maaaring wala na silang makitang paraan upang makatakas sa mapagsamantalang kalagayan na kanilang kinasasadlakan. Dahil sa nakatali ang kanilang *work permit* sa mga indibidwal na amo, ang pag-alis o pagkatanggal sa trabaho ay nangangahulugan ng agarang pagpapauwi. Kinukumpiska ng maraming amo ang pasaporte at *work permit* ng mga domestic worker na namamasukan sa kanila. Ibig sabihin, dahil wala silang mga dokumento, nahaharap sa pagkaaresto at pagkakulong ang mga kababaihan at kadalagahan na tumatakas sa kanilang abusadong amo. Hawak ng kanilang mga amo ang pasaporte ng lahat ng aming nakapanayam na domestic worker. Sa maraming kaso, hindi rin ito pinapakita ng mga amo kahit nakialam na ang mga awtoridad ng Saudi o mga embahada. Ipinagbabawal din ng ilang amo ang tumawag o tawagan sa telepono, makipag-usap sa kapitbahay, o umalis mag-isa. Karamihan sa mga nakapanayam ng

Human Rights Watch ay nagsabing kinukulong sila sa bahay na pinapasukan kung umaalis ang kanilang mga amo. Ang iba naman ay ikinukulong sa kuwarto o banyo ng ilang araw.

Mahinang Mekanismo sa Bayad-Pinsala (Redress)

Libo-libong reklamo ng mga domestic worker ang natatanggap taun-taon ng gobyernong Saudi at diplomatiko ng mga labor-sending na bansa. Pinapakita ng aming pagsasaliksik na maraming problema ng mga domestic worker ang hindi naiuulat dahil sa kanilang pagkabukod sa mga pribadong bahay, kakayanan ng mga amo na magpauwi kahit anong oras, at sa mahinang mga mekanismo sa bayad-pinsala na hindi makapagbigay ng insentibo sa mga manggagawa na humingi ng tulong sa kinauukulan.

Sa mga reklamong umaabot sa mga opisyal ng Saudi at mga embahada, ang mga aksyong ginagawa ay nananatiling madalian at pansamantala *(ad hoc)* at maaari pang makadagdag sa pang-aabuso. Natutulungan ng mga opisyal ng Saudi ang ilang migrant worker na makuha ang kanilang sahod at makauwi. Ang iba naman ay binabalik sa malulupit na amo, inuusig sanhi ng kontra-reklamo ng mga amo, o inuutusang makipag-ayos na lamang kahit kiling sa amo ang resulta. Dahil sa hindi pantay na kapangyarihang makipag-tawaran, umuuwi ang mga domestic worker na hindi nakatanggap ng kanilang buong sahod o nabigyang katarungan sa natamong pang-aabuso.

May pinapatakbong *center* sa Riyadh ang Ministry of Social Affairs para sa mga domestic worker na nangangailangan ng *exit visa*, tiket pauwi, identification documents, at may alitan sa amo tungkol sa pasahod. Isang mahalagang hakbang ang center na ito sa pagbibigay sa mga domestic worker ng isang mekanismo na lulutas sa kanilang problema sa labor at *immigration*. Subalit ilang aspeto ng operasyon ng nasabing center ang lubos na nakakabahala. Karaniwan ay napipilitang tanggapin ng mga domestic worker ang di pantay na kasunduan na magbibigay sa kanila ng mas maliit na kabayaran. Tumatagal din sila ng ilang buwan sa masikip at punong-puno na center na halos walang alam sa takbo ng kanilang mga kaso.

May mga problemang haharapin ang mga domestic worker sakaling sila ay bumangga sa *criminal justice system* ng bansang Saudi Arabia: kakulangan ng maagap at mahusay na *interpreter*, tulong ligal, paglapit sa mga konsulado; palsong kontra-kaso ng pagnanakaw at pangkukulam na layong itago ang pagmamaltrato; malupit at may diskriminasyong batas sa moralidad na ginagawang krimen ang pakikisalamuha sa mga di kaanu-anong kalalakihan at pakikipagtalik. Ang mga domestic worker na biktima ng panggagahasa o *sexual harassment* subalit hindi ito mapatunayan ayon sa pamantayan ng ebidensiya ng mahigpit na Sharia ay maaari ring usigin sa kasong imoralidad at *adultery.* Ang mga parusa sa ganitong mga krimen ay pagkakulong, paghagupit at sa ilang kaso ay parusang kamatayan.

Umaangal ang mga opisyal ng mga embahada na walang takdang alituntunin o sistema sa paghawak ng kaso ng pang-aabuso laban sa mga domestic worker. Isang hindi nagpakilalang opisyal ng embahada ang nagsabing, "Walang pamantayan. Hindi namin masabi na ganito ang alituntunin sa mga kababaihan sa Riyadh sapagkat bawat kaso ay naiiba. Iba ang solusyon sa tuwi-tuwina dahil nga walang alituntunin."[2]

Sa kawalan ng mabisang mekanismo sa bayad-pinsala para sa mga biktima ng pang-aabuso, kritikal ang magiging papel ng legasyon o *foreign mission* ng mga labor-sending na bansa sa pagbandila ng karapatan ng kanilang kababayan sa Saudi at pagbibigay serbisyo tulad ng matutuluyan, tulong ligal, at pag-asiste sa pagkuha ng hindi binayarang sahod mula sa mga amo. Malaki ang pagkakaiba ng kakayanan at tulong na maibibigay ng mga legasyon ng Indonesia, Sri Lanka, Pilipinas, Nepal, at ibang nagpapadalang bansa. Marami sa kanila ang nagsisikap na harapin ang napakaraming reklamo sa kabila ng kakulangan sa pinansiya at tauhan. Bagaman kinakaya ng mga mission na ito na makapagbigay ng batayang tulong sa maraming pagkakataon, umaangal pa rin ang mga domestic worker sa haba ng panahon ng paghihintay at kakulangan sa impormasyon tungkol sa kanilang kaso. Punong-puno at napakadumi ng mga shelter na pinapatakbo ng mga

[2] Panayam ng Human Rights Watch kay J., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Saudi Arabia, Disyembre 13, 2006

bansang Indonesia at Sri Lanka. Wala namang pinapatakbong *shelter* ang Nepal kahit na napakarami ritong naghahapag ng reklamo.

Bilang tugon sa mga pang-aabusong inilabas ng report na ito, ilang mga *labor-sending* na bansa ang sumubok o nanawagan ng *ban* o pagtigil sa pagpapadala ng kababaihang manggagawa sa Saudi Arabia. Subalit pinatunayan ng karanasan na itinutulak lang ng mga nasabing *ban* ang mga kababaihan na mangibang bayan sa pamamagitan ng mas delikado o iligal na pamamaraan na naglalagay sa kanila sa mas malaking panganib. Bilang tugon, sinubok namang bawasan ng Saudi Arabia at ibang pinagtatrabahuang bansa na bawasan ang kanilang pag-asa sa *migrant labor* o magpalabas ng mahigpit na *immigration policy* sa pagsisikap na pigilan ang daloy ng iligal na mga migrante.

Mahalaga ang mas malawak na multilateral at regional na pagtutulungan sa pagbubuo at pagpapatupad ng maayos at nababatay sa katarungang *(rights-based) migration policy*. Dahil sa di-pantay na kakayanang makipagtawaran, humihina ang mga *bilateral* na *labor agreement* sa pagitan ng mga labor-sending at labor-receiving na mga bansa. Ang mga inisyatibang pag-usapan ng mga bansa ang usapin ng migrasyon, tulad ng Colombo Process, Abu Dhabi Dialogue, at Global Forum on Migration and Development, ay posibleng magsilbing mahalagang behikulo upang harapin ang usapin ng karapatan ng mga dayuhang migrant worker. Dapat na bumuo ang mga pulong na ito ng mas malakas na ugnayan sa mga pamamaraan ng United Nations, at katawanin at gawing tuntungan ang mga umiiral na tratado at patnubay sa *human rights* para sa mga migrante.

Mga Rekomendasyon sa Gobyerno ng Saudi Arabia

Hindi pagpapatigil sa pangingibang bayan ang susi sa pagwakas sa pang-aabuso, kundi ang pagbibigay ng sapat na proteksyon upang umalis ang mga domestic worker batay sa malayang pagpili (*informed choice)* at may garantiyang igagalang ang kanilang karapatan. Maraming pang-aabuso sa mga domestic worker ang maaaring mapigilan o maiwasan. Kung mangyari man ang mga ito, may malinaw na mga hakbang na magagawa ang mga gobyerno upang singilin ang mga may kasalanan.

Iniri-rekomanda ng Human Rights Watch sa gobyerno ng Saudi Arabia na:

- I-reporma ang sistemang *visa sponsorship* upang hindi na matali ang mga manggagawa sa mga indibidwal na *sponsor* at makalipat sa ibang amo o umalis sa Saudi Arabia anumang oras na pagpasyahan nila.
- Pagtibayin ang panukalang *annex* sa 2005 Labor Code na magbibigay proteksyon sa mga domestic worker, siguruhing kapantay ito ng proteksyong ibinibigay sa ibang manggagawa, at bumuo ng iskedyul at kasangkapan para sa implementasyon nito.
- Makipagtulungan sa mga labor-sending na bansa sa pagsubaybay sa kalagayan ng mga domestic worker, padaliin ang pagliligtas, siguruhin ang pagkuha ng sahod na hindi nabayaran, at ayusin ang napapanahong pagpapauwi.
- Pagbutihin ang mga pasilidad at protokol para sa mga *center* na pinapatakbo ng Ministry of Social Affairs.
- Makipagtulungan sa mga labor-sending na bansa sa pagsasabi sa mga ito tungkol sa mga nakakulong na dayuhan at magtayo ng mga shelter, atensiyong medikal, counseling, at ligal na tulong, para sa mga biktima ng pang-aabuso.
- Bumuo ng mekanismo para sa regular at independiyenteng pagsubaybay sa mga labor agency at paraan ng *recruitment*, kasama ang biglaang inspeksyon.

Mga Susing Rekomendasyon sa mga Gobyernong Nagpapadala ng mga Manggagawa (kasama ang Indonesia, Sri Lanka, Pilipinas, at Nepal)

- Pag-igihin ang serbisyo, kasama ang kalidad ng mga shelter, kahandaan ng *counseling,* at bilang ng mga turuang tauhan, para sa mga migranteng domestic worker sa mga embahada at konsulado sa Saudi Arabia
- Palakasin ang regulasyon at pagsubaybay sa mga *recruitment agent*, kasama ang biglaang inspeksyon at epektibong mekanismo sa mga reklamo.
- Palawakin ang mga programa sa pagpapalakas ng kamalayan ng publiko para sa mga umaasang migrant domestic worker at palakasin ang mga *pre-departure training programs*.

May kumpletong listahan ng mga rekomendasyon sa dulo ng report na ito.

II. Mga Pamamaraan

Ibinatay ang ulat na ito sa pananaliksik na ginawa sa loob ng dalawang taon, kasama ang *field research* at pakikipagpulong sa mga opisyal ng gobyerno sa Saudi Arabia noong Marso 2002 at Disyembre 2006, at sa Sri Lanka noong Nobyembre 2007 at Oktubre-Nobyembre 2006. Ginawa ang research sa Saudi Arabia bilang bahagi ng pagbisita ng delegasyon ng Human Rights Watch na inimbitahan ng gobyernong Saudi at kung saan ang Saudi Human Rights Commission ang nagsilbing *host.*

Dagdag sa ginawang *field research*, sinuri din namin ang mga umiiral na batas at regulasyon, nirepaso ang mga ulat sa mga pahayagan, at inusisa ang mga pag-aaral na ginawa ng gobyernong Saudi, mga organisasyong internasyunal, at civil society. Bagaman nakakuha kami ng datos at kopya ng mga regulasyon matapos humiling sa mga gobyerno ng Saudi Arabia, Indonesia, Sri Lanka, Pilipinas, at India, hindi naman kami nakakuha ng anumang sagot sa ilang impormasyon na aming hiniling. Dahil dito, may mga butas ang ulat na ito sa mga hindi namin nakuhang orihinal na ligal na mga dokumento o mga pinakabagong istatistiko ng mga nasabing gobyerno.

Sa isang pagkakataon, binisita ng isang mananaliksik ng Human Rights Watch noong ika-6 ng Disyembre 2006 ang Ministry of Social Affairs (MOSA) center para sa mga domestic worker na nasa Riyadh. Sa kabila ng pangakong *open visit* kung saan maaaring suriin ng *researcher* ang pasilidad at kapanayamin ang mga kinakanlong na migrant worker, may nakapagsabi sa amin na pansamantalang inilipat ng *staff* ang ilan daang kababaihan mula sa pasilidad upang magmukhang iilang dosena lamang ang laman ng nasabing *shelter.* Inilipat din nila ang lahat ng residenteng nakatigil na roon ng ilang araw, siguro upang maitago ang tunay na kalagayan kung saan ang mga kababaihan ay tumatagal doon ng ilang linggo o buwan at punong-puno ang pasilidad.[3]

[3] Mga panayam ng Human Rights Watch sa mga opisyal ng mga labor-sending na bansa, Disyembre 2006 at Marso 2008; kay Indrani P., domestic worker na Sri Lankan, Disyembre 14, 2006; at kay Luz B., domestic worker na Pilipina, Riyadh, Marso 11, 2008.

Isang sentral na aspeto ng aming pamamaraan ang malalimang panayam sa mga domestic worker na kasalukuyang nagtatrabaho sa Saudi Arabia o katatapos lamang magtrabaho doon. Kinapanayam din namin ang mga *recruitment agent*, mga kasapi ng Civil Society, at mga opisyal ng gobyerno. Ilan sa kanila ang nagsalita mula sa perspektibo ng pagiging amo ng domestic worker. Nabigo kaming makahanap ng amo na handang humarap sa isang pormal na panayam ng Human Rights Watch. Subalit marami kaming naging impormal na pakikipag-usap sa mga amo tungkol sa kanilang karanasan sa pagkakaroon ng domestic worker at sa pananaw nila sa mga karaniwang gawi hinggil sa mga domestic worker, tulad ng pagkuha ng pasaporte ng mga ito.

Hindi na namin sinuri ang kalagayan ng ibang manggagawa sa bahay tulad ng mga drayber at hardinero, pero tumutok kami sa kababaihang nagtatrabaho sa loob ng bahay tulad ng mga yaya, katulong, at tagapag-alaga ng matatanda at may sakit.

Hindi ibig sabihin na kinakatawan ng mga nakapanayam naming mga domestic worker ang lahat ng domestic worker sa Saudi Arabia. Tumutok kami sa karanasan ng mga inabuso, ang balangkas ng mga regulasyon na naglalapit sa kanila sa pang-aabuso, at sa tugon ng awtoridad sa mga indibidwal na kaso. Karamihan sa nakapanayam naming domestic worker ay mula sa hanay ng mga humingi ng tulong sa gobyernong Saudi tungkol sa hindi binayarang sahod, problema sa *immigration*, o iba pang isyu. Mas malawak ang saklaw ng karanasan para sa mga nakapanayam namin sa Sri Lanka, kasama ang sinumang domestic worker na umuwi mula sa Saudi Arabia noong nakaraang taon. Kasama sa aming kinapanayam ang mga:

Domestic Workers: Nagsagawa ang Human Rights Watch ng malaliman at indibidwal na panayam sa 86 kababaihang domestic worker na may edad mula 17 hanggang 52 taon. Karamihan sa kanila ay may edad na 22 hanggang 35 taon.

- Nakapanayam namin ang 64 domestic worker sa Saudi Arabia: 20 na Sri Lankan, 20 ang Pilipina, 22 ang Indonesian, at dalawa ang Nepalese. Ginawa ang mga panayam sa mga embassy shelters sa Riyadh at Jeddah, sa MOSA shelter for domestic workers sa Riyadh, at sa mga pribadong bahay. Nakapanayam namin ang 52 domestic worker noong Disyembre 2006 at 13

domestic worker noong Marso 2008, kasama ang tatlo sa mga nakapanayam namin noong 2006.

- Nakapanayam namin ang 22 na bagong uwing domestic worker sa Sri Lanka noong Nobyembre 2006. Nakapagsaliksik kami sa pito (7) sa walong (8) pangunahing distrito na nagpapadala ng kababaihang migrante sa ibang bansa. Ginawa ang mga panayam sa mga pribadong bahay, opisina ng mga labor *recruitment agencies*, pre-departure training centers, at sa Colombo airport shelter for returning workers.

Naglunsad din kami ng apat na *group interviews* sa mga domestic worker sa Saudi Arabia noong Disyembre 2006 at Marso 2008. Nasubaybayan din namin ang dose-dosenang kaso ng pang-aabuso sa tulong ng mga kontak sa mga NGOs sa mga nagpapadalang bansa, opisyal ng mga embahada sa Saudi Arabia, at mula sa mga *press reports*.

Sa ilang mga kaso, hindi namin obhetibong mapatotohanan ang ilang detalye ng pang-aabusong iniulat sa amin. Subalit kung titingnan ang mga padron *(pattern)* o pagkaka-pare-pareho at pagtugma ng mga salaysay ng mga kinapanayam na hindi naman nagkaka-usap o magkakilala, hindi namin mapagdududahan ang kredibilidad ng mga ulat na ito.

Recruitment agents: Naglunsad ang Human Rights Watch ng walong (8) indibidwal at pang-grupong panayam sa 13 *labor recruitment agent*. Ipinipagpatuloy namin ang pakikipag-ugnayan sa ilan sa mga ahenteng ito sa pamamagitan ng email at telepono matapos ang inisyal na panayam.

- Anim (6) na Saudi *labor agent* sa isang *group interview* na ginawa sa Chamber of Commerce, Riyadh noong Disyembre 2006.
- Pitong (7) Sri Lankan *labor agent* (mga ispesyalista sa Saudi Arabia) na ginawa sa Colombo at Kurunegala, Sri Lanka noong Nobyembre 2006 at Nobyembre 2007.

Mga opisyal ng gobyerno: Nagsagawa ang Human Rights Watch ng 39 na indibidwal at *group interviews* sa hanay ng mga opisyal ng gobyerno.

- Labing-anim (16) na panayam sa mga indibidwal at grupo sa hanay ng opisyal ng gobyernong Saudi noong Disyembre 2006 at Marso 2008; kasama ang mga ministro at ilang senior officials mula sa Ministries of Labor, Social Welfare, at Foreign Affairs; mga opisyal mula sa Ministry of Interior, Al Hair Prison, at mga opisyal ng pulis na humahawak ng kaso ng mga domestic worker; at mga commissioner mula sa Saudi Human Rights Commission.
- Labing-pitong (17) panayam sa mga indibidwal at grupo sa hanay ng mga opisyal ng mga embahada at konsulado ng Indonesia, Pilipinas, Sri Lanka, Nepal at India noong Disyemre 2006 at Marso 2008, kasama ang mga ambassador, labor attaché, *legal counsel*, at social welfare officers.
- Anim (6) na panayam sa mga indibidwal at grupo sa hanay ng senior officials mula sa Sri Lanka Ministry of Foreign Employmant, Ministry of Foreign Affairs, Ministry of Labor, at sa Sri Lanka Bureau of Foreign Employment sa Colombo noong Nobyembre 2006 at Nobyembre 2007.

Civil Society: Nakapanayam ng Human Rights Watch ang pitong (7) aktibista sa Saudi Arabia noong Disyembre 2006 at Marso 2008, kasama ang mga indibidwal na kasali sa mga impormal na network to tumutulong sa mga inabusong domestic worker.

Karaniwang tumatagal ng halos 45 minuto hanggang isang oras at kalahati ang aming panayam sa mga domestic worker. Kasama sa mga itinanong ang mga dahilan ng kanilang pagpunta sa Saudi Arabia, proseso sa *recruitment* na kanilang dinaanan, kalagayan sa lugar na pinagtatrabahuan, pagtrato sa kanila ng mga amo, at ang naging tugon ng gobyernong Saudi at ng sarili nilang mga bansa sa mga kaso ng pang-aabuso. Batay sa wikang gamit ng mga domestic worker, ginawa namin ang mga panayam na may pagsasalin sa pagitan ng Ingles at Arabic, Bahasa Indonesia, Sinhali, Tamil, at Tagalog. Ginawa din namin ang ilang panayam sa Ingles mismo.

Ginawa din namin ang mga panayam matapos naming makuha ang kanilang pagpayag, at matapos naming ipaliwanag ang Gawain ng Human Rights Watch at ipaliwanang ang pakay at planong pagbabandila ng ginagawang pagsasaliksik at ng ulat na lalabas mula dito. Wala kaming ibinigay na pera o ibang tulong bilang kapalit

ng panayam. Mayron ding karapatan ang mga kinapanayam na tumanggi o itigil ang panayam ano mang oras.

Upang masiguro ang kaligtasan at hindi makilala ang mga kinapanayam naming babae, gumamit kami ng ibang pangalan para sa karamihan ng mga domestic worker na nakapanayam. Sa ilang kaso ay sila mismo ang humiling o nagbigay ng permiso na gamitin ang kanilang tunay na mga pangalan. Marami sa mga nakapanayam na opisyal ng mga foreign mission ang nagbigay ng detalyadong impormasyon, huwag lamang daw ibigay ang kanilang tunay na pangalan upang maiwasang masira ang relasyong diplomatiko ng kanilang bansa sa Saudi Arabia.

III. Migrasyon ng mga Kababaihang Manggagawang Asyano

> *Ang mga domestic worker ay naging hayag na kalakal na ibinebenta (consumption item).*
>
> —Opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Marso 10, 2008

Saklaw ng kababaihan ang kalahati ng lahat ng migrante sa buong mundo. Ang migrasyon mula sa ilang Asyanong bansa ay lubusan ng naging pangkababaihan. Mula 50-80 porsiyento ng mga dokumentadong bagong upa o nagtatrabaho na sa ibang bansa ay babae. Karamihan sa kanila ay lumalabas upang magtrabaho bilang domestic worker sa Middle East at ibang bahagi ng Asya.[4] Kumbinasyon ng mga salik ng pagtulak at paghila ang dahilan ng paglaki ng hanay ng mga Asyanong migrant worker sa Middle East.

Ayon sa International Monetary Fund, "Para sa maraming umuunlad na bansa, ang *remittance* ang pinakamalaking pinagmumulan ng foreign exchange, mas malaki pa sa *export revenues*, *foreign direct investment* (FDI), at ibang pagpasok ng pribadong kapital."[5] Halimbawa, ang mga Filipino migrant worker, na karamihan ay kababaihan na nagtratrabaho sa bansang Arabo sa Persian Gulf bilang domestic worker, ay nagpadala ng US$15.2 bilyon noong 2006 – 13 porsiyento ng GDP[6] ng Pilipinas. Tuloy-tuloy ang naging pagtaas ng *remittance* sa nakaraang tatlong dekada. Ayon sa tantiya ng World Bank, ang mga migrant worker mula sa mga umuunlad na bansa ay nakapag-remit ng $240 bilyon noong 2007.[7] Nakapag-remit ang mga migrante sa

---

[4] Philippines Overseas Employment Administration, "OFW Global Presence: A Compendium of Overseas Employment Statistics 2006," http://www.poea.gov.ph/stats/2006Stats.pdf (binuksan noong Mayo 29, 2008); Sri Lanka Bureau of Foreign Employment, "Estimated Stock of Sri Lankan Overseas Contract Workers by Country 2006," http://www.slbfe.lk/feb/statistics/statis9.pdf (binuksan noong Mayo 29, 2008); Komnas Perempuan and Solidaritas Perempuan/CARAM Indonesia, *Indonesian Migrant Domestic Workers: Their Vulnerabilities and New Initiatives for the Protection of Their Rights* (Jakarta: Komnas Perempuan and Solidaritas Perempuan/CARAM Indonesia, 2003), p. 9.

[5] International Monetary Fund, "Workers' Remittances and Economic Development," World Economic Outlook: Globalization and External Imbalances (Washington D.C.: IMF, 2005), pp. 69-84.

[6] World Bank, Migration and Remittances Factbook, March 2008, http://econ.worldbank.org/WBSITE/EXTERNAL/EXTDEC/EXTDECPROSPECTS/0,,contentMDK:21352016~isCURL:Y~menuPK:3145470~pagePK:64165401~piPK:64165026~theSitePK:476883,00.html (binuksan noong April 9, 2008).

[7] Ibid.

Saudi Arabia ng $15.6 bilyon noong 2006, halos 5 porsiyento ng GDP ng Saudi Arabia. Pangalawa sa pinakamalaking tagapagpadala ng *remittance* sa mundo ang Saudi Arabia sunod sa Estados Unidos.[8]

Ayon sa General Statistics department ng Saudi Arabia, mahigit walong milyong migrante ang nagtatrabaho ngayon sa nasabing kaharian.[9] Saklaw nila ang halos ikatlong (1/3) bahagi ng 24.7 milyong[10] populasyon ng nasabing bansa. Lampas sa tig-isang milyon ang mga migrante mula sa Indonesia, India, at Pilipinas. Lampas naman sa 600,000 ang mula sa Sri Lanka. Sila ang bumubuhay sa ekonomiya ng Saudi Arabia sa pamamagitan ng pagpuno sa mga *critical gaps* at kailangang *skill* sa larangan ng kalusugan, construction, domestic service, at negosyo.

Malaki ang pagkakaiba ng mga pagtantiya sa bilang ng domestic worker sa Saudi Arabia, sanhi na rin ng kawalan ng pampublikong datos at kahirapan sa pagtukoy sa ilang manggagawa: Hindi palaging ikinukuha ng mga amo ang domestic worker ng *national identity card* (iqama), isang mekanismo para ma-monitor ang dami ng manggagawa sa nasabing bansa. Ayon sa mga ulat sa pahayagan , tinataya ng mga opisyal ng Saudi na halos may 200,000 domestic worker na may *employment visa* ang dumarating kada buwan. Subalit sinabi naman ng embahada ng Indonesia na sila pa lamang ay 15,000 na bagong kontrata ang ina-aprobahan kada buwan.[11] Isang asosasyon ng mga Saudi *Recruitment agencies* ang nagtayang 30-40,000 domestic worker ang kanilang naipapasok kada buwan.[12]

Binigyan ng Saudi Ministry of Labor ang Human Rights Watch ng opisyal na bilang na 1.2 milyong household workers sa Saudi Arabia, kasama rito ang mga domestic worker, driver, at hardinero. Ayon sa bilang na ito, 480,000 domestic worker ang

---

[8] Ibid.

[9] P.K. Abdul Ghafour , "Government Jobs for Saudi Women," *Arab News,* May 29, 2007, http://www.saudi-us-relations.org/articles/2007/ioi/070529-saudi-women.html (binuksan noong Mayo 30, 2007).

[10] United Nations Department of Economic and Social Affairs, "World Population Prospects: The 2006 Revision, Highlights," Working Paper No. ESA/P/WP.202, 2007, http://www.un.org/esa/population/publications/wpp2006/WPP2006_Highlights_rev.pdf (binuksan noong Hunyo 10, 2008).

[11] Mariam Al Hakeem, "Runaway maids face jail and flogging," Gulf News, April 5, 2007; Panayam ng Human Rights Watch kay R., opisyal ng embahada ng Indonesia, Riyadh, Nobyembre 29, 2006.

[12] Panayam ng Human Rights Watch sa isang grupo ng recruitment agents, National Committee of Saudi Recruitment Agencies, Saudi Chamber of Commerce, Riyadh, Disyembre 12, 2006.

opisyal na nakarehistro.[13] Subalit batay sa bilang ng deployment ng mga *labor-sending* na bansa, lampas sa isang milyon ang bilang ng mga domestic worker sa Saudi Arabia. Halos 600,000 ang taya ng Indonesia sa bilang ng mga dokumentadong domestic worker na ipinadala nito sa Saudi Arabia.[14] Aabot namon sa 275,000 ang naitalang documentadong worker[15] ng Sri Lanka, at 200,000.[16] ang ipinadala ng Pilipinas. Sinubok ng Saudi press na tantiyahin ang bilang ng undocumented workers at inilagay nila sa dalawang milyon ang kabuuang bilang ng domestic worker sa naturang bansa. Kasunod ng mga kasunduan sa *recruitment* na pinirmahan kasama ang Nepal noong 2007 at Vietnam noong unang bahagi ng 2008, malamang na lumaki ang bilang ng mga domestic worker na manggagaling sa mga bansang ito. Mayroon ding maliit na bilang ng domestic worker mula sa mga bansang India, Bangladesh, Ethiopia, at Eritrea.[17]

Kalagayan ng Kababaihang Asyano at Dahilan ng Pangingibang Bayan

> *Nakatira ako sa isang maliit na dampa na gawa sa retasong tela. Walang trabaho ang aking asawa at may lima kaming anak na alagain. Dahil sa kahirapan at kakulangan sa pera, nagpasya akong mangibang bayan upang kumita… Naghanap ako ng trabaho (sa Sri Lanka) pero wala akong makita… Minsan wala kaming makain kapag panahon ng tag-ulan.*
>
> —Noor F., a repeat Sri Lankan migrant domestic worker to the Middle East, Gampaha, Sri Lanka, Nobyembre 8, 2006

Malaki ang impluwensiya ng mababang katayuan ng kababaihan at kadalagahan sa kanilang pagkakaroon ng pagkakataon sa edukasyon at trabaho. Ito rin ang

---

[13] Panayam ng Human Rights Watch kay Fawzi Al-Dahan, general manager, Manpower Planning Department, Ministry of Labor, Riyadh, Marso 10, 2008.

[14] Nakapagtala ang embahada ng Indonesia sa Riyadh ng 626,895 na mga manggagawang Indonesian noong 2007, at 96 porsiyento nito ay mga domestic worker at drayber. Pero nakapgtala naman ang Saudi labor department ng 980,000 ng kabuuang bilang ng manggagawang Indonesian. Panayam ng Human Rights Watch kay Sukamto Jalavadi, labor attaché, embahada ng Indonesia, Riyadh, Marso 2008.

[15] Sri Lanka Bureau of Foreign Employment, "Estimated Stock of Sri Lankan Overseas Contract Workers by Country 2006."

[16] Panayam ng Human Rights Watch sa grupo ng mga opisyal ng embahada ng Pilipinas, Riyadh, Marso 2008

[17] Panayam ng Human Rights Watch sa mga opisyal ng embahada ng mga labor-sending na bansa, Disyembre 2006 at Marso 2008.

nagtutulak sa marami na mangibang bayan upang mabuhay. Magkakaiba ang rekord ng mga gobyerno ng mga bansang Indonesia, Pilipinas at Sri Lanka sa pagbibigay proteksyon sa karapatan ng kababaihan. Patuloy na nagiging mabigat na problema sa mga nasabing bansa ang diskriminasyong nakabatay sa kasarian at karahasan.[18] Dahil nahaharap sa kahirapan at kawalan ng hanapbuhay sa sarili nilang bansa, napipilitan ang mga kababaihan sa Indonesia, Pilipinas, Sri Lanka, at ibang nagpapadalang bansa na humanap ng trabaho sa ibang bayan.

Malaki ang pagkakaiba ng katayuan ng kababaihan sa loob at sa pagitan ng tatlong bansa. Nitong mga nakaraang dekada ay nakaranas na ng pag-unlad ang tatlong bansa. Ang masiglang kilusan ng *women's rights* ay nagpataas ng kamalayan, nagtulak ng pagbibigay ng serbisyong pangsuporta, at nanganak ng reporma sa mga patakarang nakatutok sa karahasan at diskriminasyong nakabatay sa kasarian. Dramatiko ang naging pagtaas ng bilang ng kabataang babaeng nag-aaral. Halos pareho na ang bilang ng kabataang lalaki at babae na nasa mga paaralang *primary* at *secondary*[19] sa tatlong bansa.

Nangyayari ang karahasan laban sa kababaihan at kadalagahan sa tatlong bansa. Ibat-iba ang kanilang porma, kasama ang karahasan sa loob ng bahay, *trafficking,* at karahasang sexual. Ilang salik ang nagiging balakid sa paghahanap ng bayad-pinsala sa pamamagitan ng *criminal justice system* sa Indonesia, Sri Lanka, at Pilipinas. Karaniwang kulang sa kasanayan ang mga alagad ng batas upang humawak ng mga kaso ng karahasang batay sa kasarian, at pamamaraan sa pagkalap ng ebidensya. Karaniwang hindi na nagrereklamo ang mga biktima dahil sa kahihiyan, takot na sila ay gantihan, o kawalan ng impormasyon tungkol sa kanilang karapatan.

---

[18] Para sa bansa-bansang pagsusuri ng mga pagyurak sa karapatan ng mga kababaihan at kaugnay na reporma sa gobyerno, tingnan sa http://www.un.org/womenwatch/daw/cedaw/reports.htm. Ang site na ito ay naglalaman ng mga submission sa Committee on the Elimination of Discrimination against Women (CEDAW Committee) at sa Committee's concluding observations. Ang CEDAW Committee, na binubuo ng mga independiyenteng dalubhasa, ang sumusubaybay sa Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination against Women (CEDAW), G.A. res. 34/180, 34 U.N. GAOR Supp. (No. 46) at 193, U.N. Doc. A/34/46, na ipinatupad noong Setyembre 3, 1981.

[19] World Bank, "Gender Stats: database of gender statistics," regular na binabago, http://devdata.worldbank.org/genderstats/home.asp (binuksan noong Agosto 20, 2007).

Lumalabas pa rin ang di pagkakapantay ng mga kasarian sa larangan ng *higher education*, partisipasyon sa *labor force*, at sa kakayanang kumita[20] Ang karaniwang kita ng mga kababaihan ay 41-61 porsiyento lamang ng karaniwang kita ng kalalakihan, na ipinapakita sa Table 1 sa ibaba.

Makikita sa ilang salik ang matingkad na pagkakaiba sa kita ng kababaihan at kalalakihan, kasama ang pagkaipon ng kababaihan sa mga di-gaanong kontroladong industriya. Dagdag pa rito ay ang pagharap ng kababaihan sa mga balakid na pang-sosyal at *cultural* sa mga industriyang mataas ang pasahod at kalalakihan ang nangingibabaw. Ang kawalan ng interes ng gobyerno at pribadong sector na magbigay ng murang pangangalaga sa mga sanggol, benepisyo sa panganganak, polisiya sa *sexual harassment*, at proteksyon laban sa diskriminasyon sa kababaihan sa pagkuha sa trabaho ay nakakaapekto rin sa paglahok ng kababaihan sa labor force at kakayanan nilang kumita.

Table 1: Tinatayang Kita ng Kalalakihan at Kababaihan noong 2005[21]

Bansa	Kita ng Babae ($)	Kita ng Lalake ($)	Ratio ng Kita ng Babae sa Kita ng Lalake (%)
Indonesia	2,410	5,280	46
Philippines	3,883	6,375	61
Sri Lanka	2,647	6,479	41

Ilan sa babaeng nakapanayam ng Human Rights Watch ay nangibang bayan upang humanap ng bagong karanasan at pakikipagsapalaran. Marami naman sa kanila ang nagsabing nangibang bayan sila dahil sa kawalan ng pag-asa, hindi dahil sa malayang pagpili. Si Chandrika M., isang 45-taong-gulang na babaeng Sri Lankan na naghahandang magbiyahe sa ika-siyam na ulit ay nagsabing:

[20] Ibid.

[21] Ang 2005 ang may pinakabagong datos na may mapaghahambingang datos. United Nations Development Programme (UNDP), "Human Development Report 2007/2008, Fighting climate change: Human solidarity in a divided world," November 27, 2007, http://hdrstats.undp.org/indicators/ (binuksan noong Abril 9, 2008). Ayon sa UNDP, ang tayang kita ay nanggagaling sa ratio ng non-agricultural wage ng kababaihan sa non-agricultural wage ng kalalakihan, ang kabahagi ng kalalakihan at kababaihan sa populasyon ng mga aktibo sa ekonomiya, kabuuang populsayon ng kababaihan at kalalakihan, at GDP per capita (PPP $).

> Nagdurugo ang aking puso. Kapag naaalala ko ang anak kong babae, naiisip ko kalokohan ang mangibang bayan… Kung malulutas ko ang problema namin sa pera sa biyaheng ito, hindi na ako aalis muli… Wala kaming magagawa kundi mangibang bayan kung wala kaming pera. Dapat wakasan na ng gobyerno ang kahirapang ito.[22]

Sabi naman ni Yuniarti, isang migranteng mula sa Indonesia: " Sana hindi na kailangan ng susunod na henerasyong pumunta rito sa Saudi Arabia. Sana pumunta na lang sila rito para sa pilgrimage… Dapat magbigay (ang gobyerno) ng trabaho sa Indonesia."[23] Ilan sa mga nakapanayam ng Human Rights Watch ang nangibang bayan upang makatakas sa karahasan sa loob ng bahay.

Mas karaniwan na nangingibang bayan ang mga domestic worker upang tustusan ang pag-aaral ng kanilang mga nakababatang kapatid o kanilang mga anak, makapagpatayo o magpaayos ng bahay, kumita ng pera para sa pang-araw-araw na pangangailangan, makabayad ng utang na ginamit sa pagpapagamot o sa naluging negosyo. Sinabi halimbawa ni Farzana M., isang migranteng Sri Lankan, "Kinailangan ko ng pera para mabawi ang bahay namin. Nagkautang kami ng Rs. 70,000 [$625] na dapat bayaran. Gusto ng asawa ko na pumunta ako sa Saudi Arabia. Sabi niya, 'Mababawi natin ang bahay kung kikita ka ng sapat.' Pumunta ako rito para mabayaran ang utang namin, wala nang ibang paraan."[24]

Napaiyak naman si Adelina Y. nang ikuwento niya sa Human Rights Watch, "Single mother ako at gusto kong mapag-aral ang aking mga anak at tulungan ang aking pamilya. Pumunta ako rito [sa Saudi Arabia] dahil gusto kong magkapera, pero hindi ito naging maganda para sa akin."[25] Si Hermanthi J. naman ay pinilit ng kanyang asawa na mangibang bayan. Sabi niya, "Ayokong pumunta sa Saudi Arabia, pero

---

[22] Panayam ng Human Rights Watch kay Chandrika M., domestic worker na Sri Lankan, Kurunegala, Sri Lanka, Nobyembre 4, 2006.

[23] Panayam ng Human Rights Watch kay Yuniarti, domestic worker na Indonesian, Jeddah, Saudi Arabia, Disyembre 8, 2006.

[24] Panayam ng Human Rights Watch kay Farzana M., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

[25] Panayam ng Human Rights Watch kay Adelina Y., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006.

pinilit ako ng aking asawa… Sabi niya, 'Mangibang bayan ka at kumita ng pera para magkaron tayo ng sariling bahay.'"[26]

Sa ilang kaso, kahit na ang mga babaeng mataas ang pinag-aralan ay hirap kumita ng sapat na pera sa bayan nila at napilitang maging domestic worker sa ibang bayan para matugunan ang mga bayaran. Sabi ni Marilou R., domestic worker na Pilipina na hindi sinahuran ng amo, "Tapos ako ng BS [Bachelor of Science] in Agriculture at Crop Science. Naging technician ako sa Mindanao. Oo, nagustuhan ko dahil kumita ako ng 5,000 piso [$107]. Nangibang bayan ako dahil sa pamangkin ko na may sakit sa puso. Kailangan namin ng 10,000 piso [$214] para sa mga gamot niya."[27]

Maraming kababaihan ang may nakakausap na mga umuwing migrante na nagtagumpay na kumita sa pagtatrabaho sa ibang bansa. Inihahambing nila ang kanilang kita sa kanilang sariling bayan sa puwede nilang kitain sa ibang bansa. Sa isang kaso, sinabi ni Krishna S., "Sa palagay ko mas magandang magtrabaho sa *abroad* [kesa magtrabaho sa taniman ng tsaa] kasi kikita ako ng 20,000 rupees [$179] sa loob ng dalawang buwan. Pero kung sa taniman ng tsaa ako magtratrabaho, may bawas pa, at kikita lamang ako ng 2,000-3,000 rupees [$18-27]."[28]

Nagpapasya ang mga kababaihan na mangibang bayan hindi isa, kundi maraming beses. Dahil sa pagharap sa patuloy na problema sa pera, nahihirapan ang maraming migrante at kanilang pamilya na makaipon. Matapos ang dalawang-taong kontrata, haharap pa rin ang mga kababaihan sa parehong gastusin na siyang nagtulak sa kanila na mangibang bayan. May nakapanayam ang Human Rights Watch na mga kababaihang labing-apat (14) na beses nang nangibang bayan bilang domestic worker. Sabi ni Krishna S., "Nakabili ako ng radyo at telebisyon, nakapagpadala ng pera sa pamilya ko para sa gastusin nila araw-araw tulad ng pagkain at pag-aalaga sa anak kong babae, at nakabili ako ng gintong alahas.

[26] Panayam ng Human Rights Watch kay Hemanthi J., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 14, 2006.

[27] Panayam ng Human Rights Watch kay Marilou R., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 10, 2006.

[28] Panayam ng Human Rights Watch kay Krishnan S., domestic worker na Sri Lankan, Maskeliya, Sri Lanka, Nobyembre 13, 2006.

Ngayon apat na ang pinapakain ko at ako ang nagbabayad ng kuryente. Kaya balak ko uling umalis pagkatapos kong manganak."[29]

Mas detalyadong tatalakayin sa mga susunod na bahagi ang mga kababaihan at kadalagahan na napupunta sa ibang bansa dahil sa panloloko at pamimilit – mga kasong maituturing na *trafficking*.

Katayuan ng Kababaihan sa Saudi Arabia

Karaniwang mas nakikinabang sa kanilang karapatan at kalayaan ang mga babae sa Indonesia, Pilipinas, at Sri Lanka sa kanilang sariling bayan kumpara kung nagtatrabaho sila sa mga amo sa Saudi Arabia. Hindi pamilyar at nagugulat ang mga migranteng kababaihan sa mga pagbabawal sa pananamit, kalayaan sa paggalaw, pakikihalubilo sa ibang lalake, at kalayaan sa pagsamba. Halimbawa, sinabi ni Journey L., "Iniwan mo ang iyong mga mahal sa buhay upang kumita ng pera para mabuhay… Tapos pagdating mo rito, magugulat ka sa kultura. Galing ka sa isang malayang bansa… tapos dito hindi ka pwedeng makipagusap sa mga lalaki. Kailangang magsuot ka ng *abaya,* pero hindi ka kaagad masasanay. Kailangang isuot mo ito palagi kahit nagmamadali ka. Delikado rin na maglakad mag-isa."[30]

Pinipigil ng sistematikong diskriminasyon ang pantay na karapatan ng mga kababaihang Saudi sa trabaho, kagalingan sa kalusugan, *public participation*, pagkakapantay sa ilalim ng batas, at iba pang karapatan. Nasa ika-92 ang Saudi Arabia sa 93 bansa na tinasa ng United Nations sa usapin ng *gender empowerment* – isang *indicator* na naipapakita sa paglahok ng kababaihan sa larangan ng ekonomiya at politika.[31] Nakakaapekto ang mababa at di pantay na katayuan ng mga kababaihang Saudi sa karapatan at pagtrato sa kababaihang domestic worker. Pinapalala pa ng mahigpit na paghihiwalay sa kasarian ang pagkabukod at pagkakakulong ng mga domestic worker sa lugar na pinagtatrabahuan.

---

[29] **Ibid.**

[30] **Panayam ng Human Rights Watch kay Journey L., domestic worker na Pilipina, Riyadh, Marso 12, 2008.**

[31] **UNDP, "Human Development Report 2007/2008." Ang panukalang magbibigay kapangyarihan sa kababaihan ay pinaghalong indikasyon na naglalarawan sa hindi pagkakapantay ng mga kasarian sa tatlong larangan: ang lawak ng partisipasyon ng kababaihan sa pulitika, partisipasyon sa ekonomiya, at kapangyarihan sa kayamanang pang-ekonomiya.**

Mahigpit na itinatakda ng polisiya ng gobyerno at panlipunang gawi ang pagkuha ng kababaihan mula sa kanilang *sponsor* ng permiso para makapagtrabaho, mag-aral, tumanggap ng benepisyong pangkalusugan, o makinabang sa iba pang serbisyo publiko. Mahigpit ang gobyerno sa pagpapatupad ng paghihiwalay ng mga kasarian, kasama rito ang paggamit sa *muttawa'* (religious police). Karamihan ng mga opisina, restaurant, shopping malls, at pribadong bahay ang may hiwalay na puwesto para sa mga lalaki at babae.

Hinaharap ng mga babaeng Saudi ang mga balakid sa bayad-pinsala sa pamamagitan ng *criminal justice system*. Dahil sa umiiral na pagbukod sa kasarian, karaniwang atubili ang mga babaeng Saudi na pumasok sa mga prisinto, dahil lahat ng pulis ay lalaki. Kasong kriminal sa Saudi ang pagkikita ng mga walang asawang lalaki at babae, at nailalagay nito ang mga biktima ng panggagahasa na mausig sa kasong pakikisalamuha sa lalaki o sa *extramarital sexual relation* kung hiindi nila matutugunan ang mahigpit na pamantayan sa paglatag ng ebidensiya para patunayan ang panggagahasa. Sa bantog na kaso ng Qatif, hindi lamang hinatulan ng korte ang isang biktima ng *gang-rape* sa kasong iligal na pakikisalamuha at sinisi sa paglabas ng nag-iisa, kundi dinoble pa ang sintensiya sa kanya na naging anim na taong pagkakulong at 200 hagupit dahil sa paglapit sa media..[32] Pinatawad ni King Abdullah ang nasabing dalaga matapos ang ingay na umalingawngaw mula sa ibang bansa.

Sa 2008 Human Rights Watch na ulat, *"Perpetual Minors: Human Rights Abuses Stemming from Male Guardianship and Sex Segregation in Saudi Arabia,"* mas detalyadong tinalakay dito ang paglabag sa karapatan ng kababaihan at ang sistemang *male guardianship* sa mga nasa-edad na kababaihan. [33]

---

[32] **"Saudi Arabia: Rape Victim Punished for Speaking Out," news release ng Human Rights Watch, Nobyembre 17, 2007, http://hrw.org/english/docs/2007/11/16/saudia17363.htm; "Saudi Arabia: Ministry of Justice should Stop Targeting Rape Victim," news release ng Human Rights Watch, Nobyembre 29, 2007, http://hrw.org/english/docs/2007/11/28/saudia17433.htm.**

[33] **Human Rights Watch, Perpetual Minors: Human Rights Abuses Stemming from Male Guardianship and Sex Segregation in Saudi Arabia, 1-56432-307-2, April 2008, http://hrw.org/reports/2008/saudiarabia0408/.**

Lawak ng Pang-aabuso

> *Aaminin ko na maraming paglabag sa karapatan at di-makataong pagtrato ang nangyayari. Magsisinungaling ako kung sasabihin kong alam ko ang bilang ng mga kaso. Ang alam ko lang ay pinaparusahan ang mga dumarating sa aming kaso.*
>
> —Dr. Ghazi al-Qusaibi, ministro ng paggawa, Riyadh, Disyembre 3, 2006

> *Hindi malinaw ang mga kontrata, walang kuwenta at manloloko ang mga agent sa KSA [Saudi Arabia]... Parang alipin ang trato ng ibang amo sa mga domestic workes, ang iba naman ay parang bahagi ng pamilya ang trato. Kailangang harapin natin ang kalagayang ito.*
>
> —Dr. Abd al-Muhsin al-`Akkas, ministro ng social affairs, Riyadh, Disyembre 2, 2006

Sa mga panayam ng Human Rights Watch at mga pahayagan, naninindigan ang mga opisyal ng Saudi Ministries of Labor at Social Affairs na maraming mga amo ang maayos ang trato sa kanilang mga domestic worker, na para na ring bahagi ng pamilya. Maliit lamang daw na bilang ng domestic worker ang inaabuso at maayos ang paghawak ng korte sa mga kasong ito. Sabi ng isang opisyal ng labor, "Hindi pangkaraniwan ang tortyur... Maayos ang paghawak sa karamihan ng mga kaso. Meron sigurong isang kaso ng pagpatay at isang kaso ng pambubugbog, pero hindi ito ang pinakamarami."[34]

Mahirap tantiyahin ang paglaganap ng pang-aabuso, at malamang konti lamang ang naiuulat dahil sa pagkabukod ng mga domestic worker sa mga pribadong bahay, kapangyarihan ng mga amo na pauwiin agad ang mga domestic worker bago pa makahingi ng tulong ang mga ito, at sa mga pinapayagan ng korte at lipunan na pang-aabuso tulad ng pagpigil sa pagkilos at sobrang haba ng oras ng trabaho. May nakapanayam sa kanilang bansa ang Human Rights Watch

[34] **Panayam ng Human Rights Watch kay Fawzi Al-Dahan, Marso 10, 2008.**

na mga migrant worker na dumanas ng pang-aabuso subalit hindi nagkaroon ng pagkakataon na humingi ng tulong.[35] Ginawa ang panayam sa kanilang mga sariling bansa. Ang mga ganitong kaso ay dokumentado rin sa mga bansang pinagmulan ng mga *state foreign employment departments, nongovernmental organizations*, at local na mamamahayag.

Kahit walang datos na tatantiya sa eksaktong bilang ng domestic worker na inabuso, pinapahiwatig naman ng mga lumalabas na impormasyon ang tindi ng problema. Ang pinaka-karaniwang uri ng mga pang-aabuso ay iyong pinapayagan ng lipunan at mga hindi napapangasiwaan. Halimbawa, kahit iyong mga domestic worker na nagsasabing "masaya" sila sa kanilang trabaho ay posibleng kunin ng mga amo ang kanilang pasaporte, papagtrabahuin ng sobra at walang pahinga, at hindi bayaran sa *overtime*. Kailangan ng mas malalim na pagsasaliksik upang matukoy ang kalaganapan ng ganitong tipo ng kalagayan sa paggawa. Subalit ipinapakita ng mga nakukuhang impormasyon na ito ay laganap na.

Dahil sa klase ng umiiral na ligal na balangkas, iyon lamang mga kapansin-pansin na kaso tulad ng hindi pagpapasahod, pananakit, sexual na pang-aabuso o *harassment*, o problema sa *immigration* ang nakakaabot sa mag awtoridad. Walang makuhang maaasahang pagtantiya ang Human Rights Watch kung gaano karaming kaso ang hinahawakan ng Saudi Ministry of Social Affairs. Pero may pinapatakbong shelter sa Riyadh ang nasabing ahensiya. Ilang libong kaso ng domestic worker ang pinoproseso taun-taon ng shelter. Pag-uusapan ito sa dakong dulo ng ulat na ito.

Iniulat ng embahada ng Indonesia sa Riyadh na humawak ito ng 3,687 na reklamo noong 2006 at 3,428 noong 2007.[36] Hiwalay pa ito sa ulat ng konsulado sa Jeddah na humahawak ng 20 reklamo bawat araw.[37] Ang embahada naman ng Sri Lanka sa Riyadh ay humahawak ng 200-300 kaso bawat buwan at nagproseso at nagpauwi ng 606 na domestic worker mula Enero 1-Marso 11, 2008.[38] Ang shelter sa Riyadh para

[35] Malinaw ang pagtampok ng ulat na ito sa mga panayam na ginawa ng Human Rights Watch sa Sri Lanka, subalit ang mga kabuuang resulta ay sumasalamin din sa mga panayam na ginawa sa Indonesia noong mayo 2006.

[36] Panayam ng Human Rights Watch kay Sukamto Jalavadi, labor attaché, Embahada ng Indonesia, Riyadh, Marso 2008.

[37] Panayam ng Human Rights Watch kay Winardi Hanafi Lucky, vice consul, Konsulado ng Indonesia, Jeddah, Disyembre 2006.

[38] Panayam ng Human Rights Watch kay N.L.D. Abeyratne, counselor, Embahada ng Sri Lanka, Riyadh, Marso 2008.

sa mga Pilipinang domestic worker ay nangalaga ng 1,129 kababaihan noong 2007. At ang embahada ng Nepal, na kakaunti ang bilang ng mga domestic worker, ay humawak ng 94 kaso mula Agosto 2007 hanggang Marso 2008.[39]

[39] Panayam ng Human Rights Watch kina Rustico S.M. Dela Fuente, labor attaché, Embahada ng Pilipinas, Riyadh, Marso 2008, at Prakash Kumar, deputy chief of mission, Embahada ng Nepal, Marso 2008.

IV. Ligal na Balangkas para sa Migrant Domestic Workers

Hindi pasado sa mga pandaigdigang pamantayan ang sistemang panghustisya ng Saudi Arabia. Naglalagay din ito ng mabigat na balakid sa mga domestic worker. Ibinubukod ng mga batas paggawa doon ang mga domestic worker sa mga susing proteksiyon at inilalagay sila ng patakaran sa *immigration* sa panganib sa pamamagitan ng mahigpit na sistemang *kafala* (sistema ng sponsorship). Maaaring may patakaran ang mga *labor-sending* na bansa na nagtatakda ng pinakamababang pamantayaan (*minimum standards*) para sa kanilang mga manggagawa na nasa ibang bansa. Ngunit ni isa sa mga bansang Pilipinas, Indonesia, at Sri Lanka ay wala pang naisarang bilateral na kasunduan sa paggawa sa Saudi Arabia para sa mga domestic worker.

Ginagamit ng Saudi Arabia ang interpretasyon nito ng *Sharia (Islamic Law)* bilang pangunahing ligal na balangkas. Ang kawalan ng *codified system ng Sharia laws at rules of precendent* ang dahilan kung bakit may sapat na espasyo ang gobyerno at hukuman para magkaroon ng ibang interpretasyon ng batas, at pahinain ang prinsipyo ng pagkakapantay-pantay sa ilalim ng batas.[40] Para sa mas detalyadong pagsusuri ng marayang paglilitis, paglabag sa *due process*, at pagtrato sa mga bata sa ilalim ng sistema ng hustisyang pangkriminal, tingnan ang mga ulat ng Human Rights Watch na lumabas noong Marso 2008: *"Precarious Justice: Arbitrary Detention at Unfair Trials in the Deficient Criminal Justice System of Saudi Arabia" and "Adults Before Their Time: Children in Saudi Arabia's Justice System."*[41]

Sinimulan kamakailan ng Saudi Arabia ang pagpapalabas ng batas pang-administrasyon. Inumpisahan ni King Fahd noong 1992 ang Basic Law, isang *proto-*

---

[40] Sinusunod ng Saudi Arabia ang Hanbali *school of jurisprudence.* Karaniwang sinusunod ng mga Sunni Muslim ang isa sa apat na *school of thought*, na kinuha ang pangalan sa mga iskolar na nagtayo ng mga ito, Shafi'i, Hanafi, Maliki, or Hanbali. Hindi ginagamit ng Hanbalis ang mga *precedents o derivative sources* ng batas o *scholarly consensus* (*ijma'*) sa paghusga sa anumang isyu. Ang ibang *schools of thought* ay nagbibigay ng *jima'* ang *force of legally binding opinion.* Sa halip, pinipili ng mga Hanbali jurists na gumamit ng kanilang *original legal reasoning* (*ijtihad*)

sa Quran at Sunna upang pagkuhanan ng kapasyahan sa mga kaso.

[41] Human Rights Watch, Precarious Justice: Arbitrary Detention and Unfair Trials in the Deficient Criminal Justice System of Saudi Arabia, vol. 20, no. 3(E), March 2008, http://hrw.org/reports/2008/saudijustice0308/, and Adults Before Their Time: Children in Saudi Arabia's Justice System, vol. 20, no. 4(E), Marso 2008, http://hrw.org/reports/2008/saudicrd0308/.

constitution na nagtakdang ang Saudi Arabia ay isang monarkiyang Islamiko. Ang konstitusyon nito ay binubuo ng Koran at ang Sunna (mga tradisyon ng Propetang si Muhammad).[42] Simula noong 1992 ay bumuo ang gobyerno ng mga bagong batas upang punuan ang mga puwang na iniwan ng Basic Law. Kasama rito ang *Civil Procedure Code* noong 2000 at ang *Criminal Procedure Code* noong 2002.

Hindi Pagsama sa mga Batas Paggawa

Sinusugan ng Saudi Arabia ang Labor Law nito sa pamamagitan ng Royal Decree No. M/51 noong September 27, 2005.[43] Hindi saklaw ng mga probisyon nito ang mga domestic worker, kung saan nawawalan sila ng proteksyon na garantisado para sa ibang manggagawa.[44] Kasama sa mga proteksyong ito ang limitasyon sa haba ng oras ng pagtatrabaho, paghihigpit sa pagbawas sa sahod, pagbibigay ng araw ng pahinga, at mekanismo sa pagresolba ng mga sigalot sa paggawa.

Iminungkahi ng gobyernong Saudi ang paglabas ng annex sa Labor Law upang harapin ang usapin ng mga domestic worker. Ayon sa isang memorandum na binigay ng Ministry of Labor sa mga tagasaliksik ng Human Rights Watch, binubuo ang borador ng *annex for domestic workers* ng 49 na artikulo na sumasakop sa depinisyon ng paggawa, tungkulin ng amo, tungkulin ng domestic worker, kontrata sa paggawa, *end of service award*, oras ng pagtatrabaho at pagliban, at mga paglabag sa kontrata. Sinasabi ng memo ng Ministry of Labor na dapat bayaran ng mga amo ang lahat ng *recruitment fees*, tratuhin ng may respeto ang manggagawa, magpapasahod sa tamang araw, magbigay ng maayos na akomodasyon tulad ng pribadong kuwarto na may banyo at *furnishing*, at magbigay ng pag-aarugang medikal. Bukod pa rito, hihingi ang bagong annex ng kontrata na may pirmihang termino at dokumentado, at probisyon para sa *overtime pay*.[45]

---

[42] Isinabatas din ng hari ang Law of the Provinces na nagtakda ng hatian ng kapangyarihan sa pagitan ng mga lalawigan at ng central government. Sa kasalukuyan, lahat ng governador ng mga lalawigan ay mga royal princes. Ang pangatlong administrative law ay patungkol sa Majlis al-Shura (Advisory Council). Hinirang ng hari ang 60 miyembro nito (150 na ngayon) na maaaring "mag-aral" o "magbigay-pakahulugan," ngunit hindi magpasimula, ng lehislasyon.

[43] Saudi Arabia Labor Law, Royal Decree No. M/51, Setyembre 27, 2005, Part VI.

[44] Ibid., Part I, Chapter Two, Art. 7(2).

[45] Deputy Ministry for Planning and Development, Ministry of Labour, "A Short Note on the Draft of the Regulation for the Employment of 'Domestic Helpers and the Like,'" ibinigay na kopya sa Human Rights Watch, Disyembre 3, 2006. Panayam ng Human Rights Watch kay Fawzi Al-Dahan, Marso 9, 2008.

Ang mga pagbabagong ito ay magsasakatawan ng dramatikong pagbabago sa kasalukuyang mga patakaran at sasalamin sa pagkilala na "dapat tratuhin ng amo ang empleyado bilang tao."[46] Subalit hindi malinaw kung pareho ang ibibigay na proteksyon ng annex sa mga domestic worker kumpara sa tinatamasa ng ibang manggagawa sa Saudi Arabia, o kung magpapatuloy pa ang mga particular na pagbukod sa mga domestic worker. Halimbawa, inilalaaan ng kasalukuyang borador ang maksimum na 12 oras ng trabaho bawat araw o 72 oras sa isang linggo para sa mga domestic worker, kumpara sa 48 oras bawat linggo sa ibang manggagawa.[47] Dagdag pa rito, hindi nilinaw ng mga awtoridad ng Saudi kung paano ipapatupad ang mga karapatan at tungkulin na nakalista sa annex -- halimbawa, kung mga labor courts ang magiging pangunahing mekanismo tulad sa ibang kategorya ng paggawa.

Ang Sistemang Kafala

Nalalagay sa panganib ang mga domestic worker hindi lamang dahil sa pagkabukod nila sa batas paggawa, kundi dahil rin sa napakahigpit na *immigration policies* na nakaasa sa visa na batay sa pag-isponsor ng amo. Nagpatupad ang Saudi Arabii ng mga patakaran para tumaas ang bahagi ng lakas paggawa ng Saudi, na hanggang ngayon ay bigo pa rin. Tinangka ng patakarang *Saudi-zation* na limitahan at kontrolin ang bilang ng mga dayuhang manggagawa at ang kanilang pagkakapamahagi sa ibat-ibang sektor ng ekonomiya. Isang pangunahing stratehiya ang *kafala*, o sistemang *visa-sponsorship*, kung saan ang visa at ligal na katayuan ng manggagawa ay nakatali sa kanyang amo. Niluluwal ng sistemang ito ang malalim na pagkakalayo ng kapangyarihan sa pagitan ng mga amo at manggagawa at nagtatakda ng mahigpit na limitasyon sa karapatan ng mga migranteng manggagawa.

Maraming migranteng manggagawa ang dumarating sa Saudi Arabia tangan ang dalawang-taong kontrata kung saan nakatali ang kanilang visa sa kanilang amo, o "*sponsor*". Sinasagot ng amo ang responsibilidad sa *recruitment fee* ng manggagawa, pagkumpleto ng *medical exams*, at pagkuha ng *iqama*, o *national identity card*. Dapat kumuha ang manggagawa ng basbas ng kanyang *sponsor* para

[46] Panayam ng Human Rights Watch kay Fawzi Al-Dahan, Marso 9, 2008.

[47] Ibid.

makalipat sa ibang trabaho o umalis sa naturang bansa (kumuha ng "*exit visa*"). Binibigyan nito ang amo ng labis na kapangyarihan laban sa karapatan ng manggagawa na lumipat ng trabaho o umuwi sa sariling bansa.

Gaya ng tatalakayin sa kalaunan ng ulat na ito, ilang abusadong amo ang nagsasamantala sa sistemang *kafala* at pinipilit ang mga domestic worker na patuloy na magtrabaho kahit labag sa kanilang kalooban at pinagbabawalang umuwi sa sariling bansa. Ang ligal na balakld na ito, na maaaring magresulta sa di-makatwiran at di makatarungang pagkakait ng karapatan sa mga domestic worker na iwanan ang Saudi Arabia at umuwi sa sariling bayan, ay malinaw na salungat sa *article 13 ng Universal Declaration of Human Rights (UDHR)*, na nagtatakda ng karapatan sa pagkilos at karapatang umuwi sa sariling bayan.[48] Dagdag pa sa ligal na batayan nito sa ilalim ng batas tratado,[49] ang karapatang umuwi sa sariling bayan ay kinikilala na isang pamantayan ng *customary international law.*[50]

Ipinaalam ng Saudi Ministry of Labor at ng Saudi Human Rights Commission sa Human Rights Watch na dumadaan ngayon sa pagrepaso ang sistemang *sponsorship*, at pinag-aaralan na ang mga alternatibo.[51] Isang mungkahi ay ang pagbuo ng tatlo hanggang apat na malalaking *recruitment agencies* na tatayo bilang mga *sponsor* ng lahat ng migrant workers sa Saudi Arabia. Haharapin umano ng mungkahing ito ang isyu ng kontrol ng mga amo sa manggagawa kapag amo ang tumatayong *immigration sponsor*.

Ayon kay Saudi Minister of Labor, Dr. Ghazi al-Qusaibi,

---

[48] Universal Declaration of Human Rights (UDHR), pinagtibay noong Disyembre 10, 1948, G.A. Res. 217A(III), U.N. Doc. A/810 at 71 (1948). .

[49] Tingnan, halimbawa, ang International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR), na pinagtibay noong Disyembre 16, 1966, G.A. Res. 2200A (XXI), 21 U.N. GAOR Supp. (No. 16) at 52, U.N. Doc. A/6316 (1966), 999 U.N.T.S. 171, ipinatupad noong Marso 23, 1976, art. 12. Pinoprotektahan din ng Migrant Workers Convention ang karapatan ng mga migrante na pumasok sa bansang pinagmulan. International Convention on the Protection of the Rights of All Migrant Workers and Members of Their Families (Migrant Workers Convention), pinagtibay noong Disyembre 18, 1990, G.A. Res. 45/158, annex, 45 U.N. GAOR Supp. (No. 49A) at 262, U.N. Doc. A/45/49 (1990), ipinatupad noong Hulyo July 1, 2003, art. 8. Hindi kalahok ang Saudi Arabia sa anuman sa dalawang convention.

[50] Tingnan sa "Current Trends in the Right to Leave and Return," U.N. Doc. E/CN.4/Sub.2/1985.

[51] Panayam ng Human Rights Watch kay Fawzi Al-Dahan, Marso 10, 2008.

> Sa kasalukuyan ay mayroong 350 *recruiting labor agencies.* Maglalabas kami ng mga radikal na reporma na paliliitin ang bilang sa tatlong malalaking ahensiya, na gobyerno ang mamamahala ng ari-arian. Patuloy ang pagpapasara namin sa mga ahensiyang masasama, pero may mga bagong naglilitawan at pinapasara din namin ang mga ito… Gusto naming iatas na dapat ang mga ahente ay nakatuntong ng kolehiyo at may perang deposito. Maraming ahensiya ang may kakaunting pag-aari. Maliliit silang pagawaan na may isa o dalawang tauhan na nagtatrabaho doon. Lulusawin namin ang mga ito at magtatayo ng mga malaki at pribadong kumpanya na pamamahalaan ng gobyerno. [52]

Kung ang mungkahing ito ay umusad, ang mga *recruitment agencies* na ito ay magkakaroon ng napakalaking kapangyarihan at pera. Kailangan ng gobyerno na pamahalaan at subaybayan ng mahigpit ang mga ahensiyang ito, na may malinaw na pamantayan sa palakad at pagpapatakbo, parusa kung may kaso ng pang-aabuso, at probisyon para sa independiyente na pagsubaybay. Isang opisyal ng isang labor-sending na bansa ang nagsabing may parehong sistema na pinaiiral sa Kuwait, pero hindi maganda ang resulta. Sabi niya, "Merong hindi magandang aspeto. Nawawala ang isang dalaga sa sistema ng ahensiya. Ibabalik siya ng *sponsor* sa ahensiya at ilalagay siya ng ahensiya sa ibang trabaho…. Bakit interesado ang mga ahensiya sa ganitong mungkahi? Dahil may malaking populasyon ng mga taga-ibang bansa na mataas ang suweldo. Gusto ng mga ahensiya na pakinabangan ang nasabing merkado."[53]

Kontrata sa Empleyo at Paraan ng Pag-recruit

Dahil sa kawalan ng proteksyon sa ilalaim ng batas paggawa, kontrata sa empleyo ang ginagamit na pangunahing mekanismo sa paglatag ng karapatan at obligasyon ng mga amo at manggagawa. Ang mga gawi sa pag-recruit, tulad ng paunang bayad

[52] Panayam ng Human Rights Watch kay Dr. Ghazi al-Qusaibi, minister of labor, Riyadh, Disyembre 3, 2006.

[53] Panayam ng Human Rights Watch kay J., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 10, 2008.

.

na sinisingil sa amo at bayad sa tiket na pauwi ng domestic worker, ay nagtatakda rin ng ilang pinansiyal na obligasyon at insentibo.

Karaniwang itinatakda ng kontrata sa empleyo ang buwanang sahod ng migrant worker, dalawang-taong haba ng pag-empleyo, at ang tungkulin ng amo na pakainin ang domestic worker at bigyan ng matutulugan dagdag sa sahod nito. Karaniwan ding itinatakda ng mga kontratang ito na makapagbakasyon ang migrant worker ng isang buwan bakasyon na may bayad tuwing dalawang taon. Maraming kahinaan ang mga kontratang ito. Bihirang meron ang mga itong mga partikular na impormasyon sa kalagayan ng paggawa tulad ng takdang oras ng pagtatrabaho at detalyadong paglalarawan ng magiging gawain. Ang mga kontratang ito ay walang mekanismo sa pagpapatupad tulad ng proteksyon sa ilalim ng batas paggawa. Tinatalakay sa susunod na pahina ang mga mapanlokong gawi sa *recruitment* at mga kalagayang iba ang laman ng kontratang pinirmahan ng manggagawa, sa aktuwal na kalagayan ng paggawa.

Iba-iba ang mga kasunduang inaayos ng mga *recruitment agencies* sa mga amo at domestic worker kaugnay ng pagbabayad sa tiket pauwi. Dapat bayaran ng mga amo ang tiket pauwi ng mga domestic worker kung nabuo ng mga ito ang dalawang-taong kontrata o sa mga kaso ng pagmaltrato. Kapag maagang hininto ng domestic worker ang kanyang kontrata, maaaring siya ang pagbayarin ng kanyang tiket pauwi. Maraming ahensiya sa mga labor-sending na bansa at sa Saudi Arabia ang nag-aalok ng panahon ng probasyon kung saan nagbibigay sila ng katulong na pamalit sa loob ng tatlong buwan kung magpasya ang sinuman sa amo o domestic worker na hindi maganda ang naging kasunduan. Sa mga ganitong kaso, maaaring bayaran ng *recruitment agencies* ang tiket pauwi ng domestic worker o ang paglipat sa ibang amo. Sa ibang kaso naman ay hindi tumutupad ang mga recruiter sa kanilang pangako.

Ang paunang bayad sa *recruitment fees* ay maaari ding makaimpluwensiya ng matindi sa relasyon at kundisyon sa paggawa. Mula 5,000-9,000 riyals ($1300-2300) ang sinisingil ng *recruitment agencies* sa mga amo sa pagkuha ng domestic worker. Kapag amo ang umako ng responsibilad sa unang bayad sa *recruitment fees*, makakaiwas ang domestic worker na magkautang ng malaki sa kanilang

pangingibang bayan. Kasabay nito, maraming amo ang mag-iisip na malaki ang pinuhunan nila at idinadahilan ang pauna nilang bayad upang bigyang-katwiran ang paghihigpit sa domestic worker, tulad ng pagkuha ng pasaporte, di pagpapasahod, at pagkukulong sa loob ng bahay, upang hindi ito makatakas.

Isang kritikal na larangan ng reporma ay ang proteksiyon ng karapatan ng mga domestic worker sa kalayaang gumalaw at disenteng kalagayan sa paggawa. Dagdag sa pagbabawal at pagpaparusa sa pang-aabuso, at pagmumulat sa mga amo na mas lalong mag-iisip ang mga domestic worker na tumakas dahil sa ganitong pagtrato sa kanila, dapat ding harapin ng gobyernong Saudi ang pag-aalala ng mga amo na wala namang nagawang pang-aabuso. Halimbawa ay ang pagpapasimula ng *insurance program* upang mabawi ang *recruitment fees* sa mga kaso na maagang nilalayasan ng mga domestic worker ang kanilang pinagtatrabahuan.

Mga Pandaigdigang Kasunduan

Dagdag sa kanyang local na sistemang ligal, sumang-ayon na rin ang Saudi Arabia sa limang pandaigdigang tratado sa karapatang pantao na nag-oobliga sa mga estado na wakasan ang diskriminasyong nakabatay sa lahi at kasarian, pangalagaan ang karapatan ng mga bata, ipagbawal ang tortyur, at pigilan ang *trafficking* ng mga tao.[54] Ang mga tungkuling nakasaad sa mga tratado ay nagtutulak sa Saudi Arabia na siguruhing ang sarili nitong mga patakaran ay pipigil sa mga kalagayang magluluwal ng *trafficking* at protektahan ang mga domestic worker laban sa diskriminasyon at nakakababang pagtrato.

Ayon sa mga opisyal ng Saudi, ang mga pandaigdigang tratadong ito ay awtomatikong isinasama sa kanilang lokal na batas. Bilang resulta, ang mga

[54] CEDAW, ni-ratipikahan ng Saudi Arabia noong Setyembre 7, 2000; International Convention on the Elimination of All Forms of Racial Discrimination (ICERD), pinagtibay noong Disyembre 21, 1965, G.A. Res. 2106 (XX), annex, 20 U.N. GAOR Supp. (No. 14) at 47, U.N. Doc. A/6014 (1966), 660 U.N.T.S. 195, ipinatupad noong Enero 4, 1969, sinang-ayunan ng Saudi Arabia noong Oktubre 23, 1997; Convention on the Rights of the Child (CRC), pinagtibay noong Nobyembre 20, 1989, G.A. Res. 44/25, annex, 44 U.N. GAOR Supp. (No. 49) at 167, U.N. Doc. A/44/49 (1989), ipinatupad noong Setyembre 2, 1990, sinang-ayunan ng Saudi Arabia noong Enero 26, 1996; Convention against Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment (Convention against Torture), pinagtibay noong Disyembre 10, 1984, G.A. res. 39/46, annex, 39 U.N. GAOR Supp. (No. 51) at 197, U.N. Doc. A/39/51 (1984), ipinatupad noong Hunyo 26, 1987, sinang-ayunan ng Saudi Arabia noong Setyembre 23, 1997; at Protocol to Prevent, Suppress and Punish Trafficking in Persons, Especially Women and Children, Supplementing the United Nations Convention Against Transnational Organized Crime (Trafficking Protocol), G.A. Res. 25, annex II, U.N. GAOR, 55th Sess. Supp. No. 49, at 60, U.N. Doc. A/45/49 (Vol. I) (2001), pinatupad noong Disyembre 25, 2003, sinang-ayunan ng Saudi Arabia noong Hulyo 20, 2007.

pandaigdigang pamantayang ito ay may pantay na katayuan sa lokal na batas at maaaring gamitin sa mga lokal na paglilitis ng korte.[55] Subalit naghapag ang Saudi Arabia ng malawak na reserbasyon sa mga nasabing tratado nang ito ay sumang-ayon. Sinabi nito na sa usapin ng *Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women (CEDAW)*, "Sa kaso ng salungatan sa pagitan ng anumang itinatakda ng nasabing *Convention* at ng pamantayan ng batas ng Islam, hindi obligado ang kaharian na tuparin ang mga salungat na itinatakda ng *Convention*." Ang mga pag-aalinlangan na sumasalungat sa layon at pakay ng isang tratado ay isang pagsuway dito at hindi katanggap-tanggap sapagkat pinawawalang-saysay ng mga ito ang isang batayang obligasyong pandaigdigan.[56]

Nilalampasan ng migrasyon ang mga pambansang hangganan, at ang *labor-sending* na bansa at tumatanggap ng manggagawa ay patuloy na umaasa sa mga bilateral na kasunduan sa paggawa o mga impormal na mekanismo upang bumuo ng mga *transnational* na patakaran sa *recruitment*. Nagpapasimula din ang mga labor-sending na bansa ng mga panukala sa pamamagitan ng mga patakaran sa *labor-emigration.* Halimbawa ay ang *Philippine Overseas Employment Administration (POEA)* na nag-utos na simula Disyembre 15, 2006, ang sahod ng mga domestic worker ay hindi bababa ng $400 kada buwan at hindi sila papayagang lumabas para magtrabaho kung hindi nila matatanggap ang minimum na sahod na ito.[57] Matapos galitin ng mga ulat ng pang-aabuso sa mga migranteng domestic worker, pinatigil ng Indonesia ang pagpapalabas ng mga domestic worker sa loob ng limang buwan noong 2005.[58]

Sa ibang kalagayan, nagkakasundo ang mga *recruitment associations* sa mga labor-sending at labor-receiving na mga bansa sa usapin ng takdang sahod para sa mga migrant worker. Subamit bihira nilang harapin ang ibang kalagayan sa empleyo.

---

[55] UN Committee on the Rights of the Child, "Summary Record of the 1114th Meeting (Chamber A)," U.N. Doc. CRC/C/SR.1114, Enero 30, 2006, http://www.unhchr.ch/tbs/doc.nsf/898586b1dc7b4043c1256a450044f331/eeebbc1b779d9c72c12571070058b061/$FILE/Go640238.pdf (binuksan noong Hulyo 26, 2007), para. 13.

[56] Tingnan ang Vienna Convention on the Law of Treaties, Mayo 23, 1969, ipinatupad noong Enero 27 1980, art. 19,. United Nations, Treaty Series, vol. 1155, p. 331.

[57] Philippines Overseas Employment Administration (POEA), "Guidelines on the Implementation of the Reform Package Affecting Household Service Workers (HSWs)," http://www.poea.gov.ph/ (binuksan noong Abril 9, 2008).

[58] Ali Al-Migbali, "Kingdom, Indonesia Iron Out Maid Flap," *Al-Eqtisadiah/Arab News*, Agosto 1, 2005.

Halimbawa, noong Setyembre 2007, nagkasundo ang mga *Chamber of Commerce* ng Saudi Arabia at Indonesia sa minimum na sahod na 800 riyals ($208) kada buwan para sa mga domestic worker na Indonesian. At simula noong Enero 1, 2008, itinaas ng gobyernong Sri Lanka at *Saudi Chamber of Commerce* ang minimum na sahod ng mga domestic worker na Sri Lankan mula 400 riyals ($104) tungo sa 650 riyals ($169) kada buwan.[59]

Humihina ang mga bilateral na kasunduan sa paggawa dahil sa hindi pantay na kapangyarihang makipagtawaran sa pagitan ng labor-receiving at labor-sending na mga bansa. Ang hindi malusog na kompetisyon sa pagitan ng mga labor-sending na bansa ay nangangahulugan na atubili ang mga labor-sending na bansa na itulak ang mga pamantayan sa paggawa tulad ng lingguhang day-off o mas mataas na sahod dahil sa takot na mapunta ang trabaho sa manggagawa ng ibang bansa. Kailangan ang mas malawak na kooperasyong multilateral upang mapaunlad at mapatupad nang maayos at nakabatay sa karapatan, na patakaran sa migrasyon. Ni-rekomenda ng *International Labor Organization (ILO)* na dapat pag-usapan ang mga kasunduang bilateral sa balangkas ng multilateral at pang-rehiyon na mga kasunduan.[60]

Noong Enero 2008, lumahok ang Saudi Arabia sa *"Gulf Forum on Temporary Contractual Labor"* (ang "Abu Dhabi Dialogue"), na pinagsama-sama sa unang pagkakataon ang 22 ministro ng paggawa mula sa Asya at Persian Gulf upang pag-usapan ang *labor migration* sa rehiyon. Kasama sa mga lumilitaw na mga pandaigdigang inisyatiba ang *Global Forum on Migration and Development* at ang panukalang *ILO Convention on Domestic Work*. Maaaring magsilbing behikulo ang mga inisyatibang ito sa pagharap sa usapin ng karapatan ng mga migranteng domestic worker.

---

[59] Panayam ng Human Rights Watch kay Fawzi Al-Dahan, Marso 10, 2008. Tingnan din ang Mariam Al Hakeem, "Sri Lankan maids' wages up by 65 percent," *Gulf News,* Disyembre 31, 2007.

[60] Piyasiri Wickramasekara, "Labour Migration in Asia: Role of Bilateral Agreements and MOUs,"presentasyon ng ILO sa IPLT workshop on International Migration and Labour Market in Asia, Tokyo, Pebrero 17, 2006.

Mga Bagong Reporma

Sinimulan na ng gobyernong Saudi ang pagpapatibay ng mga repormang humaharap sa *labor exploitation* at *trafficking in persons*. Kasama ang desisyon ng Ministry of Labor No. 738/1 na may petsang 16/5/1425h (Hulyo 4, 2004) na nagbabawal sa lahat ng uri ng *trafficking in persons* at nagtatatag sa *foreign workers' care department*.[61] Sa isa pang desisyon, maaari nang kumuha ang mga migrant worker ng *exemption* sa pagkuha ng permiso ng amo para sa *exit visa* kung hindi sila nasahuran ng tatlong buwan o hindi mahanap ang amo.[62]

Bumuo rin ang Ministry of Labor ng *guidebook* na nakasulat sa ibat-ibang wika at nagpapayo sa kanila tungkol sa kanilang karapatan at pamamaraan para maghapag ng reklamo. Sinasabi ng *guidebook* na makakapunta kahit saan ang mga dayuhang manggagawa habang mayroon silang balidong *residence permits* at puwede nilang hawakan ang kanilang pasaporte..[63] Hindi malinaw kung gaano kalawak ang distribusyon ng nasabing *guidebook*.

Sinabi ng Saudi Mnister of Labor sa Human Rights Watch na puwede ng idiretso ng mga manggagawa ang kanilang kaso sa mga labor courts sa halip na kailangan munang ipareshistro ang kaso sa mga pulis.[64]

Sa aktuwal, tumututok lamang ang mga positibong hakbang na ito sa ibang uri ng migranteng manggagawa, at hindi hinaharap ang partikular na kalagayan ng mga domestic worker. Halimbawa, ang foreign workers' care department, na nasa Ministry of Labor, ay walang particular na mandato para humarap sa kaso ng mga domestic worker.[65] Ang paglilibre sa rekisitos na kumuha ng permiso ng amo para sa *exit visa* ay pangunahing ginagamit sa kaso ng ibang mga migrant worker, dahilan sa ang mga kaso ng mga domestic worker na may sigalot sa kanilang amo ay ipinapasa

---

[61] Decree, Ministry of Labor No. 738/1 dated 16/5/1425h.

[62] P.K. Abdul Ghafour, "New Measures to Help Workers," *Arab News,* Pebrero 1, 2007. .

[63] Ministry of Labor, "Guidebook for Expatriates Recruited for Work in the Kingdom of Saudi Arabia," 2006.

[64] Panayam ng Human Rights Watch kay Dr. Ghazi al-Qusaibi, Disyembre 3, 2006. Hindi sinabi ni Dr. Ghazi al-Qusaibi kung kailan ito sinimulan o kung anong mekanismo ang ginamit.

[65] Panayam ng Human Rights Watch kay Mohamed Rashid Al-Suleiman, director, Expatriate Workers' Care Department, Ministry of Labor, Riyadh, Disyembre 13, 2006.

sa Ministry of Social Affairs (tingnan sa Chapter X). Walang particular na gabay sa pagpapayo para sa mga domestic worker na nahaharap sa balangkas ng regulasyon na natatangi sa ibang migrante dahil hindi sila sakop ng labor law. Gayunman, naglunsad ang gobyerno ng *media campaign* noong huling bahagi ng 2007 na nananawagan sa mga amo tungkol sa disenteng pagtrato sa mga domestic worker.[66]

Hindi pa pinapagtibay ng gobyernong Saudi ang mga pangunahing reporma na kailangan para magbigay ng sapat na proteksyon sa mga domestic worker, bagaman ilan sa mga repormang ito ay pinag-aaralan na. Kasama dito ang panukalang annex sa 2005 Labor Law at ang panukalang repormahin ang sistemang *kafala* upang lahat ng migranteng manggagawa ay mapunta sa pangangalaga ng tatlo o apat na *recruitment agencies* sa halip na sa mga amo. Walang malinaw na iskedyul para sa pagpapatibay o implementasyon, at marami sa mga panukalang ito ang pinag-uusapan na ng ilang taon at walang malinaw na pag-usad.

[66] **"Be nice to your maids, Be kind to your guests,"** ***Manila Times,*** **Oktubre 9, 2007, http://www.manilatimes.net/national/2007/oct/09/yehey/opinion/20071009opi1.html (binuksan noong Oktubre 16, 2007). .**

V. Sapilitang Pagtatrabaho, Trafficking, Pang-aalipin at Mala-aliping Kalagayan

Naisadokumento ng Human Rights Watch ang malawak na saklaw ng pang-aabuso sa mga migranteng domestic worker sa Saudi Arabia, kasama ang panloloko sa *recruitment*, paglabag sa kalayaang gumalaw, pisikal at seksuwal na pang-aabuso, *labor exploitation*, at *double victimization* sa sistemang *criminal justice*. Tatalakayin ng malaliman sa mga susunod na kabanata ang lahat ng mga isyung ito. Sa ilang kaso, sabay-sabay na naranasan ng domestic worker ang mga pang-aabusong ito.

Nakapanayam ng Human Rights Watch ang 36 kababaihan at dalagitang domestic worker na ang kalagayan ay katumbas na ng sapilitang paggawa, *trafficking*, pang-aalipin o mala-aliping kalagayan. Ipinapakita ng mga sumusunod na *case studies* kung paano ang sari-saring uri ng pang-aabuso, mula *recruitment* hanggang employment, ay maaaring sama-samang naglilikha ng ganitong mga kondisyon sa karanasan ng domestic worker.

Wala pang lumalabas na pagtantiya sa bilang ng mga nasabing kaso sa Saudi Arabia, bagaman kaunti lamang ang ganitong kapansin-pansin na mga kaso kumpara sa mga karaniwang reklamo ng naantalang sahod at sobrang trabaho. Gayunpaman, maraming kaso ng sapilitang pagtatrabaho, *trafficking*, pang-aalipin o mala-aliping kalagayan ang malamang na hindi na matutukoy o maiuulat dahil sa pagkabukod ng manggagawa, kawalan ng impormasyon tungkol sa kanyang karapatan, at ang kapangyarihan ng amo na magpauwi anumang oras.

Ipinagbabawal ng International Law ang sapilitang paggawa, *trafficking*, at mga institusyon o gawi na katumbas ng pagkaalipin o pagkabusabos. Ang *Universal Declaration of Human Rights*, ang *International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR*), ang *ILO Forced Labor Convention*, ang *Trafficking Protocol*, ang *Slavery Convention*, ang *Supplementary Convention on the Abolition of Slavery*, ang *Slave Trade*, ang *Institutions and Practices Similar to Slavery (Supplemental Slavery Convention)*, at ang *Rome Statute establishing the International Criminal Court* ang mga pangunahing pinagmumulan ng international law na nagpapaliwanag at

nagbabawal sa mga ganitong gawi.[67] Sa pamamagitan ng royal decree, binuwag noong 1962 ng dating hari na si King Faisal ang pang-aalipin sa Saudi Arabia.

Sapilitang Pagtatrabaho

Nour Miyati

Ito ang pangatlo kong bihaye. Apat na taon ako sa Medina noong una kong biyahe. Dalawang taon naman ako sa Ta'if noong pangalawang biyahe ko. Mabait ang mga dati kong amo at binigay ng buo ang sahod ko.

Sa pangatlong biyahe(sa Riyadh), binugbog ako ng amo kong babae. Wala siyang trabaho. Araw-araw niya akong binubugbog. Pinapalo niya ako sa ulo at tinatakpan ko ito ng aking mga kamay. Sinisipa niya ako sa paa gamit ang mataas niyang takong na sapatos. Araw-araw niya itong ginagawa hanggang magkasugat ang paa ako. Binugbog din ako ng amo kong lalaki matapos kong isumbong sa kanya ang ginagawa ng kanyang asawa. Noong mamaga ang mga kamay ko sa pangbubugbog ng amo kong babae, inutusan nila akong hugasan ito ng isang buong tasang ***bleach.*** *Sobra ang sakit na naramdaman ko. Hindi ako nakakakain ng husto. Hindi pa rin nila binigay ang sahod ko pagkalipas ng isang taon.*

Wala akong pagkakataong magpahinga. Ginigising ako 4 a.m., nagluluto ng almusal ng mga bata. Nagtatrabaho ako buong araw nang walang pahinga. Nakakatulog lang ako3 a.m. Maraming beses na di ako nakatulog. Buong araw akong nagtatrabaho.

Hawak ng amo ko ang aking pasaporte. Isa siyang pulis (miyembro ng National Guard). Hindi ako nagkaroon ng pagkakataong lumabas ng bahay.

[67] ILO Convention No. 29 concerning Forced or Compulsory Labour (Forced Labour Convention), pinagtibay noong Hunyo 28, 1930, 39 U.N.T.S. 55, pinatupad noong Mayo 1, 1932, ni-ratipikahan ng Saudi Arabia Hunyo 15, 1978; Protocol to Prevent, Suppress and Punish Trafficking in Persons, Especially Women and Children, Supplementing the United Nations Convention Against Transnational Organized Crime (Trafficking Protocol); Slavery, Servitude, Forced Labour and Similar Institutions and Practices Convention of 1926 (Slavery Convention), pinagtibay noong Setyembre 25, 1926, 60 L.N.T.S. 253, pinatupad noong Marso 9, 1927; UN Supplementary Convention on the Abolition of Slavery, the Slave Trade, and Institutions and Practices Similar to Slavery, pinagtibay noong Setyembre 7, 1956, 226 U.N.T.S. 3, pinatupad noong Abril 30, 1957, sinang-ayunan ng Saudi Arabia noong July 5, 1973; at Rome Statute of the International Criminal Court (Rome Statute), U.N. Doc. A/CONF.183/9, July 17, 1998, pinatupad noong Hulyo 1, 2002.

Kinukulong nila ako at kinakandado ang pinto mula sa labas. Nagkaroon ako ng pagkakataon na tumakas matapos ang isang taong pagtatrabaho doon. Huwebes noon at tumakbo ako. Grabe ang kalagayan ko – sarado ang kaliwa kong mata, maga ang buo kong katawan. Sumakay ako ng taxi at dinala ako ng drayber sa pulis… Pumunta ang amo ko sa presinto at gusto akong bawiin. Tumanggi ako at sinabing, "Masamang tao ang amo k o."Sagot naman niya, "Hindi pa tapos ang kontrata mo, dalawang taon ito."

Binugbog na naman nila ako pagdating sa bahay. Sinuntok ako sa bibig at isang ngipin ang tumalsik (pinakita ang peklat sa labi niya). Pagkatapos noon, kinandado nila lahat ng pinto maliban sa pinto ng banyo. Di ako pinayagang lumabas, kahit na magtapon ng basura. Di rin ako pinagamit ng telepono. Lalong lumala ang sitwasyon. Araw-araw akong binubugbog ng mag-asawa. Hindi ako binigyan ng gamot.

Lalong lumala matapos ang tangka kong pagtakas… Sa banyo ako pinapatulog noong huling buwan… Tinakpan nila ng tape ang bibig ko, ayaw nilang malaman ng kapitbahay ang tungkol sa akin.

Hindi na ako nagtangkang tumakas. Nakiusap ako sa amo ko na dalhin ako sa ospital dahil sa aking kalagayan. Pero nangako muna ako na hindi magsasalita tungkol sa naging trato nila sa akin. Pinilit nila akong tumahimik.

Napansin ng isang duktor ang pang-aabuso at ipinagbigay-alam sa mga awtoridad. Pagkatapos ay sumailalim si Nour Miyati sa masusing gamutan na tumagal ng ilang buwan, kasama ang pagputol sa kanyang mga daliri dahil sa kanggrena.

Lumampas ng tatlong taon ang pagdinig sa kaso ni Nour Miyati, habang naghihintay siya ng kapasyahan sa loob ng punong-punong shelter sa embahada ng Indonesia. Una siyang hinatulan ng isang korte sa Riyadh sa salang maling pagbibintang at sinentensiyahan ng 79 na hagupit, subalit binawi rin ang desisyon noong kalaunan. Ibinasura ng korte ang sakdal laban sa amo niyang lalaki. Hinatulan ng korte ang among babae ng 35 hagupit sa

salang pang-aabuso, pero ibinasura ng isang huwes ang mga sakdal laban sa among babae noong Mayo 19, 2008. Binigyan naman ng nasabing huwes ng 2,500 riyal ($668) si Nour Miyati bilang bayad-pinsala, maliit na bahagi lamang ng karaniwang binibigay sa klase ng sugat na tinamo.[68] Plano ng embahada ng Indonesia na iapela ang inilabas na pasya.[69]

[crying] *Nangangamba ako na hindi na ako makakapagtrabaho dahil sa aking mga kamay. Hindi ko alam kung ano ang magiging kinabukasan ko.*
—Nour Miyati (tunay na pangalan ginamit batay sa kanyang kahilingan), domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006, at Marso 11, 2008

Ayon sa ILO Convention on Forced Labor, Number 29, ang ibig sabihin ng puwersahan o sapilitang pagtatrabaho ay " lahat ng trabaho o serbisyo na hinihingi sa isang tao sa ilalim ng banta ng parusa at kung saan hindi binoluntaryo ng nasabing tao ang kanyang sarili."[70]

Ipinaliwanag nang mabuti ng ILO ang mga halimbawa ng "banta ng parusa" kasama ang "pisikal na pananakit sa manggagawa o malalapit dito**,** pagkukulong, pagmumulta, pagsuplong sa awtoridad *(police, immigration)* at deportasyon, pagtanggal sa kasalukuyang trabaho**,** pagtangging papasukin sa ibang trabaho, at ang pag-alis ng karapatan at pribilehiyo"[71] Sa karamihan ng nirepaso naming kaso ng sapilitang pagtatrabaho sa Saudi Arabia, ikinukulong ng mga amo ang domestic worker sa bahay na pinagtatrabahuan, kasama ang pagkandado mula sa labas, at di pagbigay ng pasaporte, bagay na naglalagay sa manggagawa sa banta ng pagka-

[68] Gamit ng numerong ito ang palitan sa pagitan ng US dollar at Saudi riyal noong Mayo 21, 2008. .

[69] "Saudi Arabia: Nour Miyati Denied Justice for Torture," Human Rights Watch news release, Mayo 21, 2008, http://www.hrw.org/english/docs/2008/05/21/saudia18914.htm.

[70] ILO Forced Labour Convention, art. 2. Ginagamit din ng European Court of Human Rights ang pamantayang ito upang bigyang-pakahulugan ang pagbabawal sa pang-aalipin, sapilitan, o pwersahang pagtatrabaho sa European Convention on Human Rights (*Van der Mussele v. Belgium*, November 23, 1983 Series A No. 70; *Siliadin v. France* February 1, 2005 ECHR 2005). .

[71] ILO, *A Global Alliance Against Forced Labour: Global Report under the Follow-up to the ILO Declaration on Fundamental Principles and Rights of Work* (Geneva: ILO, 2005), p. 6.. Nadiskubre din ng European Court of Human Rights na sa kawalan ng particular na "parusang," ipinapataw, isang katumbas na kalagayan ang lumilitaw kung saan may nakikitang seryosong banta ng parusa – tulad ng takot na hulihin o deportasyon kung mahuling walang pasaporte o papeles, o kung magtangka silang tumakas. *Siliadin*, para. 118.

aresto at parusa kung sila ay tatakas. Katulad sa kaso ni Nour Myati, ilang amo ang gumawa o nagbanta ng pananakit, at lalong lumalala ang parusa kung magtangkang tumakas ang manggagawa.

Kasama sa halimbawang ibinigay ng ILO sa hindi boluntaryong anyo ng paggawa ang: Pagkukulong sa loob ng pinagtatrabahuan, *psychological pressure* (utos na magtrabaho kasabay ng banta ng parusa o multa), pamemeke ng pagkakautang, napakataas na interes, at iba pa), panloloko sa klase at takda sa oras ng paggawa, pag-ipit at hindi pagbibigay ng sahod, at pag-hawak sa mga dokumentong nagpapakilala sa manggagawa at iba pang personal at mahalagang mga pag-aari..[72]

Marami kaming na-dokumentong kaso ng mga domestic worker na pumaloob sa mga *criteria* na ito. Nagkakaisa ang mga opisyal ng gobyernong Saudi, opisyal ng mga embahada, at mga domestic worker na karaniwang gawi ng mga amo ang paghawak sa pasaporte ng manggagawa. Pag-ipit at di pagbayad ng sahod pinaka-karaniwang reklamo na inihahapag ng mga domestic worker sa mga awtoridad. Gaya ng malalimang pagtalakay, niloloko ng maraming mga *labor agent* ang domestic worker sa usapin ng laman ng kontrata.

Ang paghingi ng Saudi Arabia sa mga domestic worker ng pahintulot ng amo para makakuha ng kinakailangang *clearance* ("*exit visa*") upang makaalis ng nasabing bansa ang nagpapataas ng panganib ng sapilitang pagtatrabaho. Nakapanayam ng Human Rights Watch ang ilang mga domestic worker na napilitang magtrabaho ng ilang buwan, sa iba ay ilang taon, na lampas sa kanilang kontrata, dahil sa ayaw silang payagan ng mga amo na umalis ng bansa. Mas malalim na tatalakayin ang pangangailangan na ito sa Chapter VI sa bandang baba.

Kahit na dumating ng Saudi Arabia ang domestic worker na hindi pinilit at may sapat na kaalaman sa papasukang trabaho, posible pa ring bumagsak sila sa katayuang pilit na paggawa. Pinansin ng ILO na posibleng bawiin ng manggagawa ang ibinigay nitong malayang pagpayag: "maraming biktima ang sa umpisa ay kusang pumapasok sa sapilitang paggawa… upang malaman lamang sa katagalan na wala silang kalayaan na umatras sa trabaho. Sa dakong huli ay hindi na nila maiwan ang

[72] ILO, *A Global Alliance Against Forced Labour,* p. 6.

trabaho dahil sa ligal, pisikal o *psychological pressure*. "[73] Halimbawa, maraming mga domestic worker ang kusang bumabagsak sa kalagayang sapilitang paggawa dahil hindi pinayagan ng kanilang amo ang *exit visa* para makaalis ng naturang bansa, inipit ng ilang buwan o taong sahod, o ikinulong sila sa lugar na pinagtatrabahuan.

Trafficking

Ani R.

Nakapag-asawa ako ng isang Saudi, isa siyang guro. Sa Indonesia kami ikinasal. Pumunta siya sa P.T. Sariwati [labor agency] at sinabi sa labor agent na naghahanap siya ng mapapangasawa. Nakilala ko siya sa P.T. matapos kaming pagkilalananin ng isang tagapamagitan na nagmula sa Cianjur.

Alas-singko ng hapon ko siya nakilala at nagpakasal kami alas dose ng gabi ng araw ding iyon... Ginawa ko iyon dahil gusto kong makatulong sa pangangailangan sa pera ng aking mga magulang [nagsimulang umiyak]. *Bibigyan daw niya ako ng 15 million rupiah [$1,636][74] bago ang kasal. Pero hindi niya binigay ang dote (dowry). Nangako siyang ibibigay ito pagdating namin sa Saudi Arabia, at... ipapadala niya ito sa mga magulang ko... at dadalhin noong taong taga Cianjur.* [patuloy ang pag-iyak]

Nakatanggap ang tatay ko ng 6 milyong rupiah. Hindi ko na alam kung ano ang nangyari sa 9 milyon. Dinala ako ng aking asawa sa Saudi Arabia matapos kaming ikasal. Noong unang buwan ay mabait siya. Pagkatapos... katulong na ang trato niya sa akin at binubugbog ako... Hindi niya ako pinapayagang tumawag sa telepono o sumulat sa pamilya ko sa Indonesia.

Sabi niya wala siyang asawa noong hilingin niya na pakasalan ko siya. Pero pagkatapos naming magsiping, sinabi niyang may dalawa siyang asawa at anim na anak. Tigatlo ang anak ng dalawa niyang asawa. Gusto ko ng umuwi noong marinig ko iyon... Alam ng labor agent sa Indonesia na may pamilya

[73] ILO, *A Global Alliance Against Forced Labour,* p. 6.

[74] Gamit ng numerong ito ang palitan sa pagitan ng US dollar at Indonesian rupiah noong Disyembre 5, 2006.

ang napangasawa ko pero pinabayaan lang niyang magpakasal ako. Iyong babaeng taga Cianjur [niloko din ako] ay nagtatrabaho bilang katulong sa bahay ng kapatid na babae ng asawa ko.

Kapag may problema ang asawa ko, mainit ang ulo niya pag uwi ng bahay. Gagamit siya ng tissue para malaman kung may alikabok ang bookcase. Kung may makita siyang alikabok, hahablutin niya ako sa buhok at sasabihing, "Sinungaling ka," tapos kakaladkarin ako papasok ng kuwarto at bubugbugin ng paulit-ulit. Palagi niyang sinasabi na hindi ako maayos magtrabaho at saka ako bubugbugin.

Noong unang beses akong tumakas, napunta ako sa shelter… Puro tumakas ang mga nandoon, at pareho ang problema tulad sa akin. Binubugbog din sila ng mga sponsor nila. Isang linggo akong lumagi doon tapos dumating ang asawa ko. Sinabi ng isang pulis na sumama ako sa aking asawa dahil ang alam lang nila ay sponsor ko siya. Akala nila katulong niya ako…

Pinilit ako ng mga pulis na bumalik sa aking asawa, ang sponsor ko. Pinilit nila ako na sumama sa kanya. Sabi ko sa mga pulis,"Ayokong sumama sa sponsor ko kasi salbahe siya at palagi akong binubugbog. Gusto kong pumunta sa embahada ng Indonesia." Ang sagot naman ng pulis: "Mas maganda kung sasama ka sasponsor mo dahil kulang pa ang kinita mo para makabili ng tiket pauwi." Noong nakauwi na ako, nagbigay ang asawa ko ng pera sa mga pulis. Marami, hindi ko alam kung magkano.

Noong sumama ako sa kanya pabalik ng bahay, tinapon ng aking asawa ang mga damit ko habang nakasakay kami sa kotse niya. Nakakuha ako ng dalawang bistida at dalawang pares ng damit pangloob. TInapon niya ang iba ko pang damit habang nagbibiyahe kami. Binugbog niya ako uli pagdating namin sa bahay. Sabi ko, "Tama na, nasasaktan na ako," pero hindi siya tumigil. Iyak ako ng iyak, pero hindi niya ito pinansin.

Katulong din ang turing ng nanay niya sa akin kapag nasa bahay kami nito. Hindi niya alam na asawa ako ng anak niya. [umiiyak]

Hindi rin alam ng kapatid ng asawa ko. Ayako nang makita ang asawa ko. Takot ako sa kanya. Na-trauma na ako dahil sa pambubugbog niya. Palagi kong naiisip kung paano niya ako saktan. Kung magtatagal pa ako rito, lalo lang akong maii-stress at malulungkot. Mas mabuti pa kung umuwi ako sa Indonesia sa aking mga magulang.

—Ani R., 17-taong dalagang Indonesian na pinaniwalang magiging asawa siya ng isang taga Saudi pero dinala doon gamit ang employment visa para sa domestic worker. Riyadh, Disyembre 5, 2006

Sakop ng *trafficking* ang anumang akto ng *recruitment*, pagdadala, pagtanggap, pagbenta, o pagbili ng mga tao gamit ang puwersa, pandaraya, panlilinlang, o iba pang taktika ng pamimilit para ilagay sila sa katayuang pinilit na paggawa, pagkaalipin, o pagkabusabos.[75] Nangyayari ang ganitong mga kundisyon kapag kinukuha ang paggawa sa pamamagitan ng pisikal o di-pisikal ng paraan ng pamimilit, katulad ng *blackmail,* pandaraya, panloloko, pananakot o paggamit ng puwersa, o *psychological* na panggigipit.

Magkaugnay ang migrasyon at *trafficking*, sapagkat ginagamit ng mga trafficker ang mga proseso sa pagpapalabas ng tao. Halimbawa, maaaring lokohin ng recruiter ang mga umaasang domestic worker tungkol sa daratnan nilang aktuwal ng kundisyon ng paggawa. Sa kaso ni Ani R., isang taga Saudi, isang *labor agent* na Indonesian, at isang migranteng manggagawa na Indonesian ang nagpapaniwala sa kanyang pupunta siya ng Saudi Arabia para magka-asawa. Pero dinala siya roon noong taga Saudi bilang domestic worker at trinato gaya ng inaasahan. Maaaring matagpuan ang mga biktima ng *trafficking* sa mga kalagayan ng *forced labor* sa sa loob ng bahay at iba pang anyo ng *forced labor*, *forced sex work*, at *forced marital arrangement*.

Pinagbabawal ng anti-*trafficking* na batas ng Saudi Arabia (tingnan sa "mga bagong reporma," sa itaas) ang lahat ng anyo ng *trafficking*, at kasama rito ang mga particular na probisyong ukol sa migrant workers at kabataan. Halimbawa, ipinagbabawal ng nasabing batas ang pagbebenta ng work permit, pagtanggap ng

[75] UN Trafficking Protocol, art. 3.

kumisyon kapalit ng pagka-empleyo, pagsuway sa kasunduan sa kontrata, at pagtratong imoral.[76] Medyo magaan ang parusa, kasama ang pagbabawal sa mga sumuway na mag-recruit ng dayuhang manggagawa sa loob ng limang taon. Ang umulit sa pagsuway ay maaaring patawan ng permanenteng ban sa pag-recruit ng dayuhang manggagawa.[77]

Paulit-ulit na naitatampok sa taunang ulat na *United States Trafficking in Persons* ang Saudi Arabia bilang isa sa pinakamalalang bansa sa mundo sa pagtugon nito sa human *trafficking*. Kinilala ng *US State Department* na ang mga pang-aabuso sa *recruitment*, ang sistemang *kafala*, at ang pagtrato ng mga amo sa migrant workers ay nakakadagdag sa paglawak ng *trafficking* para sa sapilitang paggawa. Sinabi ng 2008 report na,

> Hindi lubusang sumusunod ang Saudi Arabia sa minimum na pamantayan para wakasan ang trafficking at hindi rin ito nagsisikap na gawin ito. Wala pa ring sapat na batas anti-trafficking ang gobyerno, at, sa kabila ng maraming patunay ng laganap na trafficking, hindi ito nag-ulat ng kahit anong kriminal na pag-uusig, pag-hatol, o pagpapakulong sa mga kaso ng trafficking ng mga dayuhang domestic worker. [78]

Sanhi ng pagkabigo ng Saudi Arabia na magsimula ng kahit minimum na pamantayan para labanan ang *trafficking*, maaari na itong tumanggap ng parusa mula sa United States. Subalit tatlong taon nang umuurong ang Estados Unidos sa ganitong parusa sa ngalan ng pambansang interes nito.

---

[76] Decree, Ministry of Labor No. 738/1 dated 16/5/1425h.

[77] Ibid.

[78] US Department of State, *Trafficking in Persons Report 2007* (Washington, D.C.: U.S. Department of State, Hunyo 2008), http://www.state.gov/g/tip/rls/tiprpt/2008/105389.htm (binuksan noong Hunyo 10, 2008).

Pagka-alipin at Mala-aliping Kalagayan

Haima G.

Labing-pitong (17) taong-gulang na ako at taga Mindanao. Nakaabot ako ng third-year high school. Labing-limang (15) taon ako noong ako ay umalis. Gusto kong tumulong sa aking pamilya. Niloko ako ng mga pinsan ko na mapapunta rito. Akala ng mga magulang ko makakasama nila ako, pero malayo pala sila… Talagang naloko ako. Kung nalaman ko lang ang lagay dito sa Saudi Arabia, hindi na ako pumunta, kahit na milyon pa ang ibigay nila sa akin. [puno na ng luha ang mga mata] *Hindi ako tinanong ng tatay ko kung gusto ko, pinapunta na lang ako dito. Akala ko mag-aalaga ako ng mga bata at puwede pang mag-aral. Hindi ko inasahan na magiging katulong ako, tagalinis. Ni hindi ko alam kung magkano ang sahod ko.*

Dinala nila ako sa opisina ng isang agency (sa Saudi Arabia), kung saan marami ang naloloko. Tumagal ako ng isang linggo sa agency. Pinaglinis ako sa limang bahay noong buong linggong iyon. Isang araw sinabi sa akin ng agent na dadalhin niya ako sa bahay ng kanyang kapatid. Nag-iisa lang sa bahay ang kapatid ng agent. Hinawakan ako nito at pinaghahalikan. Sabi niya pakakasalan niya ako, na tatawagan niya ang magulang ko, at bibigyan ako ng pera. Tinanong niya ang edad ko. Sabi ko, "24 na ako." Ang sagot niya, "Alam kong hindi ka 24." Pinaghahalikan pa rin niya ako. Umiiyak ako habang nakikiusap: "Huwag mong gawin sa akin ito, isa akong Muslim."

Pagbalik namin sa agency, andoon na ang talagang magiginig amo ko. Siya ang pagbebentahan sa akin. Ayoko nang bumalik sa agency dahil hinipuan niya ako at pinaghahalikan. Akala ko gagahasain niya ako. Kinuha ako ng talagang magiging amo at dinala sa bahay niya. Sabi niya, "Magpakabait ka para hindi kita ibalik [sa agency]."

Pagkalipas ng ilang sandali, nagparamdam na ang aking employer na gusto niya ako. Tinawag niya ako sa kuwarto. Sabi niya, "Gusto kong sabihin kung paano kita nakuha sa agency." Sabi niya, "Binili kita sa halagang 10,000 riyal." Doon ko nalaman na ibinenta pala ako…

Sabi niya, "May gagawin ako sa iyo, pero huwag mong sasabihin kahit kanino." May itinurok siya sa akin, pero hindi ko alam kung ano ito. Sabi niya, "Kung ayaw mong bumalik sa agency, dito ka na lang." Nakaramdam ako ng pagkahilo at parang lalagnatin matapos akong turukan. Talagang tinakot niya ako, "Huwag mong sasabihin sa madam mo."

[tumahimik] *Nawalan na ako ng pag-asa. GInahasa ako ng aking amo. May napansin sa akin ang amo kong babae, na sobra ang pagod ko. Maraming beses akong ginahasa ng amo kong lalaki. Hindi sa kuwarto, kasi kinakandado ko ito, pero sa ibang parte ng bahay.*

[umiiyak] *Pakiramdam ko hindi ko na kakayanin. Nagkulong ako sa kuwarto ng dalawang araw. Mayaman ang mga amo ko kaya may telepono rin sa kuwarto ko. Tinawagan nila ako. Ikinuwento ko ang lahat kay Madam. Umiyak din siya. Sabi niya, "Wala tayong magagawa, alam kong masama siya. May ginagawa siyang hindi maganda tuwing lasing siya."*

Sabi ko, "Gusto ko nang umuwi sa Pilipinas. "Ayaw akong paalisin ng buong pamilya, si Madam, ang amo kong lalaki. Kinandado nila ang mga pinto at ang mga tarangkahan. May party sa bahay noong isang gabi ng Pebrero. Naisip ko puwede na akong tumakas. Nagdasal ako ng nagdasal. Nakita ko na bukas ang tarangkahan… [at tumakas na ako patungong embahada.]

Pumunta ako sa presinto kasama ang isang opisyal ng embahada. Pagkatapos noon, dinala ang amo kong lalaki sa Suleimaniya at doon ikinulong. Dinala nila ako sa SSWA [shelter na pinapatakbo ng Ministry of Social Affairs.] Lumagi ako doon ng isang buwan. Matapos ang apat na araw ko sa SSWA, dinala doon ang employer kong lalaki at nag-usap kami. Tinanong niya kung magkano ang gusto [para sa out of court settlement]. Sabi ko, "Hindi ko kailangan ang pera, gusto kong magdusa siya at makulong."

Ayokong umuwi ng walang iuuwi, kahit isang riyal lang. Palagi akong umiiyak. Gaano katagal pa akong maghihintay dito sa embahada? Siyam na buwan na ako dito.

Isang araw sinabi nila sa akin natalo ang aking kaso [at ipapa-deport ako pauwi]

Masama talaga ang naging trato sa akin. Para bang wala akong pamilya at hindi ako tao.
—Haima G., domestic worker na Pilipina, 17 taong-gulang, Riyadh, Disyembre 7, 2006

Ang katayuan ng pagkaalipin ay naitatangi ng paggamit ng kapangyarihan ng pagmamay-ari sa isang tao.[79] Ang *Elements of Crime,* na nagpapalawig kung paano dapat bigyang-kahulugan ang *Rome Statute* (na nagtatatag ng *International Criminal Court)*, nagbibigay ng pinakabagong depinisyon ng pagkaalipin: "Ginamit ng maysala ang isa o lahat ng kapangyarihang kaakibat ng karapatang mag-ari ng isa o maraming tao, tulad ng pagbili, pagbenta, pagpapahiram, o ipinagpapalit ang naturang tao o mga tao, o sa pamamagitan ng pagkakait ng kanilang kalayaan."[80] Idinagdag nito na

> Ang nasabing pagkakait ng kalayaan ay maaaring, sa ilang pagkakataon, kasama ang paghingi ng paggawa o pagsadlak sa tao sa katayuang busabos, ayon sa depinisyon nito sa *Supplementary Convention on the Abolition of Slavery*.[81]

Ang kalagayan ni Haima G. ay katumbas na ng *trafficking* at katayuang pagka-alipin, dahil niloko siya ng kanyang mga kamag-anak tungkol sa papasukang trabaho sa abroad, ginahasa siya ng kanyang *agent*, at tinakot siya ng kanyang amo na ibalik sa abusadong *agent* kapag nagreklamo siya. GInahasa siya ng kanyang amo, hinawakan nito ang kanyang pasaporte, at Ikinandano siya sa bahay para hindi makatakas.

---

[79] **Slavery Convention, art. 1.**

[80] **Elements of Crimes, ICC-ASP/1/3, art. 7(1)(c).**

[81] **Ibid.**

Aming napag-alaman na ang kumbinasyon ng napakataas na halaga ng *recruitment fee* na binabayaran ng mga among Saudi at ang kapangyarihan na binibigay sa kanila ng sistemang *kafala* na nagbibigay ng kapangyarihan kung pwedeng magpalit ng amo ang manggagawa o umalis ng Saudi ang nagbigay sa ilang amo ng kaisipan na pwede silang umasta na pag-aari nila ang domestic worker. Ayon sa mga *recruitment agent* at opisyal ng mga embahada na nakapanayam ng Human Rights Watch, karaniwang nagbabayad ang mga amo ng 6,000-9,000 riyal ($1,560-2,340) para makakuha ng domestic worker. Ang pagbanggit ng amo na "binili" niya si Haima G. sa halagang 10,000 riyal dahil nagbayad siya ng 10,000 riyals ang nagsasalarawan ng kaisipan ng pagmamay-ari na nagluluwal ng mala-aliping kalagayan.

Ikinakatwiran ng ilang amo sa paghawak nila sa pasaporte ng domestic worker at paghihigpit sa kalayaang kumilos na nagbayad sila ng malaking halaga sa pag-recruit at ayaw nilang tumakas ang domestic worker, at dahil dito ay mawawala ang kanilang "pinuhunan." Sa kahabaan ng ulat na ito, may mga halimbawa ng mga amo na nagbabanggit ng malaking halaga na binayaran nila para bigyang katwiran ang pang-aabuso sa manggagawa. Tulad ng kaso ni Haima G., maaaring iparamdam ng amo na binili sila nito, at karaniwang nagmamanipula upang ibukod ang babaeng migrante at matakot ang mga ito sa kalayaan nila sa Saudi Arabia.

Nakapanayam namin ang maraming domestic worker, opisyal ng mga embahada, at mga mamamayang Saudi na nagsabing ang hindi makataong pagtrato at pagtingin ng ilang amo sa mga domestic worker ay katulad ng mala-aliping kalagayan. Sa ilang panayam, tinawag ng mga domestic worker ang kanilang amo na "master" o "owner," o ang karanasan nila na "ibinenta." Sinabi ng isang mataas na opisyal ng isang konsulado na, "Tinatrato sila ng mga Saudis bilang ari-arian, alipin, at parang baka. Ang domestic helper ay alipin at walang karapatan ang mga alipin. Kaya hindi saklaw ng batas paggawa."[82]

Maaari ding isadlak ng mga *recruitment agent* sa mala-aliping kalagayan ang mga domestic worker sa pamamagitan ng pagtulak sa mga ito na magtrabaho sa mga

[82] **Panayam ng Human Rights Watch kay E., opisyal ng konsulado ng isang labor-sending na bansa, Jeddah, Disyembre 9, 2006.**

bagong amo kahit gusto ng mga itong umuwi, pagmaltrato sa mga ito, at pag-umit ng suweldo. Nakapanayam ng Human Rights Watch ang mga domestic worker na nag-akalang binili sila at ibinenta. Sabi ni Gina R., "Ikinakandado ang agency noong tumuloy ako doon. Kanin lang ang pinapakain sa isang araw… Gusto ko nang umuwi sa Pilipinas. Gusto ko nang umuwi, sabi ko. Wala silang sinabi na ibebenta nila ako sa ibang amo. Sabi ko, "Ayoko nang magtrabaho dito." Sa sahig ako pinatulog at walang sapin o kumot."[83]

Lumapit minsan si Haima G. sa embahada ng Pilipinas at sa Saudi police. Nahuli nila ang amo niya. Ayon sa sistemang *diya (blood money)* sa mga kaso ng *aisas (retribution)*, maaaring tumanggap ang biktima ng bayad na pera mula sa nagkasala pagkatapos na ibaba ng pinal ng korte ang pasyang guilty. Diya o "blood money" ang tawag sa kabayarang ito. Natalo ang kaso ni Haima G., at umuwi siya sa Pilipinas na walang nakuhang anuman matapos maghintay ng lampas sa isang taon na matapos ang kanyang kaso.

[83] Panayam ng Human Rights Watch kay Gina R., domestic worker na Pilipina, Riyadh, Disyembre 7, 2006.

VI. Mga Pang-aabusong may Kaugnayan sa Recruitment at Immigration, at Pagkukulong

Ang mataas na bilang ng mga kababaihang Asyano na nangingibang bayan para magtrabaho at ang malaking pangangailangan sa Gulpo ng murang domestic labor ay nagluwal ng kapaki-pakinabang na merkado para sa mga employment agency na nakatutok sa mga domestic worker. Sa Sri Lanka, Indonesia, at Pilipinas, karaniwang sangkot ang mga ahensiyang ito sa pag-recruit ng mga posibleng migrante, pagsasanay, pagkuha ng job order, at pag-proseso ng mga pangangailangan tulad ng pasaporte, visa, at medical certificate. Sa Saudi Arabia, pinapag-ugnay ng mga ahensiya ang magiging amo at *recruitment agency* mula sa *labor-sending* na bansa, humahawak ng paglipat ng trabaho, tunggalian sa pagitan ng amo at domestic worker, at maagang pagtatapos ng kontrata.

Magkahalong kakulangan sa mga patakaran at napakaliit na pagkalinga ng gobyerno ang nagbibigay ng napakalaking impluwensiya sa mga employment agency sa kasasapitan ng mga migranteng domestic worker. Habang sinisikap ng ilang *recruitment agency* at mga asosasyon na pagbutihin ang mga patakaran at gawi sa *recruitment*, ang iba naman ay nagsasamantala sa posibilidad na kumita ng pera na sangkot dito, kapalit ng kaligtasan at karapatan ng migranteng kababaihan.

Pang-aabuso ng mga Recruitment Agent na nasa mga Labor-sending na bansa

> *Nagbayad ako ng 22,000 rupee sa ahente para makapunta ng Dubai, pero pinadala niya ako sa Saudi Arabia. Niloko niya ako.*
>
> —Padma S., Umuwing domestic worker, Katunayake, Sri Lanka, Nobyembre 1, 2006

Ang gawi ng mga ahente sa labor-sending na mga bansa ang posibleng maglagay sa kababaihang migrante sa kalagayan ng pang-aabuso, sapiliting paggawa, at *trafficking*. Kasama sa mga gawi ang panloloko sa tunay na kalagayan sa paggawa, pagsingil ng napakataas na fee na nagtutulak sa pagkakautang, pananakot o

kawalan ng impormasyon kung paano tapusin ng maaga ang mga dalawang-taong kontrata, at pagkabigong tulungan ang domestic worker kapag humihingi ito ng tulong.

Ang mga *recruitment agent*, kasama ang mga "*sub-agent*" (mga informal na labor broker sa antas ng village) ay responsable sa pagbibigay-alam sa mga kababaihan tungkol sa mga termino at kundisyon sa kanilang trabaho sa ibang bansa at pagbibigay ng kontrata sa trabaho. Ang mga ahenteng ito ang pangunahing nakikipag-usap para sa mga babeng migrante, sa gobyerno, mga *recruitment agent* sa ibang bansa, at sa magiging amo.

Isa sa mga pinakamadalas na naitatalang reklamo ay ang pangangako ng mga *labor agent* ng isang takdang sahod, isang araw na day-off kada linggo, at iba pang partikular na takda ng trabaho. Subalit malaki ang pagkakaiba ng kanilang kalagayan sa oras na mag-trabaho na ang mga kababaihang domestic worker. Kung magkaminsan ay tinatalikuran ng mga amo ang obligasyon nila sa kontrata. Sa ibang pagkakataon naman ay *recruitment agent* ang nangako nang wala namang katotohonan. Lumilinaw ang panloloko ng mga *recruitment agent* kung napakalayo ng mga pangako nila sa pamantayang sahod at kalagayan sa trabaho sa ibayong dagat. Halimbawa, sabi ni Chitra G., "Wala akong day-off. Sabi ng agency (sa Sri Lanka) na kung mabait ang magiging amo ko, bibigyan ako nito ng day-off at sahod na 600 riyals. Ngunit noong dumating ako rito, sabi nila, 'Hindi, ang sahod mo ay 400 riyal ($104).'"[84]

Ang pamantayang sahod ng mga manggagawang Sri Lankan sa Saudi Arabia ng panahong iyon ay 400 riyals ($104). Ang sahod naman ng mga manggagawang Pilipina ay $200 noong sinabi sa amin ni Marjorie L. na, "Pinangakuan nila ako sa Pilipinas ng sahod na $300, pero pagdating ko rito, $200 lang ang ibinigay."[85]

Madalas na gusto ng mga ahente na magpadala sa Saudi Arabia ng manggagawang kababaihan dahil sa mataas na kumisyon na nakukuha nila at ang malaking pangangailangan doon sa mga domestic worker. Ayon sa isang opisyal ng Sri Lanka,

[84] **Panayam ng Human Rights Watch kay Chitra G., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 6, 2006. .**

[85] **Panayam ng Human Rights Watch kay Marjorie L., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006. .**

karaniwang nagbabayad ang mga *labor agent* ng kumisyong 35,000-45,000 ($329-423)[86] rupee sa mga *sub-agent* sa antas ng kanayunan para mag-recruit ng isang domestic worker patungong Saudi Arabia. Mula 5,000-10,000 rupee ($49-94) ang kumisyon sa mga magtatrabaho sa ibang bansa sa Middle East.[87] Nakapagtala ang Human Rights Watch ng kaso kung saan niloko o pinilit ng mga ahente ang mga domestic worker na tumanggap ng trabaho sa Saudi Arabia. Ilan sa mga kababaihang nakausap namin ang pumayag na pumunta sa ibang bansa sa Gulpo, pero saka nila nalaman sa araw ng alis nila na sa Saudi Arabia pala ang punta nila. Sabi ni Indrani P., "Pumunta ako sa ahente… Gusto ko sa Dubai, sabi nila ilalagay daw ako sa bahay na walang bata… Hindi ko alam na hindi pala ako papuntang Dubai. Nalaman ko lang noong araw ng alis ko. Noong ibinigay sa akin ang ticket, doon ko nakita na Riyadh pala ang punta ko."[88]

Kaiba ang Saudi Arabia sa maraming bansa na tumatanggap ng mga domestic worker na Asyano sa pag-atas nito sa mga amo na sagutin ang gastos sa *recruitment* at biyahe ng domestic worker, na nagkakahalaga ng mula 5,000-9,000 riyal bawat manggagawa. Ang hindi napupunuang pangangailangan sa mga domestic worker na Muslim ay nangangahulugan na ilang kababaihan ang binabayaran para pumayag na magtrabaho sa Saudi Arabia. Tulad ng kaso ni Fathima S. na nagsabing, "Wala akong binayaran sa *sub-agent*, pero bingyan niya ako ng 10,000-15,000 rupees dahil isa akong Muslim… Kahit singko hindi ako gumastos. Sinagot niya ang aking medikal, pagkain, at biyahe."[89] Kung teorya ang pagbabatayan, wala dapat bayaran ang mga domestic worker para makakuha ng trabaho sa Saudi Arabia. Hindi alam ng maraming migrante ang probisyon na ito at nagbabayad sila ng sari-saring singilin sa mga walang konsiyensiyang ahente na naghahangad ng dobleng kita. Halimbawa, sabi ni Sandra C., "Dumating ang isang recruiter sa bayan namin. Sinabi niya sa akin na pagpunta ko rito sa Saudi… mawawala sa akin ang kabuuang anim na buwang sahod na mapupunta sa *recruitment fee*."[90]

---

[86] Gamit ng numerong ito ang palitan sa pagitan ng US dollar at Sri Lankan rupee noong Nobyembre 5, 2006.

[87] Panayam ng Human Rights Watch kay Srilatha Aryaratne, Sri Lanka Bureau for Foreign Employment, Kurunegala, Sri Lanka, Nobyembre 5, 2006. .

[88] Panayam ng Human Rights Watch kay Indrani P., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

[89] Panayam ng Human Rights Watch kay Fathima S., umuwing domestic worker, Habaraduwa, Sri Lanka, Nobyembre 14, 2006.

[90] Panayam ng Human Rights Watch kay Sandra C., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006.

Maraming mga domestic worker ang hindi kumpleto ang impormasyong nakukuha tungkol sa kanilang karapatan o sa mga obligasyon sa kontrata. Karaniwang ginigipit sila ng mga *labor agent* sa paniniwalang bawal silang iwanan ang amo ng mas maaga sa dalawang taon na tinukoy, kahit na sila ay inaabuso. Sa ibang kalagayan, nagbabanta ang mga *labor agent* ng malaking multa kung maagang bumitaw ang mga migrant worker sa kontrata o mabigong bayaran ang tiket pauwi kapag inayawan sila ng amo sa unang tatlong buwan ng kanilang pagtatrabaho.

Madalas na di nagbibigay ang mga *recruitment agent* ng detalye sa mga domestic worker kung paano hagilapin ang mga kausap nilang ahenteng Saudi o sa pagtugon kapag sila ay hiningan ng tulong ng manggagawa . Sa ganitong mga kaso, walang kontak ang mga domestic worker na puwedeng tumulong sa oras ng problema, maliban sa pagtakas patungo sa kanilang mga embahada o konsulado kung sila ay nasa Riyadh o Jeddah (tingnan sa banding ibaba). Sabi ni Prema C., "Meron akong address ng agency sa Sri Lanka, pero wala silang binigay na address o numero ng telepono ng agency dito sa Saudi."[91] Nangangako ang mga lokal na ahensiya na tutulungan ang mga manggagawa sakaling magkaproblema ang mga ito, subalit palagi namang hindi pinapansin ang mga tawag ng manggagawa o hindi na nakikialam. Sinabi ni Indrani P. na sinabi sa kanya ng ahente niya, "Tawagan mo kami kung magkaproblema ka… Tumawag ako sa kanila noong magkaproblema ako, pero wala silang ginawa." [92]

Ang sistema ng *pre-departure labor recruitment*, ang mga antas ng regular at *irregular migration*, at kung paano nangyayari ang sistema ng pagkakautang ay ipinapaliwanag nang mas detalyado sa mga ulat ng Human Rights Watch na una ng nailabas, kasama ang *"Exported and Exposed: Abuses against Sri Lankan Domestic Workers in Saudi Arabia, Kuwait, Lebanon, and the United Arab Emirates"; "Swept Under the Rug: Abuses against Domestic Workers around the World";* at *"Help Wanted: Abuses against Migrant Female Domestic Workers in Indonesia and Malaysia."*[93]

---

[91] Panayam ng Human Rights Watch kay Prema C., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

[92] Panayam ng Human Rights Watch kay Indrani P., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006. .

[93] Human Rights Watch, *Exported and Exposed: Abuses against Sri Lankan Domestic Workers in Saudi Arabia, Kuwait, Lebanon, and the United Arab Emirates*, vol. 19, no. 16(C), Nobyembre 2007, http://hrw.org/reports/2007/srilanka1107/; *Swept Under the Rug: Abuses against Domestic Workers around the World*, vol. 18, no. 7(C), July 2006,

Pang-aabuso ng mga Recruitment Agent na nasa Saudi Arabia

Maraming mga domestic worker ang halos walang ugnay o contact sa kanilang labor recruiter na nasa Saudi Arabia dahil direkta silang kinukuha ng kanilang amo mula sa airport. Subalit ang labor recruiter ang karaniwang dapat makausap ng manggagawa kung gusto nitong magpalit ng amo o bumitaw ng maaga sa kontrata. Habang maraming domestic worker ang walang reklamo sa kanilang mga ahente, sinabi naman ng iba na hindi sila tinulungan ng mga ahente o nakadanas sa mga ito ng pang-aabuso o pagsasamantala.

Lubhang napakabigat ng naging trabaho ni Fathima S. sa bahay ng kanyang amo. Nagtatrabaho siya ng 16 na oras sa malaking bahay, nagluluto, naglilinis, at nag-aalaga ng mga bata at isang matandang babae na baldado. Palagi siyang minumura at sinasaktan ng kanyang amo. Sabi ni Fathime S.,

> TInawagan ng amo kong babae ang *agent* at sinabing hindi daw ako nagtatrabaho. Sinigawan ako ng *agent* sa telepono at sinabing, "Para kang sanggol na pinapasuso pa! Kung magpapatuloy ka sa asal mo, ibabalik kita dito sa agency at bubugbugin ng husto." Sinagot ko siya na nagtatrabaho naman ako, pero palaging naghahanap ng mali ang amo kong babae at sinisigawan ako. Sinabi ko sa ahente na iuwi na ako sa bahay ko sa Sri Lanka… Sabi niya na hindi ako puwedeng umuwi at dapat akong magtrabaho at tapusin ang dalawang taong kontrata. Doon lang daw niya ako pauuwiin sa Sri Lanka. Umiyak ako. Wala na akong ibang magagawa… Nakiusap ako sa kanya na ilipat sa ibang amo. Tumanggi siya at sinabing ang visa ko at ibang papeles na kinuha niya ay para magtrabaho ako sa aking amo.[94]

Naglabas ang Ministry of Labor ng mga *Executive Order* na naglalatag ng mga responsibildad ng mga *recruitment agency*. Ipinagbabawal ng mga regulasyong ito na tumanggap ng anumang *recruitment fee* mula sa manggagawa, pagpapabahay ng kababaihang manggagawa, at pagpapaupa ng serbisyo ng mga ito sa ibang tao.

---

http://hrw.org/reports/2006/wrd0706/; *Help Wanted: Abuses against Migrant Female Domestic Workers in Indonesia and Malaysia*, vol. 16, no. 9(B), July 2004, http://hrw.org/reports/2004/indonesia0704/.

[94] Panayam ng Human Rights Watch kay Fathima S., umuwing domestic worker, Habaraduwa, Sri Lanka, Nobyembre 14, 2006.

Mayroon ding tahasang obligasyon na kilalanin ng maigi ang katrabaho nilang agency sa ibang bansa upang masiguro na ang mga ito ay maasahan at kapuri-puri.[95] Ang parusa sa paglabag ay ang pagbawi sa lisensiya ng ahensiya. Naisadokumento ng Human Rights Watch ang mga kaso kung saan nilabag ng mga labor agencies ang mga probisyong ito ngunit hindi nalapatan ng parusa. Halimbawa, nakapanayam ng Human Rights Watch ang mga domestic worker na nagsabing pinilit sila ng labor recruiter na magtrabaho sa ibat-ibang bahay habang nakatira sa opisina ng agency.

Sa ilang pagkakataon, lalong pinalala ng mga *agent* ang pinsala dahil sa hindi nila binayaran ang mga manggagawa na iligal nilang dinedestino sa mga pansamantalang trabaho. Pinagtrabaho si Neelima R. sa limang magkakaibang bahay sa loob ng dalawang buwan at ang sahod niya ay ibinulsa naman ng ahente.[96] Noong tumakas si Yanti S. sa amo niya na hindi pumayag na siya ay magpatingin sa duktor, nakahanap siya ng ahente na ipinadala naman siya sa ibat-ibang bahay para maglinis. Sabi niya, "Ibinenta talaga ako ng ahenteng ito sa ibang amo sa halagang 10,000 riyals, pero hindi niya binigay sa akin ang pera. Kinuha ang tatlong-buwan kong sahod at ang 10,000 riyals."[97]

Ilang mga domestic worker ang lumapit sa *labor agent* nila para hilinging pauwiin na sila, pero sa halip ay pinagtrabaho sa ibang mga amo. Sabi nga ng isang diplomatiko na humahawak ng kaso ng mga inabusong mga domestic worker, "Nagbabayad ang manggagawa ng transfer fee. Kumikita ng husto ang ahente… Gusto nilang mahiyang umuwi ang babae kapag wala itong pera."[98]

Naidokumento rin namin ang mga kaso ng ahente na nananakit at nanghahalay ng mga domestic worker at nagkukulong sa mga ito sa opisina ng ahensiya. Ibinalik ng kanyang amo si Hasna M. sa agency noong hindi ito pumasa sa *medical examination*. Sabi ni Hasna M., "SInasaktan ako ng ahente. Araw-araw niya kaming sinasaktan (kasama ang ibang mga domestic worker na tumitigil sa agency). Ang peklat na ito

---

[95] **Executive Regulations, Ministry of Labor, "Regulations for the non-renewal of an accreditation or its termination."**

[96] **Panayam ng Human Rights Watch kay Neelima R., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Marso 11, 2008.**

[97] **Panayam ng Human Rights Watch kay Yanti S., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006.**

[98] **Panayam ng Human Rights Watch kay A., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Nobyembre 29, 2006.**

sa baba ng mata ko ay gawa ng ahente… Sinuntok niya ako at pinalo ng patpat, pati sa binti ko. Sampung araw akong tumigil sa agency, at apat na araw lang akong nakakain."[99] Tumakas si Hasna M. patungo sa embahada, pero natakot siyang isumbong ang pang-aabuso dahil sa takot na dumating ang kanyang ahente at muli siyang bugbugin.

Kinailangan pa nina Farzana M. at mga kapwa domestic worker na pagplanuhan ang pagtakas sa nakakandadong agency na pinagkulungan sa kanila. Sabi niya, "Lima lahat kaming tumakas. Tumakas kami mula sa ground floor sa pamamagitan ng paglagay ng lamesa sa banyo at pagpatong ng silya sa bariles, at pagtalon sa bintana. Bubugbugin kami ng mga tauhan sa agency kung tumanggi kaming lumabas at magtrabaho."[100] Sabi ni Gina R., "Tatlo kaming Pilipino na… tumalon mula ikatlong palapag ng alas-tres ng umaga. Masama ang pagkatalon ko at nasaktan ako sa tadyang at siko kaya dinala ako sa ospital… Nilagyan ng molde ang paa ko. May Pilipinong dumaan noong nakatalon na kami at isinakay kami sa taxi at dinala sa ospital."[101]

Naidokumento namin ang tatlong kaso ng sekswal na panghahalay at pang-aabuso ng mga Saudi *recruitment agent* sa mga domestic worker. Halimbawa, sinabi ni Rosa L. sa Human Rights Watch,

> Minsan nakita kong tinawag [ng ahente] ang mga kasama kong babae, at umiiyak sila pagbalik. Noong tinanong ko sila kung ano ang nangyari, parang takot silang magkuwento. Tapos ako naman ang tinawag. Talagang pinagsamantalahan kami. Pinaghahalikan kami, hinipuan, pinagsamantalahan talaga kami. May asawa na ako, pero yung ibang babae dalaga pa at wala pang karanasan. Unang karanasan nila iyon. Naawa talaga ako sa kanila… Lumaban iyong isang Indonesian. Pagbalik niya puro pasa at may black eye.[102]

---

[99] Panayam ng Human Rights Watch kay Hasna M., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 6, 2006.

[100] Panayam ng Human Rights Watch kay Farzana M., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

[101] Panayam ng Human Rights Watch kay Gina R., domestic worker na Pilipina, Riyadh, Disyembre 7, 2006. .

[102] Panayam ng Human Rights Watch kay Rosa L., domestic worker na Pilipina, Riyadh, Disyembre 7, 2006. .

Pagkulong ng mga Amo sa Domestic Helper

> *Itinago ng amo ko ang aking pasaporte at iqama. Kinulong nila ako sa bahay at kinandaduhan mula sa labas. Hindi talaga ako makakalabas.*
> —Sri H., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006

> *Hindi ako pinayagang umuwi ng aking amo sa loob ng anim na taon at walong buwan… Hindi ako nakatanggap ng anumang sahod, kahit man lang isang riyal… Hindi naman ako pinagagalitan ng amo ko. Hindi niya ako sinaktan. Pero hindi niya ako pinayagang umuwi ng Indonesia.*
> —Siti Mujiati W., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Saudi Arabia, Disyembre 11, 2006

Gumagamit ang mga amo ng ilang paraan para epektibong mabitag ang domestic worker sa lugar na pinagtatrabahuan, kasama ang pagkandado sa loob ng bahay, pag-ipit ng sahod, pagkuha ng pasaporte, banta ng pananakit, at pagbibigay ng sobrang trabaho dito. Sabi ni Wati S. sa amin, "Hindi ako nakalabas, kahit na kasama ang amo ko. Hilig ko ang maglakad at tumingin-tingin, pero hindi pumapayag ang amo ko. Kinandado nila ako sa bahay at hinawakan ang susi. Wala akong susi."[103]

Kapag kontrolado ng amo ang pagkilos ng domestic worker hanggang sa puntong hindi na ito makatakas sa relasyon sa paggawa, kinakatawan na nito ang abusong katumbas ng pagkabusabos.

Pagkuha sa pasaporte

Bawat domestic worker na nakausap namin ay nagsabing kinuha ng kanyang amo ang pasaporte niya. Ito ay sa kabila na noong 2003 ang *UN Committee on the International Convention on the Elimination of all forms of Racial Discrimination (CERD)* ay nagsabing "ito ay nasisiyahan" na ang gobyernong Saudi ay gumawa na ng hakbang "para wakasan ang gawi ng mga amo na hawakan ang pasaporte ng

[103] **Panayam ng Human Rights Watch kay Wati S., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006.**

mga dayuhan nilang empleyado, partikular ang mga domestic worker."[104] Sa ilang kaso, hindi nakakakuha ang mga amo ng *iqama (residency permit)* para sa mga domestic worker, na naglalagay sa mga ito sa mas malaking panganib na madakip at ikulong kung tumakas sila na walang dalang dokumento. Ang mga ganitong gawi, kasama ang kapangyarihan ng mga amo na pigilan ang domestic worker na lumipat ng trabaho o lisanin ang bansa, ang nakakadagdag sa mga kalagayan ng sapilitang paggawa at pagkabusabos.

Isang kilalang lider ng isang asosasyon ng *recruitment agencies* ang nagsabing, "Hawak ko ang pasaporte ng aking domestic worker, para na siyang bahagi ng pamilya ko."[105] Nakausap namin ang maraming amo na ikinatwiran ang takot nilang mabuntis o tumakas ang mga domestic worker kaya nila hinihigpitan ang pagkilos ng mga ito. Sabi ng isang amo,

> Merong *social cost at financial cost* [sa pagbayad sa fees para kumuha ng domestic worker]. Amo ako ng isang katulong, isang drayber, at isang kusinero. Hindi pinapayagang lumabas ang maid. Sinasama ko kapag lumalabas kami ng aking pamilya. Pero kung lalabas siyang mag-isa, baka sumama siya sa isang dayuhan at mabuntis. Mahirap tanggapin ang ganitong bagay.[106]

Ang mga pangambang ito ay hindi katanggap-tanggap na katwiran para higpitan ang kilos ng mga kababaihan, o ibinatay sa hindi makatotohanang pag-tasa ng panganib. Halimbawa, humawak ang embahadang Indonesia noong 2007 ng 17 kaso ng nabuntis na mga domestic worker, na bahagi ng mula 600,000-900,000 na mga kababaihang nagtratrabaho sa Saudi Arabia.[107] Nirepaso ng Human Rights Watch ang ilang kaso ng mga domestic worker na nabuntis dahil sa panggagahasa. Pinoprotektahan ng International Law ang karapatang maging malaya at ang

---

[104] Tingnan ang pagtatapos ng Observations of the Committee on the Elimination of Racial Discrimination: Saudi Arabia, CERD/C/62/CO/8, March 21, 2003, para. 6.

[105] Panayam ng Human Rights Watch sa isang grupo ng recruitment agents, National Committee of Saudi Recruitment Agencies, Saudi Chamber of Commerce, Riyadh, Disyembre 12, 2006.

[106] Panayam ng Human Rights Watch sa isang among Saudi, Riyadh, Marso 8, 2008.

[107] Panayam ng Human Rights Watch sa isang opisyal ng embahada ng Indonesia na ayaw magpakilala, Marso 10, 2008.

kalayaan sa pakikisalamuha, na parehong hindi naibibigay kapag ang mga batas, patakaran, o pinapayagang gawi ay nagpapahintulot sa mga amo na pilit na ikulong ang mga domestic worker.

Mga amo ang nagdidikta sa kakayanan ng mga domestic worker na umuwi o bisitahin ang kanilang pamiya. Sabi ni Fatima N., "Hawak nila ang pasaporte ko… Tinago nila ang *iqama* ko. Pinapauwi na ako ng pamilya ko. Tinanong ko ang aking amo kung puwede na akong umuwi, pero palagi silang tumatanggi. Nalungkot ako, gusto ko nang makita ang mga magulang ko… Namatay ang tatay ko habang nandito ako kaya gusto ko nang umuwi. Nakiusap ako kung puwedeng makapunta sa libing ng tatay ko, pero hindi nila ako pinayagan."[108] Sa isa pang kaso, sinabi ni Chemmani R.,

> Sinabi ng tatay ko na… namatay ang nanay ko sa tsunami… namatay din ang aking lola, pinsan, ang pamangkin ko… Humingi ng pera ang tatay ko para sa pagpapagamot ng aking anak… Humiling ako ng pera sa amo ko, hindi sila nagbigay… Gusto ko nang umalis dahil bakit ako magtatagal dito kung hindi nila ako sasahuran para may maipadala ako sa aking anak. Binabastos din ako ni Baba [lalaking amo]. Wala akong pagkakataon na umalis dahil nakakandado lahat. Kapag umaalis sila Baba at Mama, kinakandado nila ang pinto mula sa labas. Hindi ako nakatakas dahil wala akong pagkakataon. Wala ring malapit na bahay.[109]

Sabi ni Sutiati,

> Siyam na taon at apat na buwan na akong nagtatrabaho dito. Sa buong panahon na iyon, hindi ko pa nadadalaw pamilya ko sa Indonesia. Nangako ang amo ko na puwede kong dalawin ang aking pamilya kapag nakakuha sila ng isa pang domestic worker. Pero hindi pa rin ako makaalis kahit dumating na iyong pangalawang domestic

[108] Panayam ng Human Rights Watch kay Fatima N., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006. .

[109] Panayam ng Human Rights Watch kay Chemmani R., umuwing domestic worker, Habaraduwa, Sri Lanka, Nobyembre 14, 2006. .

worker. Kailangan ng pera ng nanay at tatay ko. Kailangan nila na umuwi ako, pero ayaw akong paalisin ng amo ko. [110]

Sabi ni Sandra C. sa Human Rights Watch, "Sabi sa akin ng amo ko, 'kung gusto mong umuwi, umuwi ka! Pero hindi kita bibigyan ng tiket pauwi ng Pilipinas. Itatapon kita sa ibang bansa.' Tatlong taon na ang nakalipas at gusto ko nang umuwi."[111]

Paghihigpit sa komunikasyon

Hindi ko alam kung nag-asawa na ang mga anak ko.
—Sutiati S., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006

Gusto kong tawagan at sulatan ang pamilya ko. Sabi ng mga amo ko, "Dalawang taon kang walang contact sa pamilya mo."
—Chitra G., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 6, 2006

Sinabi ng mga domestic worker na pinagbawal ng amo nila na sila ay tumawag o tawagan sa telepono, makipagsulatan, at makipag-ugnayan sa kanilang pamilya o sa ibang migrante sa Saudi Arabia. Lalong nagiging bulnerable ang mga domestic worker dahil sa kanilang pagkabukod. Sa hanay ng mga domestic worker na nag-uulat ng ibang tipo ng problema kasama ang di pagpapasahod, pananakit, o hindi pagpapakain, halos lahat ay nag-ulat ng mahigpit na pagbabantay at kontrol sa kanilang komunikasyon.

Maraming domestic worker ang nagsabing hindi nila naihulog ang mga sulat na ginawa nila, o hindi nila natanggap ang mga sulat na padala sa kanila. Sabi ni Prema C., "Hindi ako makagamit ng telepono."[112] Hindi ibinibigay ang mga *long-distance* na tawag sa mga domestic worker, kahit na ginastusan ito nang malaki ng kanilang

[110] Panayam ng Human Rights Watch kay Sutiati S., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006. .

[111] Panayam ng Human Rights Watch kay Sandra C., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006.

[112] Panayam ng Human Rights Watch kay Prema C., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

pamilya. Halimbawa, sabi ni Adelina Y., "Wala akong contact sa pamilya ko na nasa probinsiya. Minsan tumawag ang nanay ko, pero hindi ibinigay ni Madam ang telepono sa akin. Sabi niya, 'Dapat magtrabaho ka.' Sabi pa niya, 'Tatakas ka kapag tumawag ang nanay mo.' Sabi ko, 'Madam, *calling card* ang gamit ng nanay ko at malaki ang ginagastos nila kapag tinatawagan ako.' Pero ayaw talaga niyang makausap ko ang aking pamilya."[113]

Nagdulot ang antas ng kontrol na ito ng pasakit sa maraming domestic worker, dahil hindi nila maibalita sa kanilang pamiya ang kalagayan nila o makarinig ng mahalagang balita galling sa kanilang bayan. Naisalamin ni Shanti A. ang nararamdaman ng maraming domestic worker nang sabihin niyang, "Hindi alam ng mga magulang ko sa Sri Lanka kung buhay pa ako."[114] Sabi ni Sandra C., "Namatay ang asawa ko dahil sa sakit sa bato. Wala kaming ugnayan at hindi ko nalaman."[115] Sabi ni Marilou R., isang domestic worker na Pilipina, "Hindi ako puwedeng makipag-usap sa mga kasamahan kong maid. Hindi ako pwedeng magkaroon ng mobile phone, tumawag sa Pilipinas, o sumulat. Anim na buwan na akong walang ugnayan sa bahay. Kaya palagi akong umiiyak. Nagtrabaho akong walang sahod at walang ugnayan sa aking pamilya."[116]

Ikinakandado ng ilang amo ang mga kuwarto na may telepono upang pigilan ang mga domestic worker na makipag-ugnayan sa labas, at pinagbabawalan ang mga domestic worker na magmay-ari ng cell phone. Sabi ni Fatima N., "Tinatago rin nila ang telepono sa kanilang kuwarto kapag umaalis sila para hindi ako makatawag."[117] Sa ilang kaso, tinangka ng mga domestic worker na magtago ng mga cell phone nang palihim, at nagpapabili sa mga kaibigan nila ng dagdag na *phone credit.*[118] Ang ilang mga kontrata ay idinidiin ang pagbabawal na magdala ng cell phone ang domestic worker sa Saudi Arabia. Tulad ng sinabi ni Cristina M., "Hindi ko nagawang

[113] Panayam ng Human Rights Watch kay Adelina Y., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006.

[114] Panayam ng Human Rights Watch kay Shanthi A., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

[115] Panayam ng Human Rights Watch kay Sandra C., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006.

[116] Panayam ng Human Rights Watch kay Marilou R., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Saudi Arabia, Disyembre 10, 2006. . .

[117] Panayam ng Human Rights Watch kay Fatima N., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006. .

[118] Panayam ng Human Rights Watch kay Dolores P., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 8, 2006.

makipag-ugnayan sa aking pamilya… wala akong mobile phone, kasi sabi sa kontrata na huwag magdala ng mobile phone, kaya ganon."

Pagkulong sa bahay ng amo

Dalawamput-apat (24) sa mga domestic worker na kinapanayam ng Human Rights Watch ang ikinulong ng mga amo nila sa bahay na pinagtatrabahuan at ikinandano mula sa labas. Sabi ni Cristina M., "Ikinakandado nila araw-araw ang bahay mula sa labas. Kaya umakyat ako sa bintana. Parang masisira ang ulo ko kapag naiiwan ako sa loob. Iniisip ko, 'Paano ako makakalabas ng bahay na ito?'"[119] Isa na ring anyo ng pang-aabuso, ang pinipigil ng pagkukulong na makatakas ang mga domestic worker mula sa iba pang tipo ng pang-aabuso o kaya ay makauwi para tumugon sa mga problema ng kanilang mga pamilya.

Naikuwento ng ilang domestic worker ang pagkulong sa kanila sa kuwarto o sa banyo bilang minsanang parusa o regular na gawi upang hindi sila makatakas. Sabi ni Eni M. sa amin, "Palagi akong kinukulong ng amo ko sa aking kuwarto mula 9:00 p.m. hanggang umaga."[120] Sabi ni Lilis H., "Kinukulong ako ng amo ko sa banyo kapag aalis ito. Nangyari ito sa loob ng walong buwan."[121] Karaniwang pinapataw ang ganitong mga parusa kapag hiningi ng mga domestic worker ang kanilang sahod o kaya magtangka silang tumakas. Halimbawa, matapos mabigong tumakas, sinabi ni Ponnamma S., "Simula noong araw na iyon, hindi na ako pinagamit ng telepono. Ikinulong din ako sa kuwarto at binugbog."[122]

Kahit na hindi sila ikinukulong ng mga amo sa loob ng bahay, napakadami pa rin ng trabaho para magkaroon ng oras ang mga domestic worker na lumabas ng bahay. Sabi ni Chandrika M., "Parang malaking kulungan ang Saudi Arabia. Puwede kang makalabas pero walan namang oras dahil sa dami ng trabaho."[123]

---

[119] Panayam ng Human Rights Watch kay Cristina M., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 10, 2006. .

[120] Panayam ng Human Rights Watch kay Eni M., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 8, 2006. .

[121] Panayam ng Human Rights Watch kay Lilis H., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006.

[122] Panayam ng Human Rights Watch kay Ponnamma S., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 14, 2006.

[123] Panayam ng Human Rights Watch kay Chandrika M., umuwing domestic worker, Kurunegala, Sri Lanka, Nobyembre 4, 2006.

Pagtakas

Napaka-limitado rin ng pagkakataong tumakas. Pagkaminsan, ang tanging paraan lang na makatakas ang mga domestic worker ay ang pagtalon sa bintana o hintayin ang mga bihirang pagkakataon na makalimutan ng amo nila na ikandado ang pinto at tarangkahan. Ilang manggagawa ang tumatakas sa oras na may makita silang pagkakataon, madalas kapag nakalimutan ng amo na ikandado ang pinto. Sabi ni Winarti N., "Nag-away minsan ang mga bata at naiwang bukas ang pinto. Tumakbo ako. Tumakbo akong palabas; iniwan ko na ang mga gamit ko."[124] Sabi ni Cristina M., "Sinisigawan at sinasampal kami ni Madam. Hindi ako makapagtrabaho kapag hindi nakakakain at nakakapahinga. Nakapagdala ako ng dalawang pantalon, dalawang bra, limang damit panloob. Sinuot ko lahat ang mga ito para makatipid sa oras. Sabay-sabay kaming tumakas 5:30 ng umaga habang nagdadasal ang mga amo namin. Tumalon ako sa bintana."[125]

Kahit na bukas ang pinto, maraming manggagawa ang atubiling tumakas dahil hindi nila hawak ang kanilang mga dokumento o kaya ay takot na maakusahan ng kung anong krimen. Malupit ang trato ng gobyernong Saudi sa mga tumatakas na domestic worker at mabagsik ang parusa sa pagnanakaw. Sabi ni Prema C., "Tatlong beses silang nagbakasyon at iniiwan nila ako sa bahay. Hindi rin kinakandado ang pinto. [Pero] hawak nila ang aking pasaporte… Gusto ko nang umuwi sa Sri Lanka. Hindi ako makaalis dahil wala akong *iqama*."[126] Sabi ni Dammayanthi K., "Ipinasya ko na lang na ituloy ang pagtatrabaho kasi hawak ng mga amo ko ang aking pasaporte at sila ang bibili ng tiket para sa pag-uwi ko… Hindi ko alam kung paano umalis ng bahay at gumala mag-isa. At kung tatakas ako, baka gumawa sila ng kuwento na nagnakaw ako ng gamit nila at tumakas."[127]

Sa ilang kaso, tumatakas ang mga domestic worker patungo sa embahada o konsulado. Ang iba naman ay lumalapit sa pulis. At ang iba ay humihingi ng tulong sa ibang migrante. Halimbawa, sinabi sa amin ni Lili S.,

---

[124] Panayam ng Human Rights Watch kay Winarti N., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006.

[125] Panayam ng Human Rights Watch kay Cristina M., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 10, 2006.

[126] Panayam ng Human Rights Watch kay Prema C., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006. .

[127] Panayam ng Human Rights Watch kay Dammayanthi K., umuwing domestic worker, Kandy, Sri Lanka, Disyembre 10, 2006.

> Bagong bugbog ako ng aking amo noong araw na tumakas ako. Pinalo niya ako ng kable sa buong katawan ko. Pinapasok niya ako sa banyo para bugbugin pa uli. Noong papunta na ako sa banyo, nakita ko ang susi at saka ako nagtatakbo… Nagtago ako sa likod ng hagdanan hanggang makita ko ang isang Pakistani na taga-deliver. Humingi ako ng tulong niya. Sabi niya, "Isa kang Muslim, isa akong Muslim. Huwag kang matakot, sasamahan kita sa konsulado, sa mga kababayan nating Indonesian."[128]

Ilang migrant worker ang nakahanap ng mga bagong paraan para tumulong sa kanilang mga kababayan na nasa gipit na kalagayan. Ang mga Pilipinong migrante ay naglunsad ng isang *mobile telephone hotline.* Inaanunsiyo nila ang number ng hotline na ito gamit ang *informal* na *network* sa komunidad. Kapag ang isang domestic worker na nagigipit o nasa panganib ay magkaroon ng pagkakataon, gamit ang naitago o nahiram na mobile phone, maaari siyang magpadala ng text message sa hotline at ang mensahe niya ay tatanggapin ng isang kapwa migrante, isang NGO sa Pilipinas, at Embahada ng Pilipinas.[129] Matapos silang makipag-ugnayan, kanilang papayuhan ang migrante sa mga hakbang na puwede niyang gawin. Isang Indonesian na kasali sa isang mas hindi pormal na support group ang nagsabing, "Hindi nila alam ang itsura ko, hindi kami nagkikita, nagkakausap lang kami sa telepono. Ikinakalat ang number ng telepono sa pamamagitan ng bulungan."[130]

Maliban dito, kakaunti ang mga puwedeng lapitan ng domestic worker. Gaya ng naka-detalye sa ibang bahagi ng ulat na ito, ilang *labor agent* at pulis ang tumutulong sa mga domestic worker. Ang iba naman ay pinipilit ang mga domestic worker na ibalik sa malupit na amo.

Habang ang mga manggagawa sa Riyadh at Jeddah ay makakahingi ng tulong sa kanilang mga embahada at konsulado, wala namang puwedeng lapitan ang mga nasa ibang siyudad. Halimbawa, nagtrabaho si Sri H. sa isang maliit na siyudad na

---

[128] **Panayam ng Human Rights Watch kay Lilis H., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006.**

[129] **Panayam ng Human Rights Watch kay Daniel S., Pilipinong migrant worker at aktibista, Riyadh, Nobyembre 29, 2006.**

[130] **Panayam ng Human Rights Watch kay Edi L., migrant worker na Indonesian at miyambro ng isang informal na support group, Riyadh, Disyembre 2, 2006..**

walang embassy o konsulado. Sabi niya, "Ilang beses akong nagtangkang tumakas pero lagi akong bigo dahil sa layo." [131]

Lalong humihigpit ang kanilang kalagayan sanhi ng limitadong kalayaan ng mga kababaihan sa Saudi Arabia na magbiyahe at ang panganib na bumiyaheng mag-isa na hindi kasama ang *sponsor*. Ang mga domestic worker na nakakatakas ay maaaring wala namang perang pambayad sa taxi o hindi makatanggap ng tulong ng lalaking migrante dahil puwede silang makasuhan ng krimeng nakaugnay sa moralidad. Isang babae na hindi sinahuran sa loob ng anim na taon ay nagsabing, "Hindi ako makatakas. Nasa Yanbu ako… Takot akong tumakas dahil walang taxi."[132]

Sa ilang kaso, ang tanging paraan lang para makatakas ang mga migrant worker ay kapag grabe na ang kanilang kalusugan at nangangailangan na silang dalhin sa ospital. SInabi ni Sevandhi R. sa Human Rights Watch na, "ikinulong ako ng amo ko sa aking kuwarto sa loob ng apat na araw at saka ito umalis… Apat na araw akong walang pagkain at tubig. Hinimatay ako. Dinala nila ako sa ospital at bumili [ang amo ko] ng tiket [para sa pag-uwi ko]."[133]

Iyong mga gustong patuloy na magtrabaho sa Saudi Arabia ay napipilitang makipagsapalarang tumakas para makahanap ng ibang trabaho bilang mga undocumented worker. Ikwinento ni Marisa G., isang domestic worker na Pilipina, ang pagtakas niya sa kanyang amo at pagpunta sa Jeddah na nakatago sa likod ng isang truck ng mga paninda. Sabi niya, "Apat kaming Pilipina. Nagbayad kami ng 50 riyals [$50]. Labing-limang [15] oras kaming nagbiyahe. Nahilo ako. Tuloy-tuloy ang biyahe. Walang ilaw at walang bintana ang truck. Saradong-sarado ito. Kinabahan ako."[134]

Yaong mga nakakahanap ng ibang trabaho ay karaniwang nakakatagpo ng among magbabayad ng mas mataas na sahod at maluwag na trabahong part-time. Malamang na ang mga among ito ay hindi nabigyan ng permiso na kumuha ng

[131] Panayam ng Human Rights Watch kay Sri H., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006.

[132] Panayam ng Human Rights Watch kay Siti Mujiati W., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006.

[133] Panayam ng Human Rights Watch kay Sevandhi R., umuwing domestic worker, Katunayake, Sri Lanka, Nobyembre 1, 2006.

[134] Panayam ng Human Rights Watch kay Marisa G., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 8, 2006. .

domestic worker, at handang magbayad ng mas mataas sa pagkuha ng manggagawa na labas sa ligal na pamamaraan. Sabi ni Chemmani R. matapos ang pagtakas niya, “Nanatili ako [sa mosque] at kilala ko sina Babas at Mamas. Maraming lalaki at babae ang pumupunta doon para kumuha ng magiging katulong… May isang babae na dumating a t nakita ako. Sabi niya sasahuran niya ako ng 700 riyal [$182] at dalawang anak niyang bata ang aalagaan ko… Hawak pa ng dati kong Baba ang aking pasaporte… iyon ang dahilan kaya niya [ang babae] ako babayaran ng mas malaki. Magbabayad siya ng dagdag na 300 riyal dahil nananatili ako doon na walang hawak na pasaporte o bias. At alam niya na pag kailangan ko nang umuwi sa Sri Lanka ay kailangang pumunta ako sa embahada.”[135]

[135] Panayam ng Human Rights Watch kay Chemmani R., umuwing domestic worker, Habaraduwa, Sri Lanka, Nobyembre 14, 2006.

VII. Psychological, Pisikal at Seksuwal na Pang-aabuso

Binugbog niya ako hanggang parang masusunog na ang katawan ko. Halos araw-araw niya akong binubugbog. Ihahampas niya ang ulo ko sa kalan hanggang mamaga ito. Pinukol niya ako ng kutsilyo pero nakailag ako. Nagkaroon ako ng malaki at maiitim na pasa sa braso na pinagpupukpok niya ng sandok. Pinukpok niya ako ng pinukpok hanggang mabali yung sandok. Nag-umpisa ang ganitong trato sa akin sa unang linggo palang ng pagdating ko. Iyong amo kong babae ang ganito ang trato sa akin. Mabait yung lalaki… Sisigawan niya ako, "Sana mamatay ka na! Sana mamatay na ang pamilya mo! Sana mabaldado ka!" Hindi niya ako sinahuran sa loob ng sampung buwan. Naisip ko mamamatay ako kung di ako tatakas.

—Wati S., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006

Sa maraming kaso, naranasan ng mga domestic worker ang pinaghalong *psychological*, pisikal, at seksuwal na pang-aabuso. Marami ring domestic worker ang nag-ulat na hindi sila pinakain ng maayos ng kanilang mga amo. Iniulat ng mga embahada ng Indonesia at Sri Lanka na 10-19 porsiyento ng mga reklamo nilang natatanggap ay kaso ng pisikal na pananakit at pagmaltrato, samantalang 6-8 porsiyento naman ang *sexual harassment* at panggagahasa.[136] Pamilyar ang Human Rights Watch sa anim na kaso noong 2007 kung saan anim na domestic worker sa Saudi Arabia ang namatay dahil sa mga tinamong sugat.

Ang pagkabukod ng mga domestic worker sa loob ng mga pribadong bahay at ang hindi pantay na katayuan ng mga amo at kanilang manggagawa ang nagpapataas ng banta ng ganitong pang-aabuso. Natatagalan ng mga migrante nang ilang buwan o taon ang pang-aabuso dahil sa kanilang pagkakabukod sa bahay na pinagtatrabahuan, kawalan ng impormasyon kung saan puwedeng humingi ng

[136] **"Record of Placement and Protection: Indonesian Migrant Workers (TKI) in Saudi Arabia, 2007," Galing ang datos sa embahada ng Indonesia, Marso 10, 2008; at panayam ng Human Rights Watch sa isang opisyal ng embahada ng Sri Lanka na ayaw magpakilala, Riyadh, Marso 2008.**

tulong, mga balakid sa paglapit sa mga awtoridad, at matinding pangangailangan sa pera na dahilan ng pagdadalawang-isip nilang iwanan ang trabaho.

Regular na naglalabas ng mga hindi pangkaraniwang kaso ng pang-aabuso ang mga pahayagan sa Saudi Arabia, Indonesia, Sri Lanka, at Pilipinas, kilalang-kilala ang kaso ni Nour Miyati (tinalakay sa Chapter V, sa itaas), na hindi pinakain, binugbog, at ikinulong ng kanyang mga amo hanggang dapuan siya ng kanggrena. Habang ang ibang kaso ay nabibigyan ng international na atensiyon, sangkatutak na kaso naman ang hindi naiuulat o hindi napapansin.

Psychological na Pang-aabuso at Pambubuska

> *Puro masasakit na salita ang naririnig ko sa kanya, gaya ng "isa kang aso, mahirap ka lang, katulong ka lang dito." Sabi ko, "Oo, katulong ako." Galit siya araw-araw. Naiinggit siya sa akin. Sabi niya, "Huwag mong kakausapin ang iyong Baba. Papatayin kita pag kinausap mo siya." Sabi ko parang tatay lang ang turing ko kay Baba. Sabi niya, "Huwag mong sasabihin yan, hindi ka naman sanggol…" Narinig ko na lahat ng masasakit na salita mula sa kanya. Sabi niya sa akin, "Baliw ka, basura ka." Nasaktan ako. Sabi ko, "Tao ako." Sagot niya, "Hindi ka tao, hayop ka."*
>
> —Adelina Y., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006

Ang higit na nakararami sa mga domestic worker na nakapanayam ng Human Rights Watch ang nag-ulat ng ibang anyo ng *psychological* na pang-aabuso o pambubuska, kasama ang paninigaw, pang-iinsulto, pagmamaliit, pananakot, at panghihiya. Karaniwang pinagsasabay ng mga amo ang *psychological*, *verbal*, at pisikal na pang-aabuso sa mga domestic worker. Sabi ni Leilani P., "Si Madam… sinuntok ako, sinipa ako. Kapag nagagalit siya, hahablutin niya ang buhok ko at sasampalin ako. Palagi niyang sinasabi sa akin na tae raw ako. Madumi ang bibig niya. Sabi niya, "Sinungaling ka, tae ka.'"[137] Sa ibang kaso naman, gustong kontrolin ng mga amo

[137] **Panayam ng Human Rights Watch kay Leilani P., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006.**

ang bawat galaw ng domestic worker. Sabi ni Mina S., “Kailangan kong humingi ng permiso kapag magdadasal, iihi, o pupunta sa banyo.”[138]

Minsan lalong pinapahiya ng amo ang mga mangggawa kapag iginiit ng mga ito ang kanilang karapatan. Sabi ni Shanika R., isang payat at kalbong babae noong araw ng kanyang panayam sa Human Rights Watch, “Sinabi ko [sa aking amo] na ‘May anak akong paslit, ibigay mo na sa akin ang sahod ko…’ Humingi ako ng suweldo at kinalbo nila ako… Tuwing hihingi ako ng sahod, puputulan nila ang buhok ko. Pero noong huling beses kinalbo na nila ako”[139] Ang ibang mga domestic worker ay minabuting lumaban na lang, sa kabila ng panganib ng mas grabeng pang-aabuso. Sabi ni Eni M., “Araw-araw nila akong sinisigawan at sinasaktan… Binabato ako ng silya ng amo kong lalaki. Tinatawag nila akong hayop. Kapag sinisigawan nila ako, nakakaramdam ako ng lakas at lumalaban ako.”[140]

Isang karaniwang padron (*pattern)* ang pang-iinsulto ng mga amo habang labis at paulit-ulit na pinipintasan ang paggampan ng gawain ng mga domestic worker, madalas na pinauulit ng ilang beses ang trabaho. Sabi ni Lucy T., “Kapag hindi niya nagustuhan ang pagkain, itatapon niya ang bandehado habang nagsisisigaw.”[141] Sabi ni Mina S.,

> Tatanungin ako ng amo ko, “Anong oras ka gumising?” Kapag sinabi ko ang totoo, ako ang mali at kapag hindi ako nagsabi ng totoo, ako pa rin ang mali. Kapag may ginawa akong trabaho, tatanungin niya ako, “Bakit mo ginawa iyan nang hindi ko nalalaman, Ikaw ba ang may-ari nitong bahay?” Kapag wala naman akong ginawa, sasabihin niya wala akong utak. Ano na lang ang gagawin ko?”[142]

Maraming mga domestic worker ang nag-ulat na parang hayop ang trato sa kanila, o masahol pa sa alagang hayop sa bahay. Madumi naman ang tingin at parang

---

[138] Panayam ng Human Rights Watch kay Mina S., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Marso 12, 2008. .

[139] Panayam ng Human Rights Watch kay Shanika R., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 14, 2006.

[140] Panayam ng Human Rights Watch kay Eni M., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 8, 2006.

[141] Panayam ng Human Rights Watch kay Lucy T., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 8, 2006.

[142] Panayam ng Human Rights Watch kay Mina S., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Marso 12, 2008.

nandidiri ang ibang amo sa mga domestic worker, at parang makakahawa kung madikit ang mga ito sa kanila. Sinabi ng isang Pilipinang migrante, si Nur A., "Parang aso ang trato nila sa akin, hindi isang tao. Ganito ang trato sa akin ng buong pamilya… Lahat ng bagay dapat nakahiwalay sa akin. Hindi ako pinapayagang lumapit sa kanila. Kahit mga damit ko hindi pwedeng ilagay sa *washing machine*. Kailangan kamayin ko at ihiwalay ang paglalaba sa mga damit ko. Iba rin ang ipinagamit sa aking kutsara at tinidor."[143]

Naging salik din ang *racism* at diskriminasyon sa mga hindi Muslim sa trato ng ilang amo sa manggagawa na parang hindi tao ang mga ito. Sinabi sa Human Rights Watch ni Dammayanthi K., isang manggagawang Sri Lankan, "Napakasama ng trato nila sa mga hindi Muslim. Noong malaman nila na hindi ako Muslim, palagi na nila akong sinisigawan ng salitang *infidel*… Hindi talaga nila ako gusto dahil hindi ako Muslim… Sinisigawan din akong, "aso," at "toro."[144]

Dinuduro din ng mga amo ang manggagawa sa pamamagitan ng pananakot na sasaktan ito, papatayin, at pagtapon ng bangkay ng mga ito sa basurahan. Halimbawa, isang domestic worker na Sri Lankan ang nagsabi, "Sinasaktan nila ako. Sabi nila papasuin nila ako ng plantsa. Sinampal niya ako at sinabing paplantsahin niya ang mukha ko. Natakot ako at tumakas."[145]

Pisikal na Pang-aabuso

> *Namamalantsa ako at inutusan ako ng amo kong babae na ipagtimpla siya ng tsaa. Sabi ko tatapusin ko muna ang pamamalantsa para mabunot sa koryente ang plantsa. May mga bata kasi at natakot ako na baka paglaruan nila ang plantsa… Nagalit siya at hinablot ang plantsa at pinaso ang kamay ko.*
>
> —Sithy M., umuwing domestic worker, Habaraduwa, Sri Lanka, Nobyembre 14, 2006

[143] Panayam ng Human Rights Watch kay Nur A., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 7, 2006. .

[144] Panayam ng Human Rights Watch kay Dammayanthi K., umuwing domestic worker, Kandy, Sri Lanka, Nobyembre 10, 2006.

[145] Panayam ng Human Rights Watch kay Indrani P., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

Maraming mga migranteng domestic worker ang may sariwang sugat o peklat na dulot ng pisikal na pang-aabuso. Sa ilang kaso, napakagrabe ng pisikal na pang-aabuso na kinailangang ma-ospital o namatay ang mga migranteng kababaihan. Isang halimbawa, noong Agosto 2007, pinagbintangan ng isang pamilyang Saudi ang apat na domestic worker na Indonesian ng pagkulam sa kanilang anak na lalaki. Sobra ang ginawang pambubugbog sa mga manggagawa na ikinamatay ng dalawa at naglagay naman sa dalawa pa sa *Intensive Care Unit* ng isang ospital.[146] Si Shanika R., na kinalbo ng kanyang amo nang humingi siya ng sahod, ay nabungian ng ngipin at ipinakita ang maraming peklat sa kaniyang bisig, balikat, at ulo sa isang tagapanayam ng Human Rights Watch. Sabi niya,

> Pinutol din [ng amo kong babae] ang mga daliri ko. Piningas din niya ang dalawa kong tenga. Pinainom niya ako ng Clorox… Talagang nakakatakot! Binantaan niya akong papatayin. Sabi niya papatayin niya ako pagkatapos ng Ramadan… Natakot ako at tumakas. Hindi ako dapat sumagot kapag sinisigawan niya ako. Kailangang nakababa ang kamay ko. Hindi ko puwedeng itaas ang kamay ko hanggat hindi pa tapos ang pangbubugbog niya sa akin. Natakot [ang mga amo ko} na tatakas ako kaya tatlong araw nila akong ikinulong sa banyo. Binunot nila ang mga kuko ko.[147]

Madalas na ipinagbabawal ng mga abusadong amo na magpagamot ang mga domestic worker matapos nilang bugbugin ang mga ito. Sabi ni Lilis H., isang 25-taon na babaeng Indonesian na may peklat sa ibaba ng kanyang mata, "Hinampas ako ng aking among babae ng kable. Pinalo niya ako ng kahoy na patpat sa ulo. Mataba at ilang talampakan ang haba noong patpat. Araw-araw niya akong binubugbog. Sinusuntok niya ako sa mata at likod. Namaga ang aking ulo at meron akong mga peklat. Hindi ako nakapagpatingin sa ospital."[148] Sabi ni Sisi R., "Nagpainit sa baga ang amo ko ng kutsilyo at idinikit ito sa aking pisngi. Inutusan

---

[146] Panayam sa telepono ng Human Rights Watch kay Nasser Al-Dandani, abogado ng embahada ng Indonesia, Riyadh, Agosto 14, 2007; Ridwan Max Sijabat, "Two RI workers dead, two others hospitalized in Saudi Arabia," The Jakarta Post, August 13, 2007; "Saudi Arabia: Migrant Domestics Killed by Employers," news release ng Human Rights Watch, Agosto 17, 2007 http://hrw.org/english/docs/2007/08/17/saudia16699.htm.

[147] Panayam ng Human Rights Watch kay Shanika R., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 14, 2006.

[148] Panayam ng Human Rights Watch kay Lilis H., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006.

niya akong ilabas ang dila ko at inilapat ang mainit na kutsilyo sa aking dila. Makalipas ang isang linggo ay tumakas ako… Hindi nila ako dinala sa ospital kahit nasugatan ako sa pangbubugbog nila."[149]

Maraming kababaihan ang nagsabing lumala ang pambubugbog sa kanila kapag humingi sila ng sahod, humiling na pauwiin na sila, o iginiit ang kanilang karapatan. Habang ginagaya ang kanyang amo sa pagkuha ng kutsilyo at pagtutok nito sa kanyang ulo, sinabi ni Ponnamma S., 52-taong domestic worker,

> Sa loob ng isang taon at limang buwan, wala akong natanggap [na suweldo]. Pag humingi ako ng pera, bubugbugin nila ako, susugatan ng kutsilyo, o papasuin. Pinupukpok din ako sa ulo. Itong braso ko hiniwa nila ng kutsilyo. May mga peklat sa likod ko. Masakit ang buong katawan ko. Bugbog-sarado ako. Inuuntog nila ang ulo ko sa pader. Kapag humingi ako ng sahod, merong kasunod na pananakit.[150]

Nakapanayam namin si Sevandhi R. sa araw ng pag-uwi niya sa Sri Lanka mula sa Saudi Arabia. Meron siyang mga marka ng paso sa braso. Sabi niya, "Noong hilingin ko na makatawag sa Sri Lanka, binugbog ako [ng aking amo]. Pinaso ako ng plantsa ng amo kong babae. Nagsimulang sumakit ang ulo ko matapos niya akong paluin sa ulo… Noong hingin ko ang aking sahod, bingbog niya ako."[151] Si Padma S., na nakilala rin namin sa Sri Lanka, ay binanlian ng kumukulong tubig sa kanyang braso noong ipagtanggol niya ang kanyang sarili: "Pinalo ako [ng aking amo] sa ulo ng walis, hanggang ngayon masakit pa. Noong pangalawang beses na uulitin niya ito, hinampas ko siya ng tsinelas ko. Umasta ang amo kong babae na bubugbugin ako… Kumuha siya ng mainit na tubig at babanlian na ako. Itinaas ko ang aking mga braso para takpan ang mukha ko."[152]

Ilang mga domestic worker ang nagsabi sa Human Rights Watch na karaniwan nang nagaganap ang pisikal na pang-aabuso. Halimbawa, sinabi ni Winarti N., "Madalas

---

[149] Panayam ng Human Rights Watch kay Sisi R., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Marso 11, 2008. .

[150] Panayam ng Human Rights Watch kay Ponnamma S., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 14, 2006.

[151] Panayam ng Human Rights Watch kay Sevandhi R., umuwing domestic worker, Katunayake, Sri Lanka, Nobyembre 1, 2006.

[152] Panayam ng Human Rights Watch kay Padma S., umuwing domestic worker, Katunayake, Sri Lanka, Nobyembre 1, 2006.

akong bugbugin ng amo ko. Sinasampal ako. Hinahablot ang buhok ko. Kahit anong mahawakan ibinabato sa akin. Araw-araw o tuwing makalawang araw niya itong ginagawa. ”[153]

Hindi Pagpapakain ng Sapat

> *Kinakandado ng mga amo ko ang refrigerator at binibilang ang mga laman nito.*
>
> —Marisa G., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 8, 2006

Isang madalas na anyo ng pag-mamaltrato na lalong nagpapatingkad ng mababang katayuan ng mga domestic worker sa loob ng bahay na pinagtatrabahuan ay ang hindi pagpapakain sa kanila ng sapat. Sa 86 na domestic worker na nakapanayam ng Human Rights Watch para sa ulat na ito, 32 ang nagsabing kulang o panis ang pinapakain sa kanila. Makakapagdulot ito ng pagpayat o pagkakasakit para sa mga domestic worker. Si Nour Miyati, na tinalakay na sa unang bahagi, ay nagsabi sa Human Rights Watch, : Noong dumating ako sa Saudi Arabia, 60 kilo ang timbang ko. Noong bandang huli ay 45 kilo na lamang ito.”[154]

Maraming domestic worker ang umangal na kulang ang binibigay sa kanilang oras para sa pagkain o kaya ay pinapagalitan sila kapag humingi sila ng dagdag na pagkain. Sabi ni Malini S., “Konting-konti lang ang pinapakain sa akin. Habang kumakain ako ay halos isandaang beses akong uutusan. Bandang huli ay napuno na ako at itinapon ko ang pagkain. Palagi nila akong pinapagalitan at minumura habang ako’y kumakain.”[155]

Ilang amo ang nagbabanta ng pambubugbog kapag kumain ng sobra ang domestic worker, o ginagamit na parusa ang hindi pagpapakain sa mga “pagkakamali” sa paggampan ng gawaing bahay. Sabi ni Mina S.,

---

[153] Panayam ng Human Rights Watch kay Winarti N., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006. .

[154] Panayam ng Human Rights Watch kay Nour Miyati, domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006. .

[155] Panayam ng Human Rights Watch kay Malini S., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

> Salbahe ang amo kong babae. Noong una pinapakain ako, pero noong bandang huli hindi na ako pinapakain. Minsan dalawang araw akong hindi pinakain kaya uminom na lang ako ng tubig sa gripo. Minsan gutom na gutom ako noong alas dos (2 a.m.) ng umaga. Kinain ko ng palihim yung panis na pagkain sa basurahan. Nag-ingat din ako na makita niya ako, kasi hahampasin niya ako ng kable ng koryente.[156]

Sabi ni Teresa O., na masama ang loob, "Kulang talaga ang nakakain ko. Minsan dalawang beses akong nakakakain sa isang araw. Hindi regular ang kain ko. Gutom na gutom talaga ako at kulang ang oras sa pagkain. Pagod ako… at gutom sa araw… hindi nila ako pinapayagang bumili ng pagkain ko… talagang sumama ang loob ko."[157]

Sexual Harassment at Pang-aabuso

> *Palaging nagtatangka ang aking amo na gahasain ako. Tumatanggi ako dahil meron akong asawa at anak. [Nagsimulang umiyak] Napilitan akong magtrabaho sa loob ng walong buwan dahil may utang ako na dapat bayaran sa amin. Nagkautang ako sa kapitbahay namin na ginamit sa pagpapagamot sa ospital ng mga anak ko. Walang trabaho ang asawa ko.*
>
> *Nooong gabi ng Eid al-Fitr, nasa labas lahat ng tao. Pinaglinis ako ng parteng ibaba ng bahay, kung saan natutulog ang amo kong lalake. Wlang ibang tao sa ibaba maliban sa kanya na nakita kong nakahubad. GInahasa niya ako. Tinulak niya ako. TInangka kong lumaban pero napakalakas niya. Ginahasa niya ako sa sofa.*

[156] Panayam ng Human Rights Watch kay Mina S., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Marso 12, 2008. .

[157] Panayam ng Human Rights Watch kay Teresa O., domestic worker na Pilipina, Riyadh, Disyembre 7, 2006.

Sabi niya, "Hindi kita pinagsamantalahan dahil malaki naman ang ginastos ko sa iyo." Sabi ko, "Pinagsamantalahan mo ako dahil ginahasa mo ako."

—Isdiah B., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006

Dalawamput-walo (28) sa 86 mga domestic worker na aming nakapanayam ang nag-ulat ng *sexual harassment* o pagdaluhong ng kanilang mga amo o ng mga *agent*. Pinatotohanan ng opisyal ng mga embahada ang sexual violence ay isang pangunahing reklamo sa hanay ng mga babaeng humihingi ng tulong. Karaniwan, ang mga lalaking amo o kanilang kaanak, kasama ang mga binatilyo at binatang anak na lalaki, ang may kasalanan sa ganitong mga pang-aabuso. Saklaw nito ang panghihipo, pagyakap, at paghalik, hanggang sa paulit-ulit na paggahasa. Halimbawa, isinalarawan ni Chamali W. ang karanasan niya sa *sexual harassment* mula sa dalawang anak na lalaki ng kanyang amo: "Mabait sila sa akin noong unang anim o pitong buwan ko roon. Tapos nagsimula silang mambastos. Naglililis sila ng pantalon. May litrato ng mga hubad na babae sa kanilang mobile phone at ipinakita nila ito sa akin."[158]

Sa ilang kaso, nililigalig ng mga amo ang kababaihan sa pamamagitan ng pag-alok ng pera kapalit ng pakikipagtalik o pagbabanta na hindi sila sasahuran kung hindi sila magpapagahasa. Sabi ni Nining W., "Nililigalig ako ng aking amo… Noong hiningi ko ang aking sahod, sabi niya makipagtalik daw muna ako sa kanya. Kapag tulog ang amo kong babae, pupuntahan niya ako, yayakapin, at tatangkaing halikan. Sabi niya sa akin, '*Do me up and down*.' Noong tanungin ko, 'Ano iyon?' sabi niya, 'Babae ka, dapat alam mo iyon.'"[159] Sa isa pang kaso, tumakas si Lili S. sa bahay ng kanyang amo kasi, "takot ako sa 25-taong anak niyang binata. Isang beses… pinaupo niya ako, at sinabing gusto raw niya ako. Tinanong niya kung gusto kong magkapera. Sabi ko ayoko. Pinakita ko ang litrato ng aking asawa at anak. Tiningnan niya ito saka siya humalakhak."[160] Sabi ni Sutiati S., "Inaakit ako ng aking amo kapag ako ay nag-iisa, pero ang sabi ko ang gusto ko lang ay perang *halai*

[158] Panayam ng Human Rights Watch kay Chamali W., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 14, 2006. .

[159] Panayam ng Human Rights Watch kay Nining W., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 6, 2006. .

[160] Panayam ng Human Rights Watch kay Lina B., domestic worker na Pilipina, Riyadh, Disyembre 7, 2006.

[pinahihintulutan sa batas ng Islam]. Hindi ko gagawin ang ganyang mga bagay. Nagalit ako. Gusto ko lang ay magtrabaho ng maayos at marangal. Iyon lang.”[161]

Iba-iba ang naging karanasan ng mga kababaihang nakapanayam ng Human Rights Watch kapag sila ay nagtangkang lumaban o magreklamo tungkol sa mga insidente ng *sexual harassment* at karahasan. Hinalay ng kanyang among lalaki si Kamala K. at binugbog ang asawa nito nang siya ay pagsabihan sa kanyang kabastusan. Tumakas si Kamala K. matapos ang dalawang buwang *harassment*. Tungkol sa kanyang mga hakbang na puwedeng gawin, sabi niya, “Anong magagawa natin? Hindi niya ako sinaktan. Binigay niya ang sahod ko. Hindi ako puwedeng magreklamo.”[162] Sa ilang kaso, naiipit ang mga domestic worker sa mga mapang-abusong kalagayan. Ang iba naman ay nakukuhang umalis sa trabaho o kaya ay nakakatakas. Susi rito ang dali ng paglapit sa mga shelter. Matapos siyang gahasain ng 20-anyos na anak na binata ng kanyang amo, sabi ni Dian W., “Gusto ko nang tumakas at pumunta ako sa shelter ng embahada.”[163]

Sa ibang kaso, takot ang mga domestic worker na sila ay gantihan kapag humingi sila ng tulong o sisantehin dahil sa pagsisinungaling kapag sila ay magreklamo. Sabi ni Amihan S., “Isang beses lang akong ginahasa [ng aking amo]. Simula noong Nobyembre 22, dinugo ako sa loob ng tatlong araw. Gusto kong lapitan ang amo kong babae, pero takot ako… Hindi ako makalapit sa amo ko. Nagkukulong ako sa banyo hanggang makaalis siya ng bahay [tuwing umaga]. Noong matapos niya akong gahasain, sabi niya, ‘Huwag kang magsusumbong sa asawa ko. Hindi ako nagsumbong sa amo kong babae dahil baka mahuli ako ng amo kong lalaki.’”[164] Sabi ni Nur A.,

> Sabi ng amo kong babae, ‘Sinungaling ka’ noong isumbong ko ang ginawa sa akin ng kapatid na lalaki ng amo kong lalaki. Minsan lumalabas ng bahay ang nanay ng amo ko, at doon ako ginagahasa ng kapatid ng aking amo. Malaki siyang mama. Wala akong magawa.

[161] Panayam ng Human Rights Watch kay Sutiati S., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006.

[162] Panayam ng Human Rights Watch kay Kamala K., domestic worker na Nepalese, Riyadh, Marso 10, 2008.

[163] Panayam ng Human Rights Watch kay Dian W., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Marso 10, 2008.

[164] Panayam ng Human Rights Watch kay Amihan F., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 10, 2006. .

> Tatlong beses itong nangyari. Noong unang beses nasa banyo ako. Hinablot niya ang buhok at saka ako kinaladkad papunta sa kuwarto. Walang saysay kung magrereklamo ako dahil wala namang maniniwala sa akin.”[165]

Ilang mga domestic worker ang nagkuwento ng tindi ng kanilang pangangailangan na kumita ng pera para ipadala sa kanilang mga pamilya. Pakiramdam nila na kailangan nilang tiisin ang pang-aabuso para lamang malutas ang problema ng kanilang pamilya. Si Isdiah B., na tinalakay na sa bandang itaas, ay umiyak nang sinabi niya sa Human Rights Watch na, “Nangutang ako ng 2 milyong rupiah sa kapitbahay ko. Ngayon 5 milyon na ang dapat kong bayaran. Iyong iba kong utang umabot na ng 10 milyon. Kukunin nila ang lupa’t bahay namin kung hindi kami makakabayad ng utang. Hindi na bale ‘yung bahay, pero mahalaga sa amin iyong lupa.[166]

Maaaring takutin ng mga amo ang mga domestic worker ng pagganti, kasama ang dagdag pang karahasan, kapag isumbong ng mga ito ang pang-aabuso. Sabi ni Kumari G., “Sa loob ng tatlong araw, lumalapit sa akin ang amo ko at nang-aakit. Sabi ko, ‘Sasabihin ko ito sa asawa mo’ Sabi niya, ‘Kung magsusumbong ka sa asawa ko, papatayin kita.’”[167] Sabi ni Chamali W.,

> Ipinakuha ng binatang anak ng amo ko ang mobile phone niya. Bigla na lang ay niyakap niya ako. Pinukpok ko siya ng plantsa. Naagaw niya ang plantsa at ibinato ito. Hinawakan niya ako sa braso at kinaladkad sa isang kuwarto. Tumama sa pader ang braso ko at nagkapasa. Idinapa niya ako sa sahig at hinubaran. Ginahasa niya ako. Para akong namatay. Hindi ako makatayo sa sobrang panghihina… Nagsumbong ako kay Mama, “Ayoko nang magtrabaho dito, gusto ko nang umuwi sa amin.” Sabi ni Mama, “Hindi ka puwedeng umuwi sa kalagitnaan ng kontrata mo. Tapusin mo ang dalawang taon. Kung mabuntis ka, akong bahala sa iyo.” Apat na araw nila akong kinulong

[165] Panayam ng Human Rights Watch kay Nur A., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 7, 2006.

[166] Panayam ng Human Rights Watch kay Isdiah B., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006.

[167] Panayam ng Human Rights Watch kay Kumari G., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 6, 2006. .

> sa aking kuwarto. Kinandaduhan ang kuwarto ko mula sa labas. Hindi ako makapagtrabaho. Walang paraan para makalabas ako. Kaya nagsinungaling na lang ako at sinabi sa kanila, "Magtatrabaho pa rin ako sa inyo," saka lang ako pinalabas ng kuwarto.[168]

Gaya ng mas detalyadong pagtalakay sa Chapter IX at X, nahaharap din sa karagdagang balakid ang mga domestic worker sa paghapag ng reklamo sa mga awtoridad dahil sa panganib ng kontra-akusasyon na adultery o pakikipagtalik, kawalan ng ebidensiya, at dungis sa karangalan. Ang mga paghihigpit sa pagkilos at pagkukulong ng mga domestic worker sa loob ng bahay ay nangangahulugang magiging imposible ang pagkalap ng kritikal na *forensic evidence*. Sabi ni Sri H. sa Human Rights Watch,

> Isang beses akong ginahasa ng aking amo… Pero palagi niya akong hinihipuan. Hindi lang niya ako hinihipuan, hinuhubaran din niya ako. Ikinulong niya ako sa kuwarto matapos akong gahasain. Namroblema ako pagkatapos noon. Kung pupunta ako sa ospital, makikita nila ako. Pero dalawang linggo nila akong ikinulong sa bahay.[169]

Ilang mga domestic worker ang nakaranas ng *social stigma* at pagsumpa ng kanilang mga pamilya matapos matapos silang mahalay sa ibang bansa. Isang bagong uwing domestic worker sa Kandy, Sri Lanka ay naikuwento ang reaksyon ng kanyang asawa matapos nitong malaman na siya ay ginahasa at nabuntins ng kanyang among Saudi: "Ginulpi ako ng aking asawa matapos niyang malaman ang nangyari sa akin. Sinakal niya ako at inipit. Sinipa niya ako sa likod habang ako ay natutulog. Pinalayas niya ako. Ayoko nang bumalik sa aking bayan para manganak. Kasi sa bayan namin malalaman ng mga tao na kahihiyan iyon… Isang kahihiyan iyon… at hindi kami tanggap ng mga tao."[170]

---

[168] Panayam ng Human Rights Watch kay Chamali W., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 14, 2006.

[169] Panayam ng Human Rights Watch kay Sri H., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006.

[170] Panayam ng Human Rights Watch kay Jayanadani A., umuwing domestic worker, Kandy, Sri Lanka, Nobyembre 10, 2006.

VIII. Pang-aabuso at Pagsasamantala sa Paggawa

> *Ang naging problema ko rito ay hindi ako sinahuran ng mga amo ng 700 riyals [kada buwan], 600 lang daw ang ipapasahod nila. Hindi pa rin nila ibinigay ang sahod ko matapos ang anim na buwan. Limang buwan lang akong pinasahod sa loob ng tatlong taon.*
> —Sandra C., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006

Ang mga domestic worker sa Saudi Arabia ay nagtatrabaho sa mga kalagayang hindi papasa sa pamantayang itinatakda ng Saudi Arabia para sa ibang manggagawa at ng mga pandaigdigang pamantayan sa paggawa. Ilang pagsuway sa karapatang paggawa ang maaaring maranasan ng mga domestic worker, tulad ng hindi pagpapasahod, sobrang haba ng oras ng pagtatrabaho, kawalan ng oras ng pahinga, araw ng pamamahinga, *compensation*, at iba pang benepisyo.

Hindi lahat ng mga domestic worker ay nakakaranas ng pang-aabuso. Nakapanayam ng Human Rights Watch ang ilang mga domestic worker na nakakatanggap ng sahod sa oras at nagplaplanong bumalik sa Saudi Arabia, tulad sa kaso ni Nanmalar S., na nagmula sa Sri Lanka, na nagsabing, "Sinasahuran nila ako sa oras kada buwan; ibinibigay rin nila ang suweldo ko kapag kailangan ko na ito at naipapadala ko sa aking pamilya. Siguro nakapagpadala na ako sa amin ng 50,000 rupees… Nakapagpatayo ng ako ng bahay para sa pamilya ko [mula sa aking sahod]."[171] Isang amo ang nagsabi, "Batay sa aming tradisyon, sa palagay namin hindi maganda kung hindi kikilalanin ang karapatan [ng mga domestic worker]. Karaniwan sobra pa ang ibinibigay naming karapatan sa kanila. Tuwing Ramadan binibigyan namin siya ng dagdag na 500 riyal ($130). Kapag nakita namin siyang umiiyak, bibilhan namin siya ng phone card para matawagan niya ang kanyang pamilya nang hindi na siya gagastos."[172]

---

[171] Panayam ng Human Rights Watch kay Nanmalar S., umuwing domestic worker, Talawakelle, Sri Lanka, Nobyembre 12, 2006..

[172] Panayam ng Human Rights Watch sa isang among Saudi, Riyadh, Marso 10, 2008.

Gayunpaman, dahil sa kawalan ng ligal na patakaran sa minimum na pamantayan, parusa sa pang-aabuso, o mga paraan para maibsan ang sapilitang pagkabukod ng mga domestic worker sa mga pribadong bahay, napakaraming mga domestic worker ang patuloy na nahaharap sa napaka-mapagsamantalang kalagayan.

Mababa at Hindi Pantay na Pasahod

> *Natuklasan ko na…600 riyal ang sahod ng mga katulong na Indonesian samantalang 400 riyal lamang ang sa mga Sri Lankan. Madalas akong napapaiyak bago ako matulog, habang iniisip na pumunta ako rito para magtrabaho at kumita, at mahirap lang ako at walang perang pantustos sa aking mga anak. Pero 400 riyal lamang ang pasahod sa akin ng babaeng ito, kapalit ng napakaraming trabaho.*
> —Fathima S., umuwing domestic worker, Habaraduwa, Sri Lanka, Nobyembre 14, 2006

Mababa talaga ang sahod ng mga domestic worker, samantalang nagtatrabaho sila ng napakahabang oras at walang araw ng pahinga. Sinabi ng ilang domestic worker na matutugunan ng sahod na ito ang panggastos ng kanilang pamilya. Sabi ni Mahilam G., taga Sri Lanka, "Sumasahod ako ng 400 riyal kada buwan. Kulang ito sa pagpapaaral at pagkain ng mga anak ko… Akala ko sasahod ako ng 500 o 600 riyal… kasi 500-600 riyal ang pasahod nila sa mga katulong na Indonesian. Akala ko pareho ang matatanggap ko."[173]

Noong nakaraang taon, tumanggi ang Pilipinas, Indonesia, at Sri Lanka na patotohanan ang mga kontrata para sa kanilang mga domestic worker kung hindi tutugunan ng Saudi Arabia ang panawagan para sa mas mataas na sahod. Dinagdagan ang sahod ng mga Pilipina mula 700-800 riyal kada buwan pataas sa 1,400-1,500 riyal kada buwan ($182-208 hanggang $364-390). Tumaas ang sahod ng mga domestic worker na Indonesian mula 600 riyals tungo sa 800 riyal ($156 hanggang $208), at ang sa mga Sri Lankan ay tumaas ang sahod mula 400 riyal tungo sa 650 riyal ($104 hanggang $169) kada buwan.

[173] Panayam ng Human Rights Watch kay Mahilam G., umuwing domestic worker, Maskeliya, Sri Lanka, Nobyembre 13, 2006.

Karaniwang magkakaiba ang pinapasahod ng mga amo sa mga domestic worker, batay sa bansang pinagmulan ng huli. Nagtatangi ang industriya ng *labor recruitment* laban sa mga manggagawa sa pamamagitan ng pagtatakda ng bahagdan batay sa nasyonalidad, imbes na sa karanasan sa trabaho, kasanayan, o uri ng trabaho. Habang maraming domestic worker mula sa Pilipinas ang nakakatuntong ng kolehiyo at marunong mag-ingles, iyong mga buhat sa Sri Lanka o Indonesia na halos may parehong kasanayan ay tumatanggap pa rin ng mas mabahang sahod.

Bilang isang kasama sa *International Convention on the Elimination of all forms of Racial Discrimination*, dapat hindi payagan ng Saudi Arabia ang diskriminasyon sa hanay ng mga domestic worker batay sa bansang pinagmulan. Noong 2004, ipinaalala ng *UN Committee on CERD* sa lahat ng mga estado na kailangan ng mga ito na gumawa ng hakbang
"upang wakasan ang diskriminasyon laban sa mga hindi mamamayan kaugnay ng kalagayan at rekisitos sa trabaho" at "upang pigilan at ituwid ang mga malubhang problema na karaniwang kinakaharap ng mga hindi mamamayan na mga manggagawa, sa partikular ang mga hindi mamamayan na domestic worker, kasama ang pagkatali sa utang, pagkuha ng pasaporte, iligal na pagkukulong, panggagahasa at pananakit" (idinagdag ang diin).[174]

Tulad ng tinalakay sa mga naunang bahagi, maraming mga domestic worker ang tumatanggap ng mas mababang sahod kumpara sa orihinal na ipinangako ng mga labor recruiter o ng kanilang amo. Nakapanayam ng Human Rights Watch ang 12 domestic worker na nagsabing mas mababa ang sahod nila sa halagang napagkasunduan sa kontrata o bago sila umalis. Sabi ni Pannamma S., "Pinangakuan nila ako sa Sri Lanka ng 700-800 riyal [kada buwan]. Dito [nagkasundo] sila sa 400 riyal lamang."[175]

[174] **Committee on the Elimination of Racial Discrimination, General Recommendation No.30: Discrimination Against Non Citizens, pinagtibay noong October 1, 2004. .**

[175] **Panayam ng Human Rights Watch kay Ponnamma S., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 14, 2006.**

Hindi Pagbibigay ng Sahod at Pagbawas sa Sahod

> *Hindi ako sinahuran ng amo ko sa loob ng siyam na taon at tatlong buwan. {Matapos akong magreklamo sa embahada} binayaran nila ang sahod ko sa dalawang taon at pitong buwan. Hindi nila binayaran ang iba kong pinagtrabahuan. Labing-isang {11} buwan na ako dito {sa embahada}… Hindi ako uuwi hanggat hindi ko nakukuha ang aking sahod.*
>
> —Sisi R. domestic worker na Indonesian, Riyadh, Marso 11, 2008

> *Ibigay ang sahod ng manggagawa bago siya matuyuan ng pawis.*
>
> —Hadith na ikwinento ni Ibn Majah of Ibn 'Umar[176]

Nangunguna ang hindi pagpapasahod sa pinakamadalas na mga reklamo ng mga domestic worker sa Saudi Arabia na inihahapag sa mga embahada ng mga labor-sending na bansa, sa Saudi Ministry of Social Affairs, at sa Human Rights Watch. Halimbawa, isang mataas na opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa ang nagsabing, "Hindi pagbibigay ng sahod ang pinakamadalas na reklamo. Kapag nagreklamo sila ng hindi pagtanggap ng suweldo, karaniwang nangyari ito sa loob ng anim na buwan o mas matagal pa; sa ilang kaso, 13-14 na buwan. Minsan wala silang natanggap na kahit anumang sahod."[177] Sa 86 na domestic worker na nakapanayam ng Human Rights Watch sa Saudi Arabia at sa pag-uwi nila sa Sri Lanka, 63 ang hindi nakasahod ng buo.

Sa ilang kaso na naikuwento sa amin, iniipit ng mga amo ang sahod ng manggagawa para mapilitan ang mga ito na patuloy na magtrabaho kahit ayaw na nila o tapos na ang kanilang kontrata. Dagdag pa rito, kumukuha ang mga amo ng hindi makatwiran at iligal na bawas sa mga sahod bilang paraan ng pagpaparusa, bayad ng manggagawa sa pagpapagamot, o para mabawi ang gastos sa *recruitment fee*.

---

[176] Al-Mutaqqi Al-Hindi, "The Treasure of Workers in Normative Words and Deeds," Hadith 9125, http://www.al-eman.com/islamlib/viewchp.asp?BID=137&CID=138 (binuksan noong Hunyo 10, 2008). .

[177] Panayam ng Human Rights Watch kay J., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa. Disyembre 13, 2006

Nakapanayam namin ang ilang kababaihan na hindi nakatanggap ng sahod ng ilang buwan hanggang ilang taon. Halimbawa, sinabi ni Sri H. sa amin, "Walong buwan akong nagtrabaho pero pang-isang buwan lang ang sinahod ko. Buwan-buwan nangangako silang ibibigay na ang sahod ko, pero sa totoo lang palagi akong nakikipagtalo sa amo ko tungkol sa aking sahod."[178] Nakatanggap ang ilang manggagawa ng sahod nila paminsan-minsan, ang iba naman ay walang anumang natanggap at nagtrabaho sa kalagayang sapilitang pagtatrabaho. Sabi ni Thanuja W., "Lagi kong hinihingi ang aking sweldo, pero hindi pa rin nila ako nabayaran makalipas ang dalawang taon. Ibinalik nila ako sa *agent*."[179] Halos sampung-taong nagtrabaho si Fatima N. ng walang tinatanggap na anumang sahod: "Dumating ako noong 1997, at wala akong natanggap na anumang sahod… Nagagalit sila kapag tinatanong ko ang tungkol sa aking sahod."[180]

Sa ilang kaso, nasasahuran ng mga amo ang mga domestic worker, pero hindi ito regular o buwanan. Gayunpaman, bahagi lamang ng dapat na sahod ang naibibigay nila sa ilang pagkakataon. Kahit na hindi sakop ng Saudi labor law ang mga domestic worker, binibigyang-karapatan naman nito ang ibang manggagawa na sumahod buwan-buwan.[181] Sabi ni Malini S., "Buwan-buwan kong hinihingi ang aking sahod, pero tuwing tatlong buwan lang nila ito binibigay. Sabi nila palagi, 'Saka na, saka na.'"[182] Sabi ni Nur A. sa Human Rights Watch, "Ibinibigay lang nila ang sahod kapag umiiyak o nagmamakaawa ako sa kanila. Dalawang buwan lang na sahod ang ibibigay tuwing apat na buwan."[183] Si Prema C., na sinahuran ng amo niya tuwing tatlong buwan dahil daw sa wala silang hawak na pera, ang naglagum sa kalagayan ng marami pang manggagawa: "Hindi namin masyadong maintindihan ang tungkol sa sahod. Hindi ko alam kung babayaran nila ako o hindi."[184]

---

[178] Panayam ng Human Rights Watch kay Sri H., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006.

[179] Panayam ng Human Rights Watch kay Thanuja W., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 7, 2006.

[180] Panayam ng Human Rights Watch kay Fatima N., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006.

[181] Saudi Arabia Labor Law, Royal Decree No. M/51, September 27, 2005, Part VI, art. 90.

[182] Panayam ng Human Rights Watch kay Malini S., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

[183] Panayam ng Human Rights Watch kay Nur A., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 7, 2006.

[184] Panayam ng Human Rights Watch kay Prema C., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006. .

Ilang amo ang nang-iipit ng sahod upang pigilan ang mga domestic worker na umalis sa trabaho bago pa man matapos ang kontrata ng mga ito. Sinabi ni Bethari R. sa Human Rights Watch, "Hindi nila ako pinasahod sa loob ng limang buwan. Sabi nila bayad ko raw iyon at garantiya dahil takot sila na hindi ko tapusin ang kontrata."[185]

Ilang amo ang naghihintay hanggang malapit nang umuwi ang domestic worker upang makadaya sa pagbabayad dito ng kabuuang sahod. Halimbawa, sabi ni Meena P., "Hindi nila ako pinasahod ng isang taon… Noong papunta na ako sa airport pauwi, binigyan nila ako ng tseke na pang-apat na buwan. Pagpunta ko sa bangko sabi sa akin talbog daw ang tseke."[186]

Ang mga salik na nagpapahirap sa mga domestic worker na tumakas mula sa pisikal o sekswal na pang-aabuso ang siya ring nagpapahirap sa kanila na tumakas sa mga kalagayan na kung saan pinipilit sila ng mga amo na magtrabaho nang walang regular na sahod: pagkukulong sa bahay na pinagtatrabahuan, mahigpit na visa na nagbabawal sa kanilang humanap ng ibang amo, pangangailangan sa pera at pagkakautang sa kanilang bansa, at ang paniniwalang obligado silang tapusin ang kanilang dalawang-taong kontrata anuman ang kalagayan nila sa pagtatrabaho.

Patuloy na nagtatrabaho ang maraming mga domestic worker sa pag-asang tutuparin ng mga amo ang pangakong ibibigay ang kanilang sahod sa "darating na mga araw" o matatanggap ang buo nilang sahod sa katapusan ng dalawag-taon nilang kontrata. Ang mga domestic worker na tumatakas sa kanilang mga among hindi sila sinuwelduhan ay nahaharap sa mga mabigat na balakid sa pagkuha ng kanilang sahod. Tatalakayin ito sa Chapter IX at X sa dakong ibaba.

Sa ilang mga kaso isinasabay ng mga amo ang pag-ipit sa suweldo sa ibang tipo ng pag-kontol at panghihiya, tinatakot ang mga manggagawa na bubugbugin ito o iba pang tipo ng parusa. Paulit-ulit na binantaan ng kanyang amo si Sandra C. na dadalhin sa pulis at sinabi sa kanya na, "ipakukulong nila ako kapag hiningi ko ang aking tiket [pabalik sa Pilipinas]."[187] Sabi ni Latha P., "Binubugbog nila ako tuwing

[185] Panayam ng Human Rights Watch kay Bethari R., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Marso 11, 2008.

[186] Panayam ng Human Rights Watch kay Meena P., umuwing domestic worker, Talawakelle, Sri Lanka, Nobyembre 12, 2006. .

[187] Panayam ng Human Rights Watch kay Sandra C., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006. .

hihingin ko ang aking sahod. Nakuha ko rin ang unang tatlong buwan kong sahod. Nakatanggap ako ng tawag na nagsabing talaga raw may sakit ang tatay ko. Hiningi ko ang aking sahod at binugbog nila ako."[188] Si Shanti R., na tinalakay sa naunang chapter, ay kinalbo matapos nitong hingin ang kanyang sahod.[189]

Matapos mangibang bayan dahil sa pangangailangan sa pera at nangangailangang makuha ang kanilang sahod sa tamang oras para tugunan ang mga kagipitan sa kanilang bahay, maraming kababaihan ang nakaramdam na ang hindi pagbibigay ng sahod ay isang napakasakit na pandurusta. Iniwan ni Marilou R. ang kanyang pamilya at bahay sa Pilipinas matapos magkaroon ng sakit sa puso ang isa niyang kapamilya at nangailangan ng mahal na gamot. "Ang dapat kong sahurin dito ay [katumbas ng] ng 10,000 piso kada buwan. Anim na buwan akong hindi pinasahod. Mas mabuti pang magtrabaho sa Pilipinas sa 5,000 pisong sahod kasi makukuha mo ang iyong sahod."[190]

Binabawasan ng ilang amo ang sahod ng kanilang mga domestic worker, sinisingil ang mga ito sa mga naiisip na naging pagkakamali o sinirang gamit ng manggagawa habang nagtatrabaho ang mga ito, o kaya ay ginagamit itong paraan ng pag-kontrol. Halimbawa, sabi ni Wati S.,

> Kapag paubos na ang Pepsi, pagbibintangan ako ng amo ko na iniinom ko ito at babawasan ang sahod ko. Bago nila ako masahuran [kada buwan], ubos na ang sasahurin ko sa kababawas nila. Binabawasan nila ang sahod ko kapag may nawalang tinidor o kung hindi umiinit ang plantsa. Pinagbintangan akong sinira ko raw ito… Hindi ako sinahuran sa loob ng sampung buwan.[191]

Sabi ni Cristina M., "Ang sahod ko ay 750 riyal, pero hindi ito binigay sa akin ni Madam. Ako ang bumibili ng pagkain ko, lahat ng aking pangangailangan, ng aking pasador, sabon, bumili ng gamot ko kapag meron akong sakit. Binabawasan niya

[188] Panayam ng Human Rights Watch kay Latha P., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

[189] Panayam ng Human Rights Watch kay Shanika R., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 14, 2006.

[190] Panayam ng Human Rights Watch kay Marilou R., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 10, 2006.

[191] Panayam ng Human Rights Watch kay Wati S., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006. .

ang sahod ko kapag kulang ng laman na kamatis o manok ang kusina. Kapag naubos ang manok, babawasan niya ang sahod ko ng 30 riyal."[192]

Umiiwas ang ilang amo sa kanilang obligasyon na bayaran ang tiket pauwi ng domestic worker pagkatapos nitong makumpleto ang kontrata sa pamamagitan ng halaga ng tiket sa sahod ng manggagawa. Halimbawa, sinabi ni Isdiah M. na "ginamit ng aking amo ang sahod ko sa pagbili ng aking tiket. Tatlong buwang sahod ko ang ginamit niya at sahod ko lang sa limang buwan ang ibinigay sa akin."[193] Sabi ni Praveena A., bagong uwi mula sa pagtatrabaho sa Saudi Arabia, "Hiningi ko sa aking amo na bayaran niya ang tiket ko pauwi."[194]

Iba-ibang taktika ang ginagamit ng mga amo upang hindi mabisto sa hindi nila pagpapasahod ng regular at buo sa kanilang mga empleyado. Iniulat ng ilang mga domestic worker na pinapirma sila ng mga resibo na nagsasaad na kanilang natanggap ang buo nilang sahod kahit na hindi ito ang talagang nangyari. Sabi ni Jayanadani A., "Tuwing sasahod na ako ng halagang 1,200 riyal [$1,200}, bibigyan lamang nila ako ng 800 riyal. Papipirmahin nila ako pagkatapos ibigay ang pera."[195]

Sobrang Bigat ng Trabaho, Mahabang Oras ng Pagtatrabaho, Kulang sa Pahinga

> *Anim ang nakatira sa bahay na pinasukan ko bilang domestic worker... Ayos lang sana kung tama ang pasahod sa akin at nakakapahinga ako nang maayos. Minsan nagsisimula akong magtrabaho alas-singko ng umaga (5 a.m.), minsan naman alas-singko na ng umaga (5 a.m.) ako natatapos. Ganito kapag Ramadan. Minsan dalawa hanggang apat na oras lang ang pahinga ko. Minsan naman ginigising nila ako habang natutulog. Katulong lang ako na kailangang sundin ang gusto nila.*
>
> —Teresa O., domestic worker na Pilipina, Riyadh, Disyembre 7, 2006

[192] Panayam ng Human Rights Watch kay Cristina M., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 10, 2006. .

[193] Panayam ng Human Rights Watch kay Isdiah B., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006. .

[194] Panayam ng Human Rights Watch kay Praveena A., umuwing domestic worker na Sri Lankan, Katunayake, Sri Lanka, Nobyembre 1, 2006. .

[195] Panayam ng Human Rights Watch kay Jayanadani A., umuwing domestic worker na Sri Lankan, Kandy, Sri Lanka, Nobyembre 10, 2006. .

Sobrang pagtatrabaho at kakulangan sa tamang pahinga ang isa sa mga pangkaraniwang reklamo ng mga domestic worker na nakapanayam ng Human Rights Watch. Iniulat din ito ng mga opisyal ng embahada at samahan ng mga migrante sa labor-sending na mga bansa. Sa hanay ng mga domestic worker na nakapanayam para sa ulat na ito, karaniwan silang nagtatrabaho sa loob ng 18.7 oras bawat araw, pitong araw bawat linggo.

Maraming mga domestic worker ang nag-ulat na pinagtatrabaho sila ng mahahabang oras buong araw nang walang maayos na pahinga o tamang tulog. Halimbawa, sinabi ni Wati S., 19-anyos na domestic worker mula sa Indonesia, "Araw-araw akong nagtatrabaho mula 6 ng umaga hanggang 2-3 ng madaling araw. May pahinga akong tatlong oras sa hapon at sa gabi. Wala akong day off."[196] Ganoon din si Hemanthi J. na nagsabing, "Minsan natatapos ang trabaho ko 12 o 1 ng umaga. Hindi ako nakakaupo para magpahinga, wala akong oras matulog, walang oras kahit pumunta sa banyo. Wala rin akong day off."[197] Sabi naman ni Pannamma S., "Hindi ako makapag-relax kahit nagpapahinga ako sandali. Humahanap si Madam ng ipapagawa sa akin. Wala akong day off."[198]

Dahil sa kawalan ng day off, hindi nakakatikim ng buong araw na pahinga ang mga domestic worker sa loob ng ilang buwan o taon. Ilang mga domestic worker ang pinangakuan ng day off habang sila ay nire-recruit o nakasaad ito sa kontrata nila, pero hindi ito binigay sa kanila sa oras na nagsimula na silang magtrabaho. Sabi ni Sri H. sa Human Rights Watch, "Walang day off. Sabi nila may day off ako tuwing dalawang buwan, pero nagsinungaling sila."[199] Karamihan sa kontrata ng mga Pilipinang manggagawa ay may nakasaad na isang araw na pahinga kada linggo. Sinabi ng isang Pilipinang manggagawa na si Sandra C., "Wala akong day off. Sabi ng amo ko, 'Kung gusto mo ng day off, pumunta ka sa Pilipinas.'"[200]

---

[196] **Panayam ng Human Rights Watch kay Wati S., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006. .**

[197] **Panayam ng Human Rights Watch kay Hemanthi J., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 14, 2006. .**

[198] **Panayam ng Human Rights Watch kay Ponnamma S., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 14, 2006.**

[199] **Panayam ng Human Rights Watch kay Sri H., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006.**

[200] **Panayam ng Human Rights Watch kay Sandra C., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006.**

Dagdag pa sa mahabang oras ng trabaho at kulang na pahinga, sabay-sabay din ang paggampan ng trabaho ng mga domestic worker -- paglilinis, pag-aalaga ng mga bata at matatanda, at pagluluto para sa napakaraming miyembro ng pamilya ng mga amo. Ilang domestic worker ang nagsabing nagtatrabaho sila sa mga bahay na may ilang pamilya, ang iba ay umaabot sa 22 miyembro ng pamilya ng mga amo. Sabi ni Chitra G.,

> Pumunta ako rito para magtrabaho sa isang pamilya, pero tatlo ang pamilya sa pinasukan kong bahay. Iba ang pamilya sa bawat palapag. Nandoon sa unang palapag ang lola nila, sa pangalawang palapag ay ang aking amo, asawa nito, at ang siyam nilang anak, at sa ikatlong palapag ay isang anak na lalaki, asawa nito, dalawang anak na babae at isang anak na lalaki. Ala-una ng umaga ako nakakatulog at kung may pasok ang mga bata sa eskuwela, gumigising ako ng 4 ng umaga… Buong araw akong naglilinis, nagluluto, at namamalantsa.[201]

Gaoon din si Sepalika S. na nagsabing, "Sa Saudi Arabia, kinailangan kong mag-alaga ng isang matandang babae at pito pang bata sa isang dalawang-palapag na bahay. Naglilinis ako ng bahay, naglalaba at namamalantsa ng mga damit, nagluluto, at nag-aalaga ng may sakit na matandang babae, na katulad na rin ng pag-aalaga ng bata… Nakakatulog lang ako pag dating ng alas-dose ng gabi o ala-una ng umaga. Kailangan ko ring gumising ng 5:30 ng umaga. Dapat dalawa ang katulong nila sa bahay na iyon, pero ako lang mag-isa ang gumagawa ng lahat ng trabaho… Sabi ko sa kanila, "Hindi ninyo ako sinasahuran ng kahit ano at ginagawa ko ang trabaho ng tatlong tao. Kapag hindi ko matapos ang trabaho, sinisigawan nyo pa ako.'"[202]

Sa ilang pagkakataon, sumasabay ang mahabang oras ng trabaho at kakulangan sa pahinga sa *psychological* na pang-aaabuso at pag-control ng amo sa domestic worker. Sabi ni Lina B., "Wala akong oras magpahinga. Ayaw ni madam na nakikita akong nakaupo. Sa oras na gumising ako at bumaba, ikakandado ni madam ang kuwarto ko para hindi na ako makapasok. Hindi rin ako makaligo dahil nasa kuwarto

[201] Panayam ng Human Rights Watch kay Chitra G., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 6, 2006.

[202] Panayam ng Human Rights Watch kay Sepalika S., umuwing domestic worker, Katunayake, Sri Lanka, Nobyembre 9, 2006.

ang mga damit ko. Nakakaligo lang ako ala-una ng umaga pagkatapos kong magtrabaho ng."[203]

Gawain ng maraming amo ang mag-utos sa kanilang mga domestic worker kahit anong oras sa buong araw. Nagtrabaho si Ummu A. mula 6 a.m hanggang 1 a.m. nang walang day off. Sabi niya, "Kahit tulog na ako, kakatok pa rin ang amo kong babae sa madaling araw at magpapahanda ng pagkain para kay Baba."[204] Sabi rin ni Chemmani R., "Kapag kumatok sila sa madaling araw, kailangang bumangon ako at magluto pag nag-utos sila."[205] Ilang mga domestic worker ang nagsabing pinagtatrabaho sila ng dagdag na oras at gumampan ng mas maraming gawain nang walang dagdag na sahod kapag may mga bisita ang kanilang amo o panahon ng Ramadan. Sinabi ni Fathima R. sa Human Rights Watch, "Gumigising ako alas-kuwatro ng umaga… Pero dumarating ang buong kabahayan kapag Biyernes – sampu ang anak ng amo na puro may pamilya na. Biyernes ang pinakagrabe. Karaniwan natatapos ang trabaho ko alas-nuwebe, minsan alas-dose ng gabi, pero kapag Biyernes, ala-una na ng umaga ako natatapos."[206]

Hindi Maayos na Matutulugan

> *Merong aparador para sa mga damit. Sa sahig ako natutulog gamit ang manipis na kumot.*
>
> —Isdiah B., domestic worker na Indonesia, Jeddah, Disyembre 11, 2006

Ilang mga domestic worker ang nag-ulat ng kawalan nila ng *privacy* at hindi maayos na tulugan. Pananagutan ng mga among Saudi na bigyan ng kuwartong matutulugan ang mga domestic worker, dagdag pa sa regular na sahod ng mga ito. Maraming mga domestic worker na nakapanayam ng Human Rights Watch ang may maayos-ayos na

---

[203] **Panayam ng Human Rights Watch kay Lina B., domestic worker na Pilipina, Riyadh, Disyembre 7, 2006.**

[204] **Panayam ng Human Rights Watch kay Ummu A., umuwing Sri Lankan domestic worker, Attanagalla, Gampaha district, Sri Lanka, Nobyembre 8, 2006.**

[205] **Panayam ng Human Rights Watch kay Chemmani R., umuwing domestic worker, Habaraduwa, Sri Lanka, Nobyembre 14, 2006.**

[206] **Panayam ng Human Rights Watch kay Fathima Razana (tunay niyang pangalan ang ginamit ayon sa kanyang kagustuhan), umuwing domestic worker, Attanagalla, Gampaha district, Sri Lanka, Nobyembre 8, 2006.**

matutulugan, kasama ang kanilang sariling kuwarto at paminsan-minsan ay may sariling banyo. Subalit iniulat ng ilang mga domestic worker na natutulog sila sa mga *common* na bahagi ng bahay, karaniwan sa kalagayang nakakababa ng kanilang pagkatao, katulad sa sahig ng kusina o banyo. Halimbawa, sinabi ni Chemmani R., "Hindi ako binigyan ng sarili kong kuwarto ng amo kong babae, kaya doon ako natutulog sa ilalim ng hagdanan.[207] Sabi ni Prema C., "Walang hiwalay na kuwarto. Sa sahig ako natutulog, walang unan at sapin."[208]

Nakadagdag ang hindi maayos na matutulugan sa ibang pang-aabuso na isinasalarawan sa ulat na ito, kasama ang *psychological* na pang-aabuso at kakulangan ng tamang pahinga. Pakiramdam ng mga domestic worker na kahiya-hiya ang hindi maayos na matutulugan lalo na kung ihahambing ito sa yaman ng kanilang mga amo. Sabi ni Asanthika W., 42-anyos na domestic worker, "Pinatulog ako ng pangalawa kong amo sa ilalim ng hagdanan, na parang aso. Hindi ako aso. Tao ako… pumunta ako rito para magtrabaho nang mahusay, pero dapat bigyan din kami ng amo namin ng maayos na tulugan."[209] Sabi ni Sansindi O., "Natulog ako sa pasilyo. May nakita akong lumang kutson (mattress) na magagamit ko, pero hindi ito binigay sa akin ng mga amo ko at itinapon. Wala akong mapagpahingahang lugar… Kapag may oras akong magpahinga, sa kubeta ako pumupuwesto."[210]

[207] Panayam ng Human Rights Watch kay Chemmani R., umuwing domestic worker, Habaraduwa, Sri Lanka, Nobyembre 14, 2006.

[208] Panayam ng Human Rights Watch kay Prema C., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

[209] Panayam ng Human Rights Watch kay Asanthika W., umuwing domestic worker, Kurunegala, Sri Lanka, Nobyembre 4, 2006

[210] Panayam ng Human Rights Watch kay Sasindi O., umuwing domestic worker, Rambukkana, Sri Lanka, Nobyembre 6, 2006.

IX. Mga Kasong Kriminal Laban sa mga Domestic Worker

> *Ang desisyon ng korte ay makukulong ka ng isat-kalahating-taon kapag nakipagtalik ka nang labag sa loob mo at mabuntis – ito ang naging kaso ko. Hindi ko na alam kung ano ang nangyari [sa amo kong gumahasa sa akin]' pero sa palagay ko hinuli siya at nagbigay ng lagay.*
> —Amanthi K., umuwing domestic worker, Katunayake, Sri Lanka, Nobyembre 1, 2006

Nagiging seryosong problema para mga domestic worker ang sistemang pang-kriminal ng Saudi Arabia. Nalalaman na lang nila na sila ay kinasuhan ng mga palsong kaso ng pagnanakaw o pangkukulam ng kanilang among inireklamo nila ng pagmamaltrato, o may diskriminasyon at malupit na batas sa moralidad na itinuturing na kasong kriminal ang pakikisalamuha sa mga hindi kaanak na lalaki at pagkakaroon ng seksuwal na relasyon. Ang mga domestic worker na nabiktima ng panggagahasa o *sexual harassment* ay maaaring usigin sa salang imoral, *adultery*, o pakikipagtalik nang hindi kasal. Kasama sa mga parusa sa mga ganitong kaso ang pagkakulong, paghagupit, at, sa ibang kaso, pagbitay. Sa ilalim ng sistemang ito, malamang na makaranas sila ng hindi pantay o naantalang pagkuha ng *interpreter*, tulong na ligal, at madaling pag-ugnay sa kanilang mga konsulado.

Humaharap ang mga migrant worker sa mga isyung ito sa loob ng isang sistema ng hustisyang pang-kriminal na puno ng problema. Walang nakasulat na *penal code* ang Saudi Arabia. Karaniwang hindi sinusunod ng mga huwes ang *procedural rules* at nagpapalabas ng ibat-iba at hindi makatwirang sentensiya. Maraming huwes ang hindi naglalabas ng nakasulat na pasya, kahit sa mga kasong kamatayan ang parusa.[211]

Mga Paglabag sa mga Alituntunin

> *Mga 20 porsiyento lamang ang natatanggap naming diplomatic notice tungkol sa aming mga mamamayan na may kaso at nakakulong.*

[211] Human Rights Watch, *Precarious Justice*; Human Rights Watch, *Adults Before Their Time*.

Madalas ito ay paiba-iba, at karaniwang naantala na ng tatlong buwan.

—opisyal ng Embahada ng isang labor-sending na bansa , Riyadh, Marso 8, 2008

Palaging sinusuway ng Saudi Arabia ang mga pandaigdigang pamantayan sa due process at katarungan, at ang mga domestic worker na may kasong kriminal ay maaaring hindi makakuha ng *interpreter*, *legal counsel,* o makalapit sa mga opisyal ng kanilang konsulado sa kapag sila ay naaresto, nakulong, o nililitis.

Nakapanayam ng Human Rights Watch ang diplomatic officials mula sa anim na labor-sending na mga bansa na nag-ulat na karaniwang umaabot ng ilang buwan bago nila mabalitaan ang pag-aresto, paglilitis, paghatol, at pagpapa-deport sa kanilang mga kababayan, karaniwan sa mga puntong huli na para makapagbigay ng tulong ligal o ipagtanggol ang karapatan ng naakusa. Idinidikta ng Saudi protocol na ang notipikasyon ng pagkaaresto at iba pang patakarang pang-kriminal ay dapat na dumaan sa Ministry of Foreign Affairs (MOFA). Karaniwang nagdudulot ng pagka-abala ang pangangailangang ito.[212]

Karamihan sa mga opisyal ng mga foreign mission ay kinakailangang magbuo ng mga istratehiya sa pag-alam at pagtulong sa mga nakakulong nilang mamamayan. Halimbawa, ang ilan ay nakakahanap ng mga personal na contact sa mga istasyon ng pulis at mga kulungan. Sabi nga ng isang opisyal, “Habang hinihintay namin ang Ministry of Foreign Affairs, Ang mga awtoridad ng Saudi ay makakakuha na ng pag-amin mula sa manggagawa, walang maayos na translator, at ito ay sa paputol-putol na Arabic. Dapat magkaroon ng direktang komunikasyon sa pagitan ng mga nag-iimbestiga at ng embahada.”[213] Sinabi ng mga opisyal ng mga embahada ng Indonesia at Sri Lanka sa Human Rights Watch ang suspetsa nila ay marami pang

[212] Panayam ng Human Rights Watch kay Prince Sa’ud al-Faisal, minister of foreign affairs, Riyadh, Disyembre 2, 2006: “May kautusan mula sa gabinete na kapag may sinumang dayuhan na huhulihin, dapat na sabihan ang Ministry of Foreign Affairs.”

[213] Panayam ng Human Rights Watch kay C. opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 4, 2006. .

mga mamamayan nila ang naaresto at nahatulan sa mga krimen, subalit wala silang karagdagang impormasyon tungkol sa mga ito.[214]

Sinabi ng mga awtoridad ng Saudi na nakapanayam ng Human Rights Watch na maagap ang pagsunod nila sa mga patakarang nabanggit. Sabi ng minister of foreign affairs, "Kami sa Ministry of Foreign Affairs ay agad na nagsasabi sa mga embahada."[215] Subalit sinabi naman ng mga opisyal ng labor sending na mga bansa na ang ganitong mga notipikasyon at permiso ay lubhang naantala, at kung minsan ay wala talaga. Sabi ng isang opisyal, "Matagal na panahon ang dumaraan bago kami sabihan. Kahapon, may natanggap kaming notipikasyon mula sa Foreign Affairs tungkol sa ilang namatay naming mga mamamayan. Ilang buwan na naming naiuwi ang labi ng mga mamamayang ito. Nauna naming nalaman mula sa pamilya ng mga namatay." [216] Sabi naman ng isang opisyal, "Hindi namin sila [ang aming mga mamamayan] makausap bago litisin ang kaso nila… [sa ilang kaso] sa bintana lang namin sila nakikita. Kung may pasaporte ang may kaso, pinapauwi na lang siya nang hindi namin nalalaman."[217]

Sinusuway ng mga gawing ito ang *criminal procedure code* ng Saudi Arabia, na nagsasabing, "Ang sinumang aaraestuhin o ikukulong… ay may karapatang tawagan ang sinumang gusto niyang paalaman ng kanyang pagkahuli," at "May karapatan ang bawat nasasakdal na magkaroon ng abogado na magtatanggol sa kanya sa panahon ng imbestigasyon at paglilitis."[218] Sinusuway din ng mga kasalukuyang gawi ang mga pandaigdigang obligasyon ng Saudi Arabia sa ilalim ng *Vienna Convention on Consular Affairs,* na nag-mamandato na ang opisyal ng mga konsulado ay may karapatang lumapit at makipag-usap sa kanilang mga

[214] Panayam ng Human Rights Watch sa opisyal ng mga embahada ng Sri Lanka at Indonesia, Riyadh, Marso 2008. .

[215] Panayam ng Human Rights Watch kay Prince Sa'ud al-Faisal, Disyembre 2, 2006. .

[216] Panayam ng Human Rights Watch kay B, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 3, 2006.

[217] Panayam ng Human Rights Watch kay J, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Disyembre 13, 2006. .

[218] National Society for Human Rights, *First Report on the Situation of Human Rights in the Kingdom of Saudi Arabia* (Riyadh: NSHR, 2007), p. 11.

mamamayan, at katumbas nito, na ang mga dayuhang mamamayan ay makalapit at makipag-usap sa mga opisyal ng kanilang konsulado.[219]

Obligasyon ng Saudi Arabia na ipagbigay-alam sa mga nakakulong na dayuhan ang karapatan ng mga ito na lumapit sa kanilang konsulado, at payagan ang opisyal ng mga konsulado na bisitahin ang nakakulong at asikasuhin ang ligal na pagtatanggol dito.[220] Ang *UN Committee on the Convention Against Torture*, kung saan kasali ang Saudi Arabia, ay nag-paalala sa gobyernong Saudi na meron itong mga obligasyon bilang bahagi ng mga pananggalang laban sa mga ipinagbabawal na pagtrato sa mga detenido upang "siguruhin, sa gawa, na ang mga taong nakakulong o nasa kustodiya ay maagang makakalapit sa ligal at medikal na eksperto na kanyang pinili, sa ibang kapamilya nito, at, sa kaso ng mga dayuhang mamamayan, sa mga tauhan ng kanyang konsulado." (idinagdag ang diin).[221]

Isa sa mga gawing pumipigil sa mga walang-kinikilingang paglilitis ay ang kawalan ng kopya ng mga nakasulat na hatol. Nakausap ng Human Rights Watch ang mga opisyal ng embahada at abugadong kumakatawan sa mga domestic worker na may kasong kriminal, na hindi nakakuha ng nakasulat na hatol sa mga kasong napatunayang may sala, na nagiging balakid sa kakayanan nilang maghanda at maghapag ng apela. Sa mga kasong may nakukuha silang impormasyon, ipinaliwanag ng ilang diplomatiko na hindi nila maintindihan ang mga dokumento: "Nakasulat ito sa wikang Arabic at wala kaming maintindihan. Minsan mahirap din intindihin ang mga nakasulat na pangalan at partikular na lugar sa mga impormasyong galing sa Foreign Affairs."[222]

---

[219] Itinatakda ng Vienna Convention on Consular Relations, pinagtibay noong Abril 24, 1963, 596 U.N.T.S.261, pinatupad noong Marso 19, 1967, art. 36. na, "Kung kanyang hihilingin, ipagbibigay alam, ng walang pagkaantala, ng awtoridad ng Estadong tumatanggap, sa konsulado ng Estadong nagpapadala na, kung sa loob ng distrito ng konsulado, isang mamamayan ng nasabing estado ang hinuli, ikinulong, o inilagay sa kustodiya habang naghihintay ng paglilitis, o ikinulong sa ibang paraan… Ipagbibigay alam ng mga nasabing awtoridad sa taong kinauukulan, ng walang pagkaantala, ang kanyang mga karapatan sa ilalim ng subparagraph na ito… may karapatan ang opisyal ng mga konsulado na dalawin ang mamamayan ng Estadong nagpapadala, na nakakulong, nasa kustodiya, o detention, at kausapin o makipag-ugnayan sa kanya at ayusin ang kanyang ligal na representasyon. May karapatan din sila na dalawin ang sinumang mamamayan nila na nakakulong o naka-detine sa kanilang distrito habang naghihintay ng hatol."

[220] Ibid.

[221] Mga konklusyon at rekomendasyon ng Committee against Torture : Saudi Arabia, Hunyo 12, 2002, CAT/C/CR/28/5, para. 8(h).

[222] Panayam ng Human Rights Watch kina C at J, mga opisyal ng embahada mula sa labor-sending na mga bansa, Riyadh, Disyembre 4 at 13, 2006. .

Umaasa ang mga domestic worker sa mga ad hoc na pakikipag-ayos sa interpretasyon sa mga istasyon ng pulis at sa court proceedings, at karaniwang wala silang abogado. Sa ilang kaso, nag-aalok ng *interpreter* ang gobyernong Saudi o ang embahada ng manggagawa; sa ibang kaso, umaasa na lamang ang manggagawa sa konti niyang alam sa salitang Arabic o tuwirang wala siyang maiintindihan. Dagdag pa rito, ayon sa isang opisyal ng Saudi Ministry of Interior, "Walang sinasabi sa batas na dapat naming hintaying dumating ang abogado bago namin umpisahan ang pagtatanong sa akusado."[223]

Sa isang kaso na umani ng protesta mula sa mga grupo sa ibat-ibang panig ng mundo, hinatulan ng kamatayan ng isang korte sa Saudi si Rizana Nafeek, isang 19-anyos na domestic worker mula sa Sri Lanka, sa kasong pagpatay sa inaalagaan niyang sanggol. Walang *interpreter* si Nafeek noong siya ay pinaamin ng mga pulis. Binawi niya ang kanyang pag-amin sa katagalan at wala siyang abogado sa loob ng dalawang taong paglilitis sa kanya. Si Nafeek, na 17-anyos noong maakasuhan, ay walang karanasan sa pagiging domestic worker at nagsabing nabulunan sa gatas ang sanggol na siyang ikinamatay nito. Naka-apela pa ang kaso ni Nafeek hanggang nitong Hunyo 2008.

Kontra-Kaso ng Pagnanakaw, Pangkukulam, at Maling Pagbibintang

> *Takbo ako ng takbo ng hindi alam kung saan papunta at walang suot na abaya.Lumabas ako na walang suot na abaya kasi kung kukunin ko ito, pagbibintangan akong nagnakaw at puputulin ang aking mga daliri.*
>
> —Journey L., domestic worker na Pilipina, Riyadh, Disyembre 4, 2006

Isang karaniwang problema ay ang pagharap ng mga domestic helper na tumakas o nagreklamo sa kanilang amo sa mga palsong kontra-kaso ng pagnanakaw o pangkukulam mula sa kanilang mga amo.[224] Sinabi sa amin ng opisyal ng isang labor-sending na bansa, "Ang mga pulis… bilang mga Muslim ay maniniwala sa sasabihin ng ibang Muslim at ibang kababayan… [Pero] may nakikita kaming

[223] Panayam ng Human Rights Watch kay Shaikh Al Abdallah, pinuno, Department of Prosecutions and Investigations, Ministry of Interior, Nobyembre 29, 2006.

[224] Panayam ng Human Rights Watch kay B, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 3, 2006. .

magbibigay ng pag-asa. Nasasanay na ang mga pulis sa pagtukoy sa ganitong mga klase ng palsong pagbibintang… Malaki itong pag-unlad kesa sa dati."[225] Sa kabila ng pagbabago sa pananaw ng ilang mga pulis, nananatili pa ring seryosong problema ang banta ng kontra-kaso. SInabi ng isang opisyal na humahawak ng isyu sa paggawa na mahirap para sa mga manggagawa ang humingi ng sahod na hindi nabayaran, dahil "maaaring takot ang isang manggagawang magsabi ng katotohanan [tungkol sa kanyang sahod] dahil sa banta ng kontra-kaso… Pinapabayaan na lamang ng manggagawa ang paghahabol."[226]

Isinalarawan ni Nurifah M. ang kanyang karanasan matapos siyang tumakas sa kanyang amo at tumakbo sa konsulada ng Indonesia: "Pagkatapos noon, iniulat ng amo ko sa awtoridad na nagnakaw daw ako ng 60,000 riyal ($15,6000) at ginto. Tumawag ang mga pulis sa konsulado at sinabing dapat daw akong pumunta sa presinto. Wala akong pera. Kung may pera ako, hindi na ako pumunta sa konsulado. Kung may pera ako, tumakbo na akong pauwi sa bansa ko."[227] Sa kaso ni Nurifah M., pinagtibay ng mga pulis na hindi siya nagnakaw ng anumang pera. Pero sa kabila ng *subpoena* sa kanyang mga amo at sunod-sunod na dalaw sa bahay ng mga ito, hindi na nakuha ni Nurifah M. ang kanyang hindi naibigay na sahod.

Sa ibang kaso, ang mga domestic worker na may ikinasong kriminal laban sa kanilang amo ay maaaring maharap sa matinding pag-uusisa at makasuhan ng paghahapag ng maling akusasyon. Si Nour Miyati, na tinalakay sa unang bahagi tungkol sa sapilitang pagtatrabaho, ay nahatulan ng 79 na hagupit sa salang paghahapag ng maling akusasyon laban sa kanyang amo, sa kabila ng pag-amin ng kanyang among babae sa pang-aabuso at sa masusing panggagamot sa kanyang mga sugat na natamo sa pambubugbog at paggutom na kinailangan ni Nour Miyati. Binaliktad ng isang korte sa Riyadh noong Abril 2006 ang naging hatol kay Nour Miyati. Tatlong taon makalipas ang paghapag ng unang kaso noong Marso 2005, ibinasura ng korte noong Mayo 2008 ang mga sakdal laban sa kanyang among babae.

---

[225] Panayam ng Human Rights Watch kay L, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 8, 2008.

[226] Panayam ng Human Rights Watch kay P, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 8, 2008.

[227] Panayam ng Human Rights Watch kay Nurifah M., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006

Ang mga manggagawang tumatakas ay nahaharap din sa mga parusa sa pagtalikod sa kanilang kontrata at pag-iwan sa mga amo, na samakatuwid ay paglabag sa mga batas ng *immigration*. Noong 2007, sinintensiyahan ng isang korte sa Ha'il ang dalawang domestic worker na Sri Lankan ng 45 araw na pagkakulong at 70 hagupit bawat isa para sa kasong pagtakas sa kanilang mga amo. Dalawang lalaking Sri Lankan naman na napatunayang nagkasala sa pagtulong sa kanila ay nahatulan ng tatlong buwang pagkakulong at 200 hagupit bawat isa sa kanila.[228]

Mga Kaso ng Pangkukulam

Gaya ng maikling pagtalakay sa bahagi sa *physical violence*, pitong miyembro ng isang pamilyang Saudi, na may apat na domestic worker na Indonesian, ang nambugbog ng mga domestic worker noong unang bahagi ng Agosto 2007 matapos akusahan ang mga katulong ng pagsasagawa ng "black magic" sa binatang anak ng pamilya. Namatay sila Siti Tarwiyah Slamet, 32, at Susmiyati Abdul Fulan, 28, sa mga tinamo nilang sugat. Ginagamot naman sila Ruminih Surtim, 25, at Tari Tarsim, 27, sa *Intensive Care Unit* ng Riyadh Medical Complex nang alisin sila ng mga pulis sa nasabing ospital at ikinulong para tanungin tungkol sa kanila umanong "pangkukulam," at sa umpisa ay hindi pinayagang makausap ng mga opisyal mula sa embahada ng Indonesia.[229]

Sumusubok ang embahada ng Indonesia ng ligal na paraan para sa mga domestic worker na nahatulan sa salang pangkukulam. Halimbawa, inaasikaso nila ang kaso ng isang domestic worker sa Gassim na unang nahatulang mabitay sa salang pangkukulam pero naibaba ang hatol sa 10 taong pagkakulong.[230] Sa dalawang kaso ng pangkukulam na sangkot ang domestic worker na Indonesian sa Hofuf, alam ng embahada na napatunayan nang nagkasala ang mga mangagawa, pero hindi nito alam ang naging hatol dahil hindi sila nakakuha ng kopya ng naging hatol.[231]

---

[228] Mariam Al Hakeem, "Runaway maids face jail and flogging," *Gulf News*.

[229] Saudi Arabia: Migrant Domestics Killed by Employers," Human Rights Watch news release. Matapos ang mahabang negosasyon, napawalang sala ang mga kababaihan at tumanggap si Ruminih Surtim ng 30,000 riyal ($7,800) at si Tari Tarsim ng 15,000 riyal ($3,900) bilang kompensasyon, Panayam ng Human Rights Watch sa isang opisyal ng Embahada ng Indonesia na ayaw magpakilala, Riyadh, Marso 10, 2008.

[230] Panayam ng Human Rights Watch kay Nasser Al-Dandani, abogado, Embahada ng Indonesia, Riyadh, Marso 10, 2008.

[231] Ibid.

Ang mga kaso ng pangkukulam ay arbitraryo at tumutuya sa pandaigdigang pamantayan sa human rights. Hindi binibigyang kahulugan ng batas ng Saudi ang pangkukulam bilang isang krimen. Wala ring napagkaisahang pag-unawa kung ano ang mga tipo ng gawain na maituturing na pangkukulam, na siyang nagbibigay ng napakalaking hamon sa pagdepensa sa akusado. Sa mga panayam sa Human Rights Watch, hindi mailinaw ng mga dati at kasalukuyang opisyal ng Ministry of Justice ang eksaktong depinisyon ng pangkukulam, bagaman kanilang iginiit na nagbubunga ito ng pagkalagay ng buhay sa panganib.[232] Karaniwang target ng mga amo ang mga gawaing maaaring resulta ng pagkakaiba sa mga gawing pang-kultural tulad ng pagdadala ng anting-anting, bilang patibay sa gawaing pangkukulam. Sinabi ng isang opisyal ng isang labor-sending na bansa, "Napakahirap at komplikado ang mga kasong ito… Aakusahan sila ng mga simpleng bagay, tulad ng pagdadala ng litrato sa kanilang pitaka, o kung may mahulog na buhok nila [sa pagkain],"[233] at titingnan ito bilang ebidensiya ng pangkukulam.

Mga Krimeng "Moral"

> *Karaniwang tahimik na lang namin silang pinapauwi. Ayaw din ng mga pulis na patagalin pa ang mga ganitong kaso. May ilan kaming kaso ngayong taon ng mga babaeng ikinulong sa kasong adultery o pakikipagtalik nang hindi kasal. Karaniwan mga limang buwan ang sentensiya. Puwede rin silang bigyan ng parusang pisikal.*
>
> —opisyal ng embahada mula sa isang labor-sending na bansa, Riyadh, Nobyembre 29, 2006

Adultery, pakikipagtalik nang hindi kasal, prostitusyon, at pakikisalamuha sa mga lalaking hindi kamag-anak ang mga pinakakaraniwang dahilan kung bakit nahahatulan at nakukulong ang isang domestic worker sa Saudi Arabia.[234] Matindi

---

[232] Panayam ng Human Rights Watch kina M.R. Abdulhameed Al-Galiga, consultant, Ministry of Justice, M.R. Deefallh Al-Onzu, researcher, Ministry of Justice, at D.R. Naser Al-Shahrani, department of investigations and prosecutions, Riyadh, Marso 12, 2008.

[233] Panayam ng Human Rights Watch kay M, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 10, 2008.

[234] Panayam ng Human Rights Watch kina B at E, mga opisyal ng labor-sending na mga bansa, Jeddah at Riyadh, Disyembrer 3 at 9, 2006, at kay J, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 11, 2008; and "Details of Sri Lankan Female Prisoners/Detainees," sulat ng isang opisyal na ayaw magpakilala, Sri Lanka Ministry of Foreign Affairs, Colombo, Sri Lanka, Nobyembre 20, 2006.b

ang mga parusa. Halimbawa, sa ilang kasong sinuri ng Human Rights Watch, ang mga kababaihang Sri Lankan na nahatulan sa kasong prostitusyon ay binabaan ng 18 buwang pagkakulong at 60 hanggang 490 na hagupit.[235] Binigyang-pansin ng opisyal ng isang embahada na iyong mga naakusahan ng prostitusyon ay karaniwan na natagpuan lamang na kasama ang mga kakilalang lalaki na hindi nila kaano-ano. Wala ring dagdag na ebidensiya na ang mga ito ay gumagawa ng seksuwal na aktibidad.[236]

Habang ang ibang domestic worker ay pamilyar sa mga batas sa Saudi Arabia, ang iba naman ay napakakonti nang nalalaman. Karamihan sa mga domestic worker ay nagmula sa mga bansang hindi krimen ang pakikisalamuha sa mga lalaking hindi kaano-ano, kaya hindi nila alam ang puwedeng mangyari. Sa ibang kaso, nilalagay ng mga domestic worker ang kanilang sarili sa peligro kung hihingi sila ng tulong sa mga lalaking hindi nila kaano-ano upang makatakas sa mga mapang-abusong amo.

Naidokumento ng Human Rights Watch ang ilang kaso kung saan hinatulan ng mga korte sa Saudi ang mga domestic worker sa mga krimeng "moral," na karaniwan sa mga situwasyong walang kontrol ang mga babae. Halimbawa, nasintensiyahan si Bethari R. at ang kanyang amo na mahagupit dahil sa pumasok ang nasabing amo sa bahagi ng bahay na para sa mga babae lamang. Nagpunta sa Saudi Arabia bilang isang sastre si Bethari R., ngunit pinagtrabaho siya ng kanyang mga amo ng mabigat na gawaing bahay at pag-aalaga ng bata sa mahabang oras. Ilang beses na ring nakabangga ng kanyang amo ang *religious* police. Walang kakayanan si Bethari R. na lumipat ng amo o kausapin ang amo tungkol sa saklaw ng kanyang gawain. Sabi niya, "Sinisigawan nila ako. Masyadong mayabang ang amo kong babae. Parang alipin ang trato niya sa amin… Ilang beses ng isinara ng *mutawwa* (religious police) ang *beauty parlor* nila. Ayoko nang magkaroon ng kinalaman dito."[237]

---

[235] **"Details of Sri Lankan Female Prisoners/Detainees." Sinabi ng opisyal ng isang labor-sending na bansa na mula 50 hanggang 250 hagupit ang karaniwang parusa sa mga krimeng "moral." Panayam ng Human Rights Watch kay H., opisyal ng Embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 8, 2008.**

[236] **Panayam ng Human Rights Watch kay Nasser Al-Dandani, Marso 11, 2008.**

[237] **Panayam ng Human Rights Watch kay Bethari R., Indonesian na sastre na pinilit gumawa ng trabahong bahay, Riyadh, Marso 11, 2008.**

Iba-iba ang kuwento ng mga panig sa panahon ng paglilitis at walang depinidong ebidensiya. Hinatulan ng huwes ang lalaking amo ng 11 buwang pagkakulong at 200 hagupit sa harap ng publiko. Hindi pinansin ng huwes ang alegasyon ni Bethari R. na ginahasa siya ng kanyang amo. Sinisi pa ng huwes si Bethari R. dahil hindi nito isinumbong ang pagpasok ng among lalaki sa seksyon ng kababaihan at sa pagtatrabaho niya sa dis-oras ng gabi. Hinatulan siya ng 70 hagupit at deportation.[238] Nag-aapela sa parusa ang embahada ng Indonesia noong panahong nakausap namin si Bethari R.

Ang pagiging krimen ng pakikisalamuha sa mga hindi kaano-anong lalaki at ang pagpayag na makipagtalik ay isang paglibak sa mga pandaigdigang pamantayang nagtatanggol sa karapatan sa kalayaan at *privacy.* Dagdag dito, may diskriminasyon laban sa kababaihan ang mga pamantayan sa ebidensiya, na kalahati lamang ang binibigay na timbang sa testimonya ng babae kumpara sa testimonya ng lalaki. Ayon sa Sharia, Ang tanging garantiya lamang na mapatunayan ang panggagahasa ay kung aamin ang akusado o kung may apat na lalaking nasa tamang edad ang makakita sa panggagahasa. Kung hindi, wala nang ibang maaasahang pamantayan ang korte para patunayan ang panggagahasa. Bilang resulta, tinitingnan minsan ng mga korte na ang pag-akusa ng babae sa panggagahasa ay pag-amin din nito sa bawal na pakikipagtalik, na nagiging dahilan sa pag-usig sa kababaihan. Ang mga pamantayan sa ebidensiya para patunayan ang panggagahasa ay napakahirap tugunan, laluna sa kalagayan ng mga domestic worker na nakabukod sa mga pribadong bahay kung saan puwedeng walang saksi, at dahil hindi sila makakalabas ng bahay upang kumuha ng *forensic* na pagsusuri na puwedeng gamiting ebidensiya.

Ang mga babaeng nabubuntis dulot ng panggagahasa o boluntaryong pagpasok sa seksuwal na relasyon ay nahaharap sa banta na mausig, sapagkat ang kanilang pagbubuntis ay itinuturing na ebidensiya ng bawal na relasyong seksuwal sa labas ng matrimonya. Halimbawa, aming nabalitaan noong Marso 2008 ang kaso ng isang domestic worker na Nepalese na nagsabing ginahasa siya umano ng anak na lalaki ng kanyang amo. Ikinulong siya matapos manganak at naghihintay ng paglilitis noong panahong iyon.[239]

---

[238] **Hatol mula sa Qubba Public Court, 15/8/1428, at Panayam ng Human Rights Watch kay Nasser Al-Dandani, Marso 11, 2008.**

[239] **Panayam ng Human Rights Watch sa isang source na ayaw magpakilala. Riyadh, Marso 2008. .**

Sinabi ng opisyal ng isang embahada na sa nakaraang anim na buwan ay nakahawak siya ng apat hanggang limang kaso ng pagbubuntis, at maraming buntis na domestic worker ang bumabagsak sa Malaz prison.[240] Ayon sa opisyal ng mga labor-sending na bansa, kung minsan ay nakikisama sa kanila ang mga pulis at hindi na kinakasuhan ang mga babaeng nabubuntis. Sabi ng opisyal ng isang embahada, "Pero iyong nakapanganak na ay talagang kinukulong."[241]

Nabuntis si Amanthi K. matapos gahasain ng kanyang amo. Nahatulan siyang makulong ng anim na buwan sa kasong adultery noong 2006. Sabi niya, "Sabi ng huwes sa akin, 'Pumunta ka rito para magtrabaho at nakagawa ka ng isang krimen. ' Sabi ko ang amo ko ang nakagawa ng krimen, hindi ako. Pagkatapos noon, dinala ako sa ospital para manganak. Pagkatapos kong manganak, ikinulong na ako, kasama ang anak kong babae. [242] Iniulat din ni Amanthi K. na merong *interpreter* para magsalin ng Arabic sa Sinhali, pero wala siyang abogado. Hindi siya binigyan ng pagkakataon ng mga awtoridad ng Saudi na ipaalam sa Sri Lankan mission ang tungkol sa kanyang kaso at wala rin siyang ugnayan o natanggap na tulong sa mga ito habang dumadaan siya sa mahirap na karanasan.

Sinabi ng opisyal ng mga labor-sending na bansa sa Human Rights Watch na karaniwan nilang pinapayuhan ang mga babaeng manggagawa na huwag na lang ituloy ang kaso ng *sexual harassment* o assault kung walang matibay na ebidensiya. Sa palagay kasi ng marami ay mawawalang saysay lamang ang pagsampa ng kaso dahil sa mahigpit na hinihinging ebidensiya, ang mahabang panahong ginugugol bago maresolba ang mga kasong kriminal, at ang banta na masakdal sa kasong *adultery* at iba pang krimeng "moral." Sabi ng isang opisyal, "Sa 40 kaso ng *sexual abuse* o *harassment*, apat (4) lamang ang nagsampa ng reklamo."[243] Sabi pa ng isang opisyal,

---

[240] Panayam ng Human Rights Watch kay J., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 10, 2008.

[241] Panayam ng Human Rights Watch kay M., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 10, 2008.

[242] Panayam ng Human Rights Watch kay Amanthi K., umuwing domestic worker, Katunayake, Sri Lanka, Nobyembre 1, 2006.

[243] Panayam ng Human Rights Watch kay B., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 3, 2006.

Minsan sinasabi namin sa ibang babae, inabuso ka, pero wala akong kakayanan na ilagay ka sa shelter sa loob ng isa hanggang dalawang taon. Hindi ko puwedeng himukin ang mga babae o ang mga tauhan ko na ituloy nila ang kaso. Sino ang tetestigo? Kailangan ito sa ilalim ng Sharia. Ito ang mga implikasyon, kaya takot kaming itulak ang ganitong mga kaso.[244]

[244] Panayam ng Human Rights Watch kay J., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 13, 2006.

X. Protection Measures ng Saudi at Kahinaan ng mga ito

Hindi ko mababantayan ang walong milyong kabahayan. Walang ganito saan mang panig ng mundo. Lulong na sa murang paggawa ang aming lipunan at desperado ang mga manggagawa na pumunta rito.
—Dr. Ghazi al-Qusaibi, Minister of Labor, Riyadh, Disyembre 3, 2006

Sa kasaysayan ng gobyernong Saudi, hindi pare-pareho ang naging pagtugon nito sa pang-aabuso ng mga domestic worker. Gaya ng tinalakay sa Chapter IV, bigo ang mga umiiral na labor at migrasyon policies na magbigay ng sapat na proteksiyon at naglalagay pa sa mga domestic worker sa banta ng pang-aabuso. Nalaman ng Human Rights Watch na ang mga domestic worker na humihingi ng tulong ay madalas na nahaharap sa mga mahirap na balakid sa napapanahong tulong o bayad-pinsala. Bagaman winakasan na ng isang *royal decree* ang pang-aalipin at pinaparusahan ng anti-*trafficking* decree ng Ministry of Labor ang mga ahensiyang sangkot sa mapagsamantalang gawi sa pamamagitan ng pagbawal sa mga itong mag-recruit ng manggagawa, hindi naman itinuturing ng mga batas ng Saudi na krimen ang sapilitang pagtatrabaho, *trafficking*, pambubusabos, o pang-aalipin.

Bilang obligasyon ng Saudi Arabia sa karapatang pantao, inaasahan na gumawa ito ng tahasang hakbang para protektahan ang mga domestic worker sa pang-aabuso, pagsasamantala, at kalagayang sapilitang paggawa, pagkaalipin, o pagkabusabos. Taglay din nito ang responsibilidad na gumawa ng mga hakbang na pipigil at magbibigay lunas laban sa diskriminasyong nakabatay sa kasarian at karahasang nararanasan ng mga migranteng babaeng domestic worker.[245]

Ipinapahiwatig ng mga lumalabas na reporma at mungkahing pagbabago sa mga batas sa paggawa at *immigration* na nagsimula na ang Saudi Arabia na kilalanin ang mga problemang ito at ayusin ang kanyang pagtugon. Nagtayo ang gobyernong

[245] **Bilang kabahagi sa Convention on the Elimination of All forms of Discrimination Against Women, nagsagawa na ang Saudi Arabia ng mga partikular na obligasyon tungkol sa ligal at pang-polisiyang proteksyon ng karapatan ng mga kababaihan. Halimbawa, itinatakda ng Article 2 at Article 6 na "Kinokondena ng mga Estadong kabahagi ang lahat ng porma ng diskriminasyon laban sa mga kababaihan, pumapayag na ipatupad, gamit ang lahat ng paraang nababagay at walang pagkaantala, ang patakaran ng pagwawakas sa diskriminasyon sa mga kababaihan," at "Gagawin ng mga kabahaging Estado ang lahat ng hakbang, kasama ang pagbuo ng mga batas, upang supilin ang lahat ng uri ng trafficking ng mga kababaihan…"**

Saudi ng mga Centers para sa mga domestic worker na tumakas sa kanilang mga amo, at walang pasaporte o *exit visa* upang makauwi. Nagbibigay ng mekanismo ang mga center na ito para hayaang makauwi ang mga *stranded* doon na mga domestic worker at pumagitna sa mga banggaan sa mga amo sa usapin ng sahod. Subalit maraming domestic worker ang napipilitang tumanggap ng kasunduang magbibigay ng sahod na higit na mababa sa dapat na bayaran ng kanilang mga amo. Dagdag pa rito, palaging naiiwasan o hindi pinapansin ng mga may impluwensiyang Saudi ang mga mekanismong itinayo para tulungan ang mga domestic worker.[246]

Nagpapataw din ang criminal justice system ng iba pang balakid: bagaman may natanggap na tulong at suporta mula sa Saudi police ang ilang migrant worker na nakapanayam ng Human Rights Watch, ang iba naman ay naharap sa kasungitan at dagdag pang pang-aabuso. Ang matagal na paglilitis kriminal laban sa mga amo ay nagiging sanhi ng pagkaipit ng mga domestic worker sa shelter ng mga embahada. Hindi sila makapagtrabaho, limitado ang ugnayan sa kanilang pamilya, at hindi malinaw ang resulta ng paglilitis. Halos walang naibibigay na insentibo ang karanasan ng mga naunang kasong ganito para magsumbong sa mga pulis.

Nakapanayam ng Human Rights Watch ang ilang opisyal ng Saudi na ang palagay nila ay kalabisan o *exaggerated* ang mga ulat ng pang-aabuso sa mga domestic worker at hindi pinapansin ang problema naman ng mga among Saudi. Tila sumasalamin sa opinyon ng maraming among nakausap namin, sinabi ng isang opisyal, "Walang institusyon na nagbibigay ng proteksiyon sa mga amo. Paano ang mga kaso ng pang-aabuso ng domestic worker sa mga alagang bata o mga kaso ng pangkukulam?"[247] Sabi pa ng isang opisyal, "Sino ang magbibigay ng karapatan sa *kafil* (*sponsor*)? Nagbabayad siya ng 6,000-8,000 riyal ($1,560-2,080) para tanggapin ang domestic worker, tapos tatakas ito pagkalipas ng isa o dalawang buwan sa KSA."[248]

---

[246] **Panayam ng Human Rights Watch sa mga opisyal ng embahada mula sa mga labor sending na bansa, Riyadh, Marso 11 at 12, at sa isang health professional na nagtatrabaho sa mga pamilyang Saudi, Riyadh, Marso 13, 2008.**

[247] **Panayam ng Human Rights Watch kay Adel Farahat, international cooperation advisor, Ministry of Social Affairs, Riyadh, Marso 9, 2008.**

[248] **Panayam ng Human Rights Watch kay Fawzi Al-Dahan, general manager, Manpower Planning Department, Ministry of Labor, Riyadh, Marso 9, 2008.**

Ministry of Social Affairs (MOSA) Center for Domestic Workers

> *Walang translator dito.Hindi ako makapagsalita. Sinusulat ng pulis anuman ang sabihin ng amo. Humingi sa akin ng pera ang pulis para sa tiket. Wala akong pera na maibigay sa kanila… Akala ng pulis at ni Baba may pera ako. Sabi nila nagsisinungaling ako… May isang babae doon sa kampo na nakakaintindi ng konting Arabic at Sinhalese, kaya natulungan niya ako sa translation. Sabi ko, "Kung hindi nila ibibigay ang sahod ko, bayaran na lang nila ang aking tiket." Nagpalipat ako sa ibang bahay, pero sabi ni Baba, "Ayokong magtrabaho siya sa ibang bahay"; tumanggi rin si Madam. Hindi ko na kukunin ang sahod ko, kailangan ko lang ng tiket. Walang sasagot ng tiket ko.*
>
> —Latha P., domestic worker na Sri Lankan, MOSA processing center, Riyadh, Disyembre 15, 2006

Libo-libong reklamo mula sa mga domestic worker na *stranded* sa nasabing bansa o hindi nabibigyan ng sahod ang natatanggap taon-taon ng gobyernong Saudi at embahada ng mga labor-sending na mga bansa. Karaniwang walang passport o *iqama* ang mga kababaihang ito, dahil hawak ng kanilang amo ang mga dokumento nila. Hindi sila makakuha ng kailangang visa dahil ayaw pirmahan ng kanilang amo ang papeles upang sila ay makaalis ng nasabing bansa. At sa maraming pagkakataon ay wala silang pera, dahil hindi sila nasahuran o kaya'y naipadala na nila lahat ng kanilang pera para tustusan ang gastusin ng kanilang pamilya. Sa maraming kaso, tumatalikod ang mga amo at *recruitment agent* sa obligasyon ng mga ito sa kontrata na sagutin ang tiket pauwi ng mga manggagawa. Dahil dito ay nagiging desperado ang manggagawa sa paghanap ng pera para makabili ng tiket pauwi.

Noong 1997, itinatag ng Ministry of Social Affairs, sa tulong ng mga Ministries of Labor at Interior, ang isang center na tutugon sa mataas ng bilang ng reklamo mula sa mga domestic worker, kasama iyong mga *stranded* sa airport na hindi nasundo ng kanilang magiging amo pagdating nila.[249] Matatagpuan ang center sa Riyadh, at

[249] Panayam ng Human Rights Watch kina Abdullah Jazi al-Jad, manager, Ministry of Social Affairs center for domestic workers, Riyadh, Disyembre 6, 2006, at Adel Farahat, Marso 9, 2008.

bagaman ginawa lang ito para sa kalahati lamang na dami, 1,000-1,500 na domestic worker ang karaniwang laman nito.[250]

Inaasikaso ng staff sa MOSA shelter, katulong ng mga pulis na itinalaga sa center mula sa ibat-ibang istasyon sa Riyadh, ang mga domestic worker sa pamamagitan ng pagkuha ng mga gamit o identity document ng mga ito mula sa mga amo, pagkuha ng sahod, o pagpapadali ng pagkuha ng awtorisasyon para makaalis ng naturang bansa. Nagbibigay ang MOSA shelter ng kinakailangang serbisyo para sa mga domestic worker na kung hindi ay walang ligal na proteksiyon o matutuluyan na kanilang maaasahan. SInabi ng mga diplomatiko mula sa mga labor-sending na mga bansa na lubhang pinadali ng MOSA shelter ang kakayanan nilang asikasuhin ang mga domestic worker na humihingi ng tulong para makaalis sa nasabing bansa o makuha ang hindi naibigay na sahod.

Bagaman nakapagbibigay ang MOSA center ng maaasahang daluyan para tulungan ang mga domestic worker na naiipit sa hindi makatuwirang patakaran sa *immigration*, ilang aspeto ng operasyon nito ang nakakabagabag. Kadalasang napipilitan ang mga domestic worker na tanggapin ang hindi makatarungang kasunduan sa kanilang sahod at maghintay ng ilang buwan sa loob ng mataong shelter na walang nakukuhang impormasyon tungkol sa kanilang kaso. SInabi ng ilang domestic worker na pinilit sila ng mga pulis na nakatalaga sa MOSA center na bumalik sa kanilang mga amo. Labag ito sa kanilang kalooban.

Sa ilang kaso, nakakaligtaan ng mga staff ng MOSA na suriin ang pisikal at seksuwal na pagkaabuso at hindi nakakapagbigay ng maayos na interpretasyon kung kumukuha ng statement o kuwento sa manggagawa tungkol sa kalagayan ng kaso nito. Sabi ni Nur A. sa Human Rights Watch, “Noong pumunta ang amo ko sa SSWA [MOSA center], matagal akong naghintay at hindi ko nakuha ang apat na buwan kong sahod. Hindi ko ikuwinento sa pulis ang pang-gagahasa sa akin. Walang translator.[251] Hindi palaging nagtatanong ang mga pulis o opisyal ng labor tungkol sa

[250] Bagaman matatagpuan sa Riyadh ang ganitong processing center, hindi pinalad ang Human Rights Watch na kompirmahin ang laki at lugar ng ibang center sa buong bansa. Iba-iba ang naging sagot ng mga opisyal ng Ministry of Social Affairs, Ministry of Labor, at labor-sending na mga bansa, mula sa: isa sa Riyadh hanggang sa ilan pang mas maliliit na center sa Dammam, al-Ahsa, at Buraida.

[251] Panayam ng Human Rights Watch kay Nur A., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 7, 2006.

nangyaring pisikal o seksuwal na pang-aabuso. At dahil sila ay natatakot sa kanilang kapaligiran, hindi agad naglalabas ang mga domestic worker ng ganitong impormasyon kapag hindi sila tinanong. Sabi ni Gina R., na binugbog ng kanyang amo, "Tinanong ako ng mga pulis [sa MOSA center] kung ilang buwan akong nagtrabaho sa amo ko, pero hindi nagtanong tungkol sa ahente ko. Hindi sila nagtanong tungkol sa mga sugat ko dahil nakasuot ako ng abaya."[252]

Gaya ng nabanggit sa seksiyon ng "Employment Contracts and Recruitment Practices," amo ang dapat sumagot sa tiket pauwi ng manggagawa kung napilitan itong umalis sa pinagtatrabahuan dahil sa pag-mamaltrato. Sa praktika ay hindi maayos na naipapatupad ang probisyong ito. Kung tumanggi ang mga amo na magbayad, ang mga domestic worker mismo ang kailangang maghanap ng pera, pagkaminsan ay nanghihiram sila ng pera sa kanilang mga kamag-anak sa bansang pinagmulan. Sa ilang mga kapansin-pansing kaso, ang gobyernong Saudi, ang labor-sending na bansa, o mga lokal na organisasyon ang nagbibigay ng pera. Sa ibang kaso, mga ahente ang nagbibigay ng tiket at nagreresolba ng kaso. [253] Pero sa maraming pagkakataon, napipilitang lumapit sa kaibigan at pamilya ang domestic worker o pumayag na magtrabaho pa ng dagdag na dalawa hanggang tatlong buwan sa bagong amo para makaipon ng kailangang pera.

Binatikos ng mga opisyal ng Saudi ang mga dayuhang mission ng labor-sending na mga bansa sa kabiguan ng mga ito na tulungan ang kanilang mga kababayan. Halimbawa, sinabi ng isang opisyal, "Umiiwas ang mga embahada sa pagtulong sa mga kababaihang ito dahil umiiwas sila sa gastos sa pagpapauwi sa mga ito. Kaya malaki ang nagagastos ng Ministry of Social Affairs sa pag-papauwi sa mga kababaihan."[254] Sa kabilang banda naman, iginigiit ng opisyal ng mga embahada na nagagamit ang iba nilang pondo sa pagbili ng tiket pauwi ng mga domestic worker at pagtulong sa imbestigasyon. Sabi ng isang *labor attaché,* "Ginagamit namin ang sarili naming sasakyan para hanapin ang bahay ng mga *sponsor*... Sinagot namin

[252] Panayam ng Human Rights Watch kay Gina R., domestic worker na Pilipina, Riyadh, Disyembre 7, 2006.

[253] Panayam ng Human Rights Watch kay P., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 3, 2006.

[254] Panayam ng Human Rights Watch kay Fawzi Al-Dahan, Marso 10, 2008.

ang tiket ng 97 kababaihan sa loob lamang ng ilang linggo." [255] Dagdag pa rito, umangal siya na wala silang natanggap na impormasyon tungkol sa mga domestic helper na naipasa nang direkta sa MOSA center sa halip na dumaan sa embahada, at sinabing, "Mano-mano pa rin ang paggawa nila ng record at hindi kami pinapasahan ng impormasyon."[256]

Sa kabila ng mga pagkukulang ng center, isa pa rin ito sa mga paraang nagagamit para makaalis sa nasabing bansa kapag hindi pumayag ang amo ng domestic worker na magbigay ng *exit visa*. Subalit nakakabit sa pagtanggap sa center ang mahigpit na rekisitos sa kalusugan. Ayon sa administrador ng Riyadh shelter, dapat walang trangkaso, lagnat, iba pang sakit, o hindi buntis ang domestic worker.[257] Malamang na ipinataw ang mga kundisyong ito para mapigilan ang pagkalat ng impeksiyon sa mataong mga shelter. At sa kaso ng pagbubuntis, hindi rin sila tumatanggap ng mga kasong maaaring sumuway sa batas ng Saudi. Maraming manggagawa at opisyal ng mga labor-sending na bansa ang umangal na tintanggihan pa rin ang mga manggagawa kahit na walang sakit ang mga ito.

Mahabang panahon ng Paghihintay at Kawalan ng Impormasyon

> *Hindi ako nasahuran sa loob ng apat na buwan. Wala akong perang pambili ng tiket pauwi sa Sri Lanka. Wala akong pera. Hindi lang ako, pero maraming tao ang walang pera. Isang buwan na ako rito.May isang taong nagtrabaho sa Saudi Arabia sa loob ng apat na taon at wala siyang pera. Anim na buwan na siya doon sa Olaya camp [MOSA center].*
>
> —Mary J., domestic worker na Sri Lankan, MOSA center, Riyadh, Disyembre 7, 2006

Madalas ang paghihintay nang matagal sa MOSA center, kung saan nakabitin ang buhay ng isang domestic worker sa loob ng mula dalawang lingo hanggang walong

---

[255] Panayam ng Human Rights Watch kay O., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 11, 2008. .

[256] Ibid.

[257] Panayam ng Human Rights Watch kay Abdullah Jazi Al-Jad, Disyembre 6, 2006.

buwan.[258] Kinumpirma ng Isang opisyal ng embahada ng Sri Lanka na ilang kababaihang Sri Lankan ang naghihintay ng higit sa isang taon.[259] Ang mga babaeng nakapanayam ng Human Rights Watch ay karaniwang desperado nang iwanan kaagad ang naturang pasilidad at umuwi na sa kanilang mga sariling bansa, pero napipilitang maghintay pa ng hindi alam kung gaano pa katagal at walang kakayanang makipag-ugnayan sa kanilang mga embahada o sa mga awtoridad ng Saudi na may hawak ng kanilang kaso. Walang nagawang krimen ang mga nasabing kababaihan pero parang nakakulong na rin ang katayuan nila. (Iniulat ng opisyal ng mga embahada na doon sa mga maliliit na bayan na hindi makaugnay sa MOSA center, halimbawa, ang 'Ar' ar sa lalawigan ng al-Jawf, inilalagay ng mga pulis sa kulungan ang mga tumakas na domestic worker na nagreklamo sa kanilang amo hanggang maresolba ang kaso ng mga ito.[260])

Ayon sa mga domestic worker na nasa MOSA center, "Ang mga tumatagal dito ng ilang buwan ay iyong mga walang pera. Ilan sa mga katulong ay napipilitang magmakaawa sa paghingi ng perang gagamitin sa pagbili ng kanilang tiket..[261] Sinabi ng isang diplomatiko na humahawak ng labor cases, "Pati iyong mga awtoridad ay nakalimutan na kung gaano katagal na siyang naghihintay. Hindi malaking bagay sa kanila na hindi dumating ang amo at hindi nagbayad. Pero pinaaalalahanan namin sila."[262]

Ang mahabang pagtigil sa MOSA center ay maaaring matapos sa ibang lugar pagkalipas ng mahabang paghihintay. Halimbawa, nakapanayam ng Human Rights Watch si Thanuja W. na nagsabing, "Limang buwan ako sa agency. Tapos tatlong buwan naman sa embahada. Dalawang buwan na ako rito [sa MOSA center]. Palagi

---

[258] **Ang pagitan ng dalawang linggo hanggang walong buwan ay mula sa panayam ng Human Rights Watch sa mga domestic worker at opisyal ng mga labor-sending na bansa. Ayon sa director ng MOSA center, karamihan umano sa mga kaso ay naaayos sa loob ng dalawang linggo. Pero sinabi naman ng minister of social affairs sa Human Rights Watch,. "Karaniwang tumatagal sa aming mga institusyon ang isang tumakas mula tatlo hanggang apat na buwan." Panayam ng Human Rights Watch kay Dr. Abd al-Muhsin al-`Akkas, minister of social affairs, Riyadh, Disyembre 2, 2006.**

[259] **Panayam ng Human Rights Watch sa isang opisyal ng embahada ng Sri Lanka na ayaw magpakilala, Riyadh, Marso 2008. .**

[260] **Panayam ng Human Rights Watch kay M., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 10, 2008.**

[261] **Panayam ng Human Rights Watch sa isang grupo ng mga domestic worker, MOSA center, Riyadh, Disyembre 6, 2006.**

[262] **Panayam ng Human Rights Watch kay J., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 13, 2006.**

kong hinihingi sa amo ko ang aking sahod, pero hindi pa rin nila ako binayaran pagkalipas ng dalawang taon. Ibinalik nila ako sa agency."[263]

Ibayong hirap ang dinaranas ng mga domestic worker sanhi ng walang taning na pagtigil sa mga shelter, dahil sa marami sa kanila ang nakaranas ng trauma, hindi nasahuran at gusto na muling magtrabaho, o hindi mapakali na muling makasama ang kanilang pamilya. Sabi ni Nur A., "Kabado akong pumunta sa SSWA [MOSA shelter] kasi alam kong tumatagal ng tatlo hanggang apat na buwan ang mga taong tumatakbo doon. Kabado ako na kung pupunta ako sa SSWA, baka tumagal din ako doon."[264] Karamihan ay naharap sa matinding kagipitan sa pera at hindi puwedeng magtagal na hindi kumita ng pera sa loob ng ilang buwan.

Hindi binibigyan ng staff ng MOSA ang mga domestic worker na nasa shelter ng sapat na impormasyon tungkol sa shelter mismo o regular na sariwang impormasyon tungkol sa kaso ng mga kababaihan. Dagdag pa rito, kinukumpiska ng staff ng MOSA ang mga mobile phone at pinipigilan ang mga domestic worker na makaugnay ang pamilya ng mga ito o tumawag mag-isa sa mga konsulado nila. Sinabi ng isang nakatigil na manggagawa doon sa Human Rights Watch, "May mobile ang isa sa mga kaibigan ko at kinuha nila ito. Hindi ako makatawag sa telepono, hindi ko matawagan ang embahada."[265]

Dahil sa kaunting alam nila sa gawain ng MOSA center, sa iligal nilang kalagayan, sa katayuan ng kanilang kaso, at sa kawalan ng kalayaang lisanin ang nakakandadong pasilidad, inaakala ng maraming domestic worker na sila ay nakapiit sa isang kulungan para sa mga kababaihan o isang *detention center*. Isang diplomatiko mula sa isang labor-sending na bansa ang nagsabing, "Marami sa aming mga kababaihan ang nagreklamo sa media [matapos silang makauwi]. Sinasabi nila dinala sila ng embahada sa kulungan."[266] Nakapanayam ng Human Rights Watch sa Sri Lanka ang

---

[263] **Panayam ng Human Rights Watch kay Thanuja W., domestic worker na Sri Lankan, MOSA center, Riyadh, Disyembre 6, 2006.**

[264] **Panayam ng Human Rights Watch kay Nur A., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 7, 2006.**

[265] **Panayam ng Human Rights Watch sa grupo ng mga domestic worker, MOSA center, Riyadh, Disyembre 6, 2006.**

[266] **Panayam ng Human Rights Watch kay J., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 13, 2006.**

isang umuwing domestic worker, si Sepalika S., na dumaan sa MOSA center, na nagsabing,

> Nilagay ako ng mga pulis sa isang selda ng kulungan kung saan lumalagi ang mga nagkaproblemang katulong… Kinandaduhan ako… may mga kuwarto sila sa mga katulong na Sri Lankan, katulong na Indonesian, Pilipina, at katulong na Nepalese. May mga itinanong sila sa akin tulad ng kung may ninakaw daw ako noong ako ay tumakas, at tiningnan nila kung may nakatago ako sa katawan ko. Tinanong nila ako bakit umalis ako sa bahay, kung salbahe ang Baba, at kung may dinala ba raw ako noong ako'y umalis.[267]

Iniulat ng mga opisyal ng ibat-ibang embahada na noong unang bahagi ng 2008, ilang mga domestic worker na nasa MOSA ang nainis na ng husto sa tagal ng kanilang paghihintay. Nagbunsod ito sa kanilang magprotesta na ikinasira ng ilang kagamitan sa center. Ikinulong ng gobyernong Saudi ang may 12 mga domestic worker sa loob ng dalawang buwan dahil sa kanilang pamumuno sa protesta.[268]

Pag-resolba ng mga Labor Dispute

Isang mahalagang tungkulin ng MOSA ang pumagitna sa mga labor dispute. Dahil hindi sakop ng labor code ang mga domestic worker, wala ang mga itong malinaw at naipapatupad na pamantayan sa kundisyon ng kanilang paggawa, paglapit sa mga labor court, o saligang mekanismo sa pagsasampa ng reklamo na dumadaloy sa Ministry of Labor.

Ang kahandaan ng mga pulis sa MOSA na hanapin ang mga among may kasalanan, pilitin ang mga ito na magpakita at makipag-usap tungkol sa alitan sa sahod, at bayaran ang mga sahod na hindi nila ibinigay ay lalong nagpapalakas ng kakayanan ng MOSA na ipatupad ang mga pamantayan sa paggawa. Napag-alaman ng Human Rights Watch na ilang Saudi police ang nakatulong sa ilang mga domestic worker ng bahagya o tuluyang ma-resolba ang kanilang mga kaso. Subalit amin ding napag-

[267] **Panayam ng Human Rights Watch kay Sepalika S., umuwing domestic worker na Sri Lankan, Katunayake, Sri Lanka, Nobyembre 9, 2006. .**

[268] **Panayam ng Human Rights Watch kay M., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 10, 2008.**

alaman na sa maraming kaso ay tumangging pumunta sa MOSA center ang mga amo, at walang nagawa ang domestic worker kundi tanggapin ang kanyang kapalaran at magkandahirap sa paghahanap ng perang pambili ng kanyang tiket pauwi. Halimbawa, si Indrani P. ay hindi nakatanggap ng kanyang sahod at kinailangang siya ang magbayad sa kanyang tiket pauwi:

> Dalawang beses kinausap ng mga pulis ang aking amo. Noong unang araw, itinanggi nilang doon ako nagtatrabaho sa kanilang bahay. Noong pangalawang beses naman, hindi nila sinagot ang telepono. Doon sa kampo (MOSA center), isa ring katulong iyong taong taga-translate. Tinanong nila kung gusto kong magtrabaho sa ibang bahay, at tumanggi ako. Tinanong nila kung may pera akong pambili ng tiket, at sabi ko opo.[269]

Itinatakda ng batas ng Saudi na sa mga kasong civil, dapat na madaling matanggap ng mga domestic worker ang kanilang sahod kapag ang hatol ay pumapabor sa kanila. Itinatakda ng Article 199(c) sa pangalawang bahagi ng civil procedure code na, "Ang isang hatol na may probisyon para sa mabilis na pagpapatupad, meron o wala mang pyansa batay sa diskresyon ng huwes, ay magagawa sa mga sumusond na kalagayan… (c)"kapag ang hatol ay para sa pagbibigay ng sahod sa isang katulong, *craftsman*, *workman*, *wet-nurse*, o *nurse-maid*."[270] Hindi madalas na umaabot sa korte ang kaso ng mga domestic worker, ngunit ang prinsipyo ng maagang pagbabayad ng sahod ay dapat na gamitin sa mekanismo ng MOSA center sa pag-resolba ng mga alitan sa paggawa.

Hindi pa ipinapatupad ng gobyernong Saudi ang pagsunod ng lahat ng mga amo at hindi nito tuloy-tuloy na hinahabol ang mga amo na hindi sumasagot. Halimbawa, Sabi ni Sari L., "Hindi ko alam kung makukuha ko pa ang walong buwan kong sahod… Tinawagan nila ang una kong amo at nag-usap kami. Sabi ng amo kong babae magdadala siya ng pera, pero hindi na siya bumalik. Isang-buwan at kalahati

---

[269] Panayam ng Human Rights Watch kay Indrani P., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

[270] The Law of Procedure before Shari'ah Courts, Royal Decree No. M/21, 20 Jumada 1 1421 [19 August 2000], Umm al-Qura No. 3811 – 17, Jumada II 1421 [15 September 2000], part 2, art. 199c.

na akong nakatigil dito. Hindi na rin sinasagot ng amo ko ang mga tawag ng staff ng MOSA center."[271]

Itinanggi ng mga opisyal ng Saudi ang lawak ng hindi pagbibigay ng sahod at iginiit na palaging pumapabor ang mga korte sa mga migrant worker. Sabi ng isang opisyal sa Human Rights Watch, "Ibinibigay ng amo ang sahod ng domestic worker, pero ayaw itong tanggapin ng huli. Ipinatago niya ang pera sa kanyang amo. Tapos kapag hiningi na ng domestic worker ang sahod nito, nahihirapan ang amo na ibigay kaagad ang buong sahod. Kapag hindi natanggap ng domestic worker ang sahod niya, tatakas siya."[272] Sabi ng isang opisyal ng Ministry of Labor, "Pagdating sa korte, ang pasanin ay nasa *kafil* (*sponsor*) na maghapag ng ebidensiya na naibigay na niya ang sahod."[273]

Naisadokumento ng Human Rights Watch ang maraming kaso kung saan ipinahayag ng domestic worker na ilang buwan siyang hindi sinahuran, at itinanggi ito o hindi naman nagpakita ang amo para tanungin. Mas may kapangyarihan din ang mga amo dahil sa ilalim ng sistemang *kafala*, sila ang may kontrol sa kakayanan ng manggagawa na lumipat sa ibang amo o kumuha ng *exit visa* para makauwi. Ang ganitong kawalan ng balanse sa kapangyarihan, kasama ang mahabang oras ng paghihintay sa center, ang alanganing resulta ng pagkuha ng hindi nabayarang sahod, at ang pagka desperado ng maraming kababaihan na makauwi at muling makasama ang kanilang pamilya ay nangangahulugan na sa pangwakas na kasunduan ay mapipilitan ang mga domestic worker na bitawan ang paghabol sa buo o bahagya nilang sahod upang makakuha lang ng *exit visa* at makaalis sa bansa.

Ayon sa mga Saudi Ministries ng Labor at Social Affairs, ang mga among hindi magbibigay ng sahod ay maaaring ilagay sa blacklist at pagbawalang kumuha ng ibang domestic worker sa loob ng limang taon. At sa mga among may rekord ng kapansin-pansin at paulit-ulit na gumagawa nito, habambuhay ang pagbabawal.[274]

---

[271] Panayam ng Human Rights Watch kay Sari L., domestic worker na Indonesian, MOSA center, Riyadh, Disyembre 6, 2006.

[272] Panayam ng Human Rights Watch kay Adel Farahat, international cooperation advisor, Ministry of Social Affairs, Riyadh, Marso 9, 2008.

[273] Panayam ng Human Rights Watch kay Fawzi Al-Dahan, Marso 10, 2008.

[274] Decree, Ministry of Labour No. 738/1 dated 16/5/1425h. Panayam ng Human Rights Watch kay Mohamed Rashid Al-Suleiman, director for Expatriate Workers' Care Department, Ministry of Labor, Riyadh, Disyembre 13, 2006: "May mahigpit na

Wala nang ibang parusang matatanggap ang mga amo at walang ganting bayad na matatanggap ang mga domestic worker. Noong tanungin ng Human Rights Watch ang mga opisyal na nakausap nito kung may plano ang gobyernong Saudi na magpataw ng mas malaking parusa sa mga among nagkasala, sinabi ng mga ito na sapat na ang mga kasalukuyang parusa.[275] Sa kabila ng ilang beses na paghiling, hindi binigyan ng gobyernong Saudi ang Human Rights Watch ng pinakabagong bilang ng mga among nailagay sa blacklist.

Paminsan-minsan, sa mga tampok at kapansin-pansin na kaso, isang indibidwal o organisasyon ang nakikialam para tulungan ang babae. Noong huling parte ng 2007, si Prince Salman, ang gubernador ng Riyadh, ay nagbigay ng katumbas ng 12 taong sahod kay Girlie Malika Fernando, isang 53-anos na Sri Lankan domestic worker na hindi pinasahod ng kanyang amo sa loob ng 13 taon at namatay bago napagpasiyahan ang kanyang kaso.[276] Nakatulong din ang ibinigay na atensiyon ng media sa kaso nila Reeta Nisanka, isang domestic worker na Sri Lankan, na binigyan lang ng tatlong buwang sahod sa siyam na taon nitong pagtatrabaho (nagbayad ng buo ang kanyang amo matapos ang "mapayapang" kasunduan at wala itong natanggap na ibang parusa), at ni Anista Marie, domestic worker na Sri Lankan, na sinahuran lang ng dalawang taon sa sampung taon niyang pagtatrabaho.[277] Kahit doon sa mga kasong natatampok sa media, magaan pa ring parusa sa mga amo o madalang ang pagpapatupad ng kasunduan sa sahod. Hindi ibinalik ng amo ni Anista Marie ang pasaporte nito at, sa 40,000 riyal ($10,400) na dapat bayaran, 8,500 riyal ($2,210) lamang ang ibinayad ng amo kay Anista Marie bago nakauwi ang domestic worker. Nangako ang amo na ipapadala sa Sri Lanka ang natirang 11,500 ($2,990).[278] Sa napakaraming kaso, natatakasan ng amo ang krimen nito at umuuwing walang pera ang domestic worker.

---

koordinasyon sa pagitan ng Ministry of Social Affairs at Ministry of Labor. Kapag ang isang amo ay hindi magbigay ng sahod sa kanyang katulong, sinusulatan nila kami at inilalagay sa blacklist ang amo."

[275] Panayam ng Human Rights Watch kina Dr. Ghazi al-Qusaibi, minister of labor, Riyadh, Disyembre 3, 2006, at Fawzi Al-Dahan, Marso 10, 2008.

[276] Mohammed Rasooldeen, "Salman Helps Maid Who Was Not Paid for 13 Years Go Home," *Arab News,* Nobyemre 4, 2007.

[277] Mohammed Rasooldeen, "Sponsor Pays Maid Nine Years' Back Wages," *Arab News,* Enero 1, 2008.

[278] Mohammed Rasooldeen, "Sri Lankan Maid Heads Home After 10 Miserable Years," *Arab News*, Enero 9, 2008.

Bumuo ang gobyernong Saudi ng ilang pananda sa pagbibigay ng sahod, kasama ang mga papel na pipirmahan ng mga domestic worker, na nagsasaad na tumanggap sila ng buwanang sahod, at ang pag-utos sa mga opisyal ng *immigration* na salain ang mga hindi naibigay na sahod, bago umuwi ang isang domestic worker. Gayunpaman, kailangan pa ng malawakang pagpapatupad ng mga hakbang na ito.[279] Dagdag pa rito, karaniwang hindi pamilyar ang mga domestic worker sa ganitong mga pamamaraan. Sabi ng opisyal ng isang embahada, "Isinulat ng amo ang lahat sa wikang Arabic, ilalagay ng manggagawang babae ang kanyang fingerprint, hindi niya alam kung para saan ito. Pero hindi siya makakakuha ng sahod."[280] Sa ibang kaso, hindi sinasabi ng mga domestic worker ang tungkol sa hindi naibigay na sahod dahil sa tinakot sila ng mga opisyal ng *immigration*, takot na hindi makasakay ng eroplano pauwi, at kung minsan ay sinabihan ng kanilng amo na magsinungaling.[281]

Deportasyon

Kapag iniwan ng mga domestic worker ang kanilang ligal na *sponsor*, dahil tumakas sila o naghanap ng mas maayos na mapagtatrabahuan at kumita bilang undocumented na manggagawa, meron silang dalawang mapagpipilian para makauwi sa kanilang sariling bansa. Una ay ang paghingi ng tulong mula sa mga awtoridad sa gobyerno, sa embahada nila o sa Saudi Ministry of Social Affairs. Ikalawa ay gamitin ang "backdoor" na daan ng deportasyon mula sa Jeddah.

Unang itinayo ang deportation center sa Jeddah para tulungan ang mga manlalakbay o *pilgrim* na nawalan ng dokumento o napahaba ang pagbiyahe sa Mecca. Dahil ito ang tangi nilang paraan para makalabas ng Saudi Arabia, madalas magbigay ng suhol ang mga *pilgrim* para makapasok sa deportation center. Ang mga Indonesian, na karamihan ay Muslim, ang pinakamababa ang ibinabayad, samantalang gumagamit naman ng pangalang Muslim at nagbibigay ng mas malaking suhol ang

[279] Isang opisyal ng Ministry of Labour ang nagsabing dinadala "minsan" ng amo ang domestic worker sa passport office upang patotohanan nito na natanggap niya ang kanyang buong sahod. Panayam ng Human Rights Watch kay Fawzi Al-Dahan, Marso 10, 2008.

[280] Panayam ng Human Rights Watch J., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 10, 2008. .

[281] Panayam ng Human Rights Watch kay Dr. Ghazi al-Qusaibi, Disyembre 3, 2006: "Problema ito minsan. Takot silang magsabi na hindi sila pinapasahod."

mga Sri Lankan at Pilipino para makapasok sa pasilidad. Bagaman hindi nakapasok ang Human Rights Watch sa loob ng deportation center, isinasaad naman ng panayam sa mga migrante, opisyal ng mga embahada, at opisyal ng Saudi na punong-puno at hindi maayos ang kalagayan sa loob ng nasabing pasilidad.[282] Ayon sa isang ulat sa diyaryo, aabot sa 8,000 ang mga residente sa center, na kasya lamang para 5,500 na tao.[283]

Ang mga migranteng domestic worker na hindi nakakuha ng *exit visa* mula sa kanilang amo o hindi dumaan sa MOSA center ay wala ng ibang magagawang paraan kundi magbigay ng suhol at pumunta sa deportation center para makalabas ng bansa.[284] Iyong tumakas sa kanilang mga amo at nagtrabaho bilang undocumented na *"freelancer"* sa loob ng ilang taon ay karaniwang dapat na umalis ng bansa sa pamamaraang deportasyon.

Ayon sa opisyal ng mga konsulado sa Jeddah, hindi tinatanggap ng MOSA center sa Riyadh ang mga migrant worker sa Jeddah at ibang probinsiya sa bandang kanluran. Karaniwang sinisikap ng mga nasabing opisyal na humanap ng paraan para mapauwi ang mga domestic worker na nagkaproblema sa kanilang mga amo. Sabi ng opisyal ng isang konsulado,"Meron silang SSWA [MOSA center] sa Riyadh. Puwede nilang i-endorso ang *exit visa* at sila ang responsable dito. Pero wala dito. Kaming taga konsulado ang tumatawag sa mga amo. Wala namang sagot. Wala nang ibang puwedeng puntahan."[285]

Sa mga ganitong kaso, pinapayuhan ng recruiter o mga kaibigan ang domestic worker na humanap ng perang pangsuhol para makapasok sa deportation center. Halimbawa, nakapanayam ng Human Rights Watch ang isang domestic worker sa Jeddah na hindi binigyan ng *exit visa* ng kanyang amo. Tinitimbang niya noon ang

---

[282] **"Saudi Arabia: New Video Confirms Torture in Prison," news release ng Human Rights Watch, Abril 27, 2007, http://hrw.org/english/docs/2007/04/27/saudia15774.htm.**

[283] **Siraj Wahab, "Indian Overstayers Clog Deportation System," *Arab News,* Hunyo 6, 2007, http://arabnews.com/?page=1&section=0&article=97133&d=6&m=6&y=2007.**

[284] **Panayam ng Human Rights Watch kina Marisa G., domestic worker na Pilipina, Jeddah, December 8, 2006, at kay F/. opisyal ng konsulado ng isang labor-sending na bansa, Jeddah, Disyembre 10, 2006. Tingnan din ang Joe Avanceña, "'Backdoor exit,'" *The Saudi Gazette,* Disyembre 1, 2006.**

[285] **Panayam ng Human Rights Watch kay E., opisyal ng konsulado ng isang labor-sending na bansa, Jeddah, Disyembre 9, 2006.**

kanyang mga puwedeng gawin para makauwi na siya sa Pilipinas. Sabi niya, "Sabi ng ahente ko noong isang linggo na hindi sinasagot ni Baba ang telepono. Sabi ng ahente, "Kung gusto mong makauwi na, pumunta ka sa deportation center.'"[286] Binigyan siya ng kanyang ahente ng tiket pauwi. Kahit ang mga domestic worker na malaki ang sinisingil na sahod sa kanilang amo ay kailangang gumamit ng ganitong paraan. Sabi ni Sandra C.,

> Gustong pumunta ng staff ng embahada sa bahay ng amo, kasama ang case officer. Dapat akong bayaran ng amo ko ng 34,000 riyal ($8,840). Ngayon kailangan kong magtrabaho para kumita ng 500 riyal ($130) para pambayad sa deportation. Kailangan ng nanay at tatay ko ng pera. Kailangan nilang makauwi na ako pero ayaw akong paalisin ng aking amo… Sabi ng embahada, kung ayaw ibigay ng amo ko ang aking sahod, kailangan kong magtrabaho ng isang buwan para kumita ng pambayad sa deportation fee.[287]

Sa Jeddah, iniulat ng ilang domestic worker na impormal silang sinabihan ng kanilang embahada na gamiting daan ang Jeddah deportation center para makauwi sa halip na embahada ang tumulong sa kanila. Halimbawa, sabi ni Marilou R., "Sinabi ko sa case officer na gusto ko nang umuwi. Kailangan ko lang ng *exit visa*. May mga kaibigan akong mahihiraman ng pera para sa tiket pauwi… Sinabihan ako ng isang case officer na mas maiging umuwi sa pamamagitan ng deportasyon. Sabi ko, "Ayoko! Gusto kong makuha ang sahod ko. Ayokong lumakad bilang isang illegal. Gusto kong umuwi sa paraang ligal."[288]

Sa ilang kaso, ang mga domestic worker na umalis sa kanilang amo at patuloy na nagtrabaho sa Saudi Arabia nang walang ligal na *status* ay maaaring magkaanak, karaniwan sanhi ng pakikipag-relasyon sa kapwa niya migrant worker. Hindi dokumentado ang mga sanggol na ito, dahil kailangang may balidong residence permit ang mga magulang nito para marehistro ang bata. Parehong naiipit ang nanay at tatay sa Saudi Arabia sapagkat ang pagsisikap na pauwiin o i-deport sila ay

[286] Panayam ng Human Rights Watch kay Adelina Y., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006.

[287] Panayam ng Human Rights Watch kay Sandra C., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006. .

[288] Panayam ng Human Rights Watch kay Marilou R., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 10, 2006.

puwedeng magresulta sa pag-usig sa kanila sa kasong adultery. Sabi ng oipsyal ng isang embahada,

> Hindi kami makakuha ng *exit visa* dahil sa isyu ng imoralidad. Ikukulong muna sila [ng mga awtoridad ng Saudi]… Wala kaming paraan para mapauwi ang bata… Ayaw tanggapin ng mga awtoridad ng Saudi na may ganitong problema… Dapat may *amnesty program* para sa mga bata, at para sa lahat ng mga iligal na nasa bansa.[289]

Pagpapauwi sa Labi ng mga Migrante

> *Bakit kailangan pa ng exit visa ng isang namatay na?*
>
> —Opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 8, 2008

Ang mga paghihigpit ng sistemeng *kafala* ay lalong nakikita sa kahigpitan at pagkaabalang hinaharap ng mga embahada sa pag-papauwi ng mga labi ng mga migranteng namatay sa Saudi Arabia. Kapag hindi makakuha ang opisyal ng mga konsulado ng pagpayag ng *sponsor* na magbigay ng *exit visa*, sa kadahilanang ayaw nito o hindi makilala ang *sponsor*, kailangang lumapit ang mga nasabing opisyal sa gubernador ng lalawigan upang malampasan ang mga balakid sa administrasyon. Isang opisyal ng embahada ang nagsabi sa amin, "Kung walang kooperasyon ng *sponsor*, mahirap ipadala ang labi pabalik sa bansa nito… pangunahing problema ang pagpapabago at pagpapatunay ng *sponsor* sa mga dokumento."[290]

Dahil sa dami ng mga migrante sa bansa, kailangang harapin ng mga embahada ang maraming pag-papauwi bawat buwan. Sabi ng opisyal ng isang labor-sending na bansa, "Nakapag-papauwi kami ng 20 labi bawat buwan. Nagkakaproblema kami bawat buwan dahil sa *sponsor*. Madalas ay kailangang dumaan sa gubernador ang paglakad sa pagpapauwi ng labi ng mga iligal o mga tumakas sa amo. Isipin mo na lang kung gaano kahaba ang pila rito. Para sa mga ligal na migrante, karaniwang

[289] Panayam ng Human Rights Watch kay B., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 8, 2008.

[290] Panayam ng Human Rights Watch K, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 14, 2006.

umaabot ng tatlong linggo hanggang isang buwan bago mapauwi ang mga labi. Buwan ang aabutin sa pag-papauwi ng labi ng illegal migrant."[291]

Nakapanayam ng Human Rights Watch ang mga diplomatikong nag-asikaso ng halos isang taon para mapauwi ang ilang labi. Halimbawa, umabot ng isang taon bago napauwi ang labi ng isang domestic worker na Sri Lankan, na sabi sa kanyang medical report ay namatay dahil sa malnutrition at tuberculosis. Hindi rin nasaharun sa loob ng limang taon ang namatay na domestic worker. Hinuli ang amo at pinagbayad ng bahagi ng hindi nabayarang sahod sa pamilya ng domestic worker. Pero hindi kaagad napauwi ng pamilya ang labi hanggat hindi natapos ang usapan sa pinansiya.[292] Sa isa pang kaso, sinabi ng isang opisyal ng embahada ng Indonesia, "May kaso kami ng isang babae na anim na buwan nang patay… Hindi namin mahanap ang *sponsor*. Nakakuha kami ng permiso sa gubernador [ng Riyadh] para makuha ang kanyang *exit visa*, pero ayaw magbigay ng civil registration ng certificate kung wala ang pasaporte o *iqama* ng namatay."[293]

Sa ibang pagkakataon, mabagal, ayaw makisama, o humihingi ng *kickback* ang mga awtoridad ng Saudi na may hawak sa kaso. Sinabi sa amin ng opisyal ng isang embahada, "Kung wala ang *sponsor*, kaya naman itong gawin ng mga pulis. Atubili sila kapag kinakausap namin. Sabi nila '*inshallah, inshallah*.' Inaasahan nila kaming magbigay ng konting riyal o ng 'whiskey quota' [puwedeng magpasok ng quota ng alcohol ang mga diplomatiko sa Saudi]."[294]

Ang Criminal Justice System

> *Gusto ko nang umuwi. Umuwi. Sabi nila kailangan kong iurong ang kaso[laban sa aking amo]. Walong buwan na akong nakatigil dito. Wala akong pera at trabaho. Bugbog na ang katawan ko pag uwi ko sa amin. Wala akong pera kaya nalulungkot ako. Kung susuwertehin ako,*

[291] Panayam ng Human Rights Watch kay L, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 8, 2008. .

[292] Panayam ng Human Rights Watch sa isang opisayal ng embahada ng Sri Lanka na ayaw magpakilala, at pag-repaso ng mga medical record, Riyadh, Disyembre 2006.

[293] Panayam ng Human Rights Watch sa isang opisyal ng embahada ng Indonesiea na ayaw magpakilala, Riyadh, Marso 2008.

[294] Panayam ng Human Rights Watch kay D, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 4, 2006. .

ito ang mangyayari [maparusahan ang amo ko at ako ay mababayaran]. Kung hindi, tatanggapin ko ang aking kapalaran. Sinabi ko na sa asawa ko at sabi niya si Allah na ang magpaparusa sa amo ko.

—Mina S., domestic worker na Indonesian na binugbog, hindi pinakain, at hindi pinasahod nang kahit magkano ng kanyang amo, Riyadh, Marso 12, 2008

Sa ilalim ng *international human rights law*, at partikular na nagmumula sa mga tratado na sinalihan ng Saudi Arabia, merong malinaw na obligasyong ligal ang nasabing bansa na siguruhing merong mga epektibong parusa, kasama ang pang-kriminal na mga parusa, sa libro at praktika, para sa kaninuman na gagawa o makikilahok sa lahat ng uri ng sapilitang pagtatrabaho at pangbubusabos, at pang-aabuso na maihahalintulad sa torture o hindi makatao at nakakapagpababang pagtrato.[295]

Mga kaso ng Pagmaltrato at Pang-aabuso ng mga Pulis

Magkakaiba ang mga naiulat na karanasan ng mga domestic worker sa paghingi nila ng tulong sa pulisya. Ang ibang domestic worker ay nakatanggap ng tulong at *referral* mula sa pulisya na nagbigay daan para kanilang maiwan ang mga abusadong amo at humingi ng tulong sa shelter ng Ministry of Social Affairs o sa kanilang embahada. Subalit sa iba namang kaso, hindi pinaniwalaan ng mga pulis ang kuwento ng manggagawa, pilit silang ibinalik sa kanilang mga amo, o hindi gumawa ng kaukulang hakbang para sa kanilang kaligtasan.

Ilang opisyal mula sa mga labor-sending na mga bansa ang nagsabing gumanda ang kooperasyon nila sa pulisya, halimbawa, sa paghahanda sa pagsagip mula sa lugar

---

[295] Itinatakda ng Article 4 (1) ng Forced Labour Convention, na pinapatupad sa Saudi Arabia simula noong 1978 na, "Hindi ipapataw o papayagan ng awtoridad ang pagpataw ng puwersahan o sapilitang pagtatrabaho para sa kapakinabangan ng mga pribadong indibidwal, kumpanya, o asosasyon." Itinatakda ng Article 1 of the Supplementary Convention on the Abolition of Slavery, the Slave Trade, and Institutions and Practices Similar to Slavery, na pinapatupad sa Saudi Arabia simula noong 1973 na, "Bawat Estadong kabahagi ng Convention ay gagawa ng lahat nitong magagawa at kinakailangang batas at ibang hakbangin upang bigyang daan… sa pinakamabilis na panahon ang tuluyang pagbuwag o pagtalikod sa mga sumusunod na institusyon at gawi… pagkatali sa pagkakautang… pagkaalipin." Sa *Siliadin*, sinabi ng European Court of Human Rights na ang pagkabigo ng France na siguruhing ang pagkaalipin at pagkabusabos ay maiuri bilang paglabag sa French criminal law, ay paglabag sa kanilang tiyak na obligasyon na siguraduhin ipagbabawal ang dalawang gawi. Hinihingi ng Article 4 of the UN Convention Against Torture na "Dapat siguruhin ng bawat Estado na lahat ng uri ng torture ay ituring na paglabag sa kanyang criminal law," at itinatakda ng article 16 na "bawat Estado ay magtatangka na pigilan sa anumang lugar na nasa ilalim ng kanyang pamamahala ang ibang gawi ng malupit, hindi-makatao o nakakababang trato o parusa…"

na pinagtatrabahuan kung saan may nakakulong na mga domestic worker. Subalit hindi tuloy-tuloy ang ganitong antas ng kooperasyon at kailangang lampasan ng opisyal ng mga embahada ang mga balakid sa burukrasya. Sabi ng isang opisyal, "Minsan nakakatanggap kami ng impormasyon galing sa isang katulong na ikinulong sa isang bahay. Kakausapin namin ang pulisya, pero kailangan nila ng sulat na galing sa gubernador. Kung wala nito ay tatawagan lang nila ang bahay [at hindi na ito pupuntahan]."[296]

Sa ibang kaso, pabaya ang pulisya sa kanilang pagtugon sa mga kaso ng pang-aabuso. Isinalarawan ni Ponnamma S. sa Human Rights Watch ang naging karanasan niya sa paglapit sa pulisya matapos siyang tumakas sa kanyang mga amo:

> Dumating ang isang senior officer. Itinuro ko ang aking mga pasa. Inireklamo ko ang pagbugbog sa akin ni Baba. Iginiit ni Baba na wala siya noong mga oras na iyon. Tapos tinanong nila kung pinapasahod ako ni Baba. Sabi ko, "Isa't-kalahating taon akong hindi pinasahod. Tumanggi akong bumalik kina Baba. Nagpilit akong makapunta sa embahada… Sinabihan ng mga pulis si Baba na ibaba ako sa embahada namin, pero ibinalik niya ako sa bahay nila… Binugbog ako nang husto ng amo kong babae. Sabi niya sa akin, "Kahit saan ka pumunta sa Saudi Arabia, ibabalik ka nila sa amin. Kahit patayin ka namin, hindi kikibo ang mga pulis. Kung hindi ka nakatakas, napatay ka na namin at naitapon sa basurahan.[297]

Sa ilang kaso, iniulat ng mga domestic worker ang *sexual harassment* o sexual assault na gawa ng isang opisyal na pulis. Sabi sa amin ni Sri H., "Minsan lumapit ako sa pulisya. Tumawag ako sa 999(*emergency number* ng pulisya). Ang ginawa ng pulis, niyaya ako na lumabas kasama siya at makipagtalik sa kanya."[298] Tumakas si Dian W. sa kanyang amo at nagtangkang makapasok sa MOSA center. Sabi niya sa amin, "Sabi ng opisyal ng pulisya, 'Maghintay ka. Kung gusto mong makakuha ng

---

[296] Panayam ng Human Rights Watch kay M, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Marso 10, 2008.

[297] Panayam ng Human Rights Watch kay Ponnamma S., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 14, 2006.

[298] Panayam ng Human Rights Watch kay Sri H., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006.

sulat mula sa pulisya at magkaroon ng pagkakataong matulog sa shelter, kailangans sumiping ka sa akin at bukas makakapasok ka na sa shelter.'"[299]

Noong lapitan ni Chemmani R. ang isang opisyal ng pulisya matapos siyang tumakas sa kanyang amo, dinala siya ng opisyal sa isang liblib na lugar at ginahasa siya.[300] Noong ihinto ng pulis ang kanyang kotse para bumili ng tubig, hinablot ni Chemmani R. ang driver's license nito at saka nagtatakbo. Sabi niya, "Noong pumunta ako sa istasyon ng pulis, sabi nila sa akin, "isa kang katulong, galling ka sa Sri Lanka; ang amo mo ay galling sa bansang ito, mayaman siya, hindi ka puwedeng makipagtalo sa kanya. Mas mabuti pa kung uuwi ka na lang sa bansa mo.'" Pagkatapos ay inilipat ng mga pulis si Chemmani R. sa deportation center, at nawalan siya ng pagkakataong ituloy ang kanyang kaso. [301]

Marami sa mga opisyal ng mga foreign mission ng mga labor-sending na bansa na tumutulong sa mga manggagawa sa mga kasong kriminal ang umaangal sa kawalan ng sistema at kasanayan sa hanay ng Saudi police. Halimbawa, kapag nalipat ang isang opisyal ng pulis, "Wala silang iniiwang papeles ng kaso. Sasabihin sa iyo ng bagong opisyal na tawagan ang dating opisyal." [302] Sinabi rin ng mga opisyal ng embahada na kailangan ng special desk sa bawat istasyon ng pulis na hahawak sa mga kaso ng sexual violence.

Mga imbestigasyong di maayos at pinahabang paglilitis

> *Wala pa akong nakitang kaso ng panggagahasa na umabot sa punto ng paghahatol. Karamihan ng mga kaso ay hindi na nauusig (prosecuted).*
>
> —Embassy official B, na sumubaybay sa lahat ng kasong kriminal para sa isang labor-sending na bansa noong mga nakaraang taon., Riyadh, Marso 8, 2008

---

[299] **Panayam ng Human Rights Watch kay Dian W., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Marso 11, 2008.**

[300] **Panayam ng Human Rights Watch kay Chemmani R., umuwing domestic worker, Habaraduwa, Sri Lanka, Nobyembre 14, 2006.**

[301] **Ibid.**

[302] **Panayam ng Human Rights Watch kay B., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 3, 2006.**

Sa karamihan ng mga kaso ay pumapayag kami na maayos ito sa pamamagitan ng financial settlement o pag-areglong pinansiyal. Hindi matagalan ng mga domestic worker ang pagod sa paglilitis, ang tagal ng paghihintay na umaabot ng siyam na buwan, isang taon. Masyadong mabagal ang proseso ng korte.

—Consular official E mula sa isang labor-sending na bansa, Jeddah, Disyembre 9, 2006

Ang kulang na imbestigasyon at pagkalap ng ebidensiya sa mga kaso ng mga amo o ahente na nang-abuso sa domestic worker ay lubhang nakakaapekto sa lakas ng kasong inihapag ng manggagawa. Napag-alaman ng Human Rights Watch ang mga kaso kung saan hindi ipinag-utos ng mga awtoridad ng Saudi ang *paternity test* para sa mga lalaki at binatilyong Saudi na naakusahang nanggahasa ng mga domestic worker na nagkaanak sanhi ng paggahasa sa kanila. Isang domestic worker na ginahasa ng kanyang amo at limang buwan nang buntis ay sumubok na maghapag ng kaso sa pulisya, pero "tumanggi silang i-rehistro ang kaso at ipinadala siya sa [MOSA] shelter. [Para makapasok sa shelter] hindi nila isinulat na buntis ang manggagawa."[303]

Sa maraming kaso, hindi magawa ng mga domestic worker na ituloy ang kasong kriminal laban sa mapang-abusong amo o ahente dahil sa panggigipit ng mga awtoridad ng Saudi o kawalan ng ebidensiya. Sa tulong ng kanilang embahada, maaari silang makakuha ng *out-of-court financial settlement,* pero sa ibang kaso, umuuwi sila na walang anumang dala. Madalas na nakakatakas lang ang mga domestic worker sa bahay ng kanilang mga amo ilang araw o linggo matapos maganap ang insidente ng karahasan. Sa mga ganitong kaso, kailangan nilang mag-file ng police report bago sila pumailalim sa forensic exam para sa mga naiwang ebidensiya.[304] Lalong nakakatagal ang pangangailangang ito, laluna't kailangan nilang bumalik sa pulis na may *jurisdiction* sa lugar na pinangyarihan ng krimen. Sabi ng isang opisyal mula sa isang labor-sending na bansa na humahawak ng mga ganitong kaso, "Isa sa mga problema ay hindi alam ng domestic worker kung saan

[303] Panayam ng Human Rights Watch kay J., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 10, 2008.

[304] Panayam ng Human Rights Watch sa isang duktor sa isang public hospital, Riyadh, Marso 13, 2008, at kay L, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 8, 2008.

siya nakatira. Animo'y isa siyang bilanggo. Hindi niya alam kung saan kami dadalhin."[305]

Para sa mga kasong umaabot sa paglilitis, maghihintay ang mga domestic worker ng buwan o taon bago matapos ang paglilitis. Karaniwang naghihintay sila sa mga punong-punong shelter sa kanilang mga embahada, hindi makapagtrabaho, hindi makalabas sa bakuran ng embahada, at may limitado o walang komunikasyon sa kanilang mga pamilya. Sa kabila ng mahabang paghihintay, puwedeng hindi pa rin pabor sa kanila ang magiging resulta, tulad ng sa kaso ni Haima G., na tinalakay sa seksyon sa *trafficking* ng ulat na ito. Sinabi ng isang abogado para sa embahada ng Indonesia na humigit-kumulang ay 60 porsiyento ng mga kaso ang nagre-resulta sa paghatol o *conviction*.[306]

Nakapanayam ng Human Rights Watch si Chamali W., isang domestic worker na Sri Lankan, na ginahasa ng anak ng kanyang amo. Sabi niya,

> Sinuri nila ako at napatunayang ako ay ginahasa, pero hindi nabuntis. Simula noon hindi na ako nakapasok sa loob ng isang korte… Hindi na ako nakakuha ng impormasyon galing sa pulisya. Tinatanong ko sila tuwing dalawang buwan. Dito na ako nakalagi [sa shelter ng embahada] sa nakaraang anim na buwan. Umutang ako ng 50,000 rupee [sa Sri Lanka] na may interes. Walang trabaho ang asawa ko at may sakit ang tatay ko. Ang biyenan kong babae ang nag-aalaga ng aking anak. Hindi ako makauwi sa Sri Lanka dahil hindi pa tapos ang kaso ko… Wala akong kaalam-alam kung ano ang ginagawa nila, kung nakulong ang anak na lalaki ng amo ko. Kailangan ko nang umuwi at bayaran ang aking utang. Kung aalis ako ngayon, may magagawa pa akong paraan… Nasayang ang anim na buwan ko.[307]

---

[305] **Panayam ng Human Rights Watch kay P, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 3, 2006.**

[306] **Panayam ng Human Rights Watch kay Nasser Al-Dandani, abogado, Riyadh, Disyembre 4, 2006.**

[307] **Panayam ng Human Rights Watch kay Chamali W., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 14, 2006.**

Kung pumapabor sa domestic worker ang hatol matapos ang mahabang paglilitis, kailangan ding handa pa rin siyang maghintay kapag umapela ang nasentensiyahan. Sabi ng opisyal ng isang labor-sending na bansa na ilang taon nang nagtatrabaho sa Saudi Arabia, "Isa lang ang naaalala kong kaso ng panggagahasa sa Eastern Province na nahatulan ang nasasakdal [noong 2007]. Subalit inapela ang kasong ito. Hindi na nakapaghintay ang domestic worker, binitiwan niya ang kaso, at umuwi sa kanyang bansa.[308]

Ilang opisyal ng mga embahada ang nagrekomendang bigyan sila ng pahintulot na kumuha ng abogadong kakatawan sa migrant worker matapos ang paglilitis para makauwi na ito habang hinihintay ang pinal na hatol. "Kailangan pa niyang magtagal dito ng halos isang taon. Gugustuhin niyang umuwi kaya hindi mapaparusahan ang maysala. Alam ng mga taga-Saudi na kakampi nila ang oras."[309]

Dahil sa mahabang oras ng paghihintay at katangian ng sistema ng hustisya ng Saudi, maraming opisyal ng mga foreign mission at kanilang ligal na tagapayo ang naghahabol na lang ng pag-areglong pinansiyal (financial settlement) para sa mga inabusong domestic worker.[310] Pakiramdam kasi ng opisyal ng mga embahado na konti lang ang puwede nilang magawa dahil sa kahigpitan ng balangkas ng *immigration*, ang kawalan nila ng kapangyarihang magpatupad ng batas laban sa mga employer, at ang sariling kagustuhan ng domestic worker na makauwi kaagad. "Ano ang gusto niyang gawing hakbang, siya ang may kagustuhan nito, hindi ang embahada. Kung ayaw niyang magsampa ng kaso, umuwi na lang siya at tanggapin ang *financial settlement*. Pero siya ang nagdesisyon. Obligado kaming sabihin sa kanya ang mga naging karanasan namin tungkol dito. Ilang buwan itong tatagal, saan siya tutuloy – sa women's center, na hindi siya puwedeng lumabas o magtrabaho. Hindi sila makapagtrabaho pero kailangan pa ring suportahan ang kanilang mga pamilya."[311]

---

[308] **Panayam ng Human Rights Watch kay B, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 8, 2008.**

[309] **Panayam ng Human Rights Watch kay L, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 8, 2008. .**

[310] **Panayam ng Human Rights Watch sa mga opisyal ng embahada ng mga labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 10 at 11, 2008.**

[311] **Panayam ng Human Rights Watch kay B, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 3, 2006.**

XI. Protection Measures sa Labor-sending Countries at Kahinaan ng mga Ito

> *Tinawagan ko ang agent at tinawagan ko ang embahada. Embahada lang ang sumagot para palakasin ang loob ko o mag-mungkahi ng solusyon… Sana mas marami at mas maayos ang gawin ng embahada. Dapat na lumaban ang gobyerno ng Indonesia. Dapat mag-matigas din ang embahada sa mga mamamayang Saudi. Ang bagal-bagal ng proseso.*
>
> —Sri H., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006

> *Isa akong diplomatiko, hindi isang social worker.*
>
> —Embassy official J mula sa isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 10, 2008

Sa harap ng mahigpit na patakaran sa *immigration* na nagiging sanhi ng pagka-*stranded* ng mga migranteng kababaihan, at ang kawalan ng epektibong lokal na mekanismo sa bayad-pinsala para sa mga biktima ng pang-aabuso, napakahalaga ng papel na gagampanan ng foreign mission ng mga labor-sending na bansa sa pagbibigay ng masisilungan, serbisyo, at ligal na tulong sa mga domestic worker. Gaya ng tinalakay sa seksiyon na "Pang-aabuso at Pagsasamantala sa Paggawa" sa Chapter III, libo-libong kaso ang hinahawakan ng mga foreign mission bawat taon.[312]

Ayon sa mga diplomatiko mula sa embahada ng Pilipinas, bagaman 10-20 porsiyento ng mga Pilipino [sa Saudi Arabia] ay mga domestic worker, sa usapin naman ng mga may problema ay higit sa 90 porsiyento ang kanilang [domestic worker] kinakatawan."[313] Sinabi ng ambassador ng Sri Lanka sa Human Rights Watch na merong 185 na kababaihan sa shelter noong panahon ng pakikipanayam. Sinabi rin niya na halos 400 reklamo at tanong ang natatanggap niya bawat linggo mula sa

[312] Panayam ng Human Rights Watch sa mga opisyal ng mga labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 2006.

[313] Panayam ng Human Rights Watch sa mga opisyal ng embahada ng Pilipinas, Riyadh, Disyembre 2006.

Sri Lanka na galing sa pamilya ng mga nagtatrabahong domestic worker at mga umuwing domestic worker.[314]

Pinapagaan ng mga embahada ng Indonesia, Sri Lanka, Pilipinas, at Nepal ang pagpapauwi ng kanilang mga kababayan sa pamamagitan ng pagpapatunay ng nasyonalidad ng manggagawa at paghahanda ng mga pansamantalang *travel document* na magagamit ng mga ito sa halip na pasaporte. Sinisikap din nila na makipag-ayos ng *financial settlement* sa pagitan ng mga amo, domestic worker, at labor *recruitment agents* sa mga kaso ng hindi nabayarang sahod o kawalan ng tiket pauwi. Ilang mission ang nagtayo ng safe houses na magbibigay ng masisilungan sa mga domestic worker bago umuwi ang mga ito o iyong mga kailangang maghintay ng ilang buwan o taon sa pagtatapos ng kanilang mga kasong kriminal. At nakapagbibigay din ang mga mission na ito ng tulong sa paglapit sa tulong ligal, *interpreter*, at alagang medikal.

Ilang embahada ang nagtangka na ring ayusin ang kanilang pangangalap ng datos at pagsubaybay sa mga domestic worker sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa mga kontrata, paghanap sa mga pangalan at tirahan ng mga amo, at paglagay sa blacklist ng mga among nakagawa ng pang-aabuso. Halimbawa, sinabi ng isang opisyal, "iyong mga nang-abuso ay nilalagay namin sa blacklist sa loob ng lima hanggang sampung taon. Iyong mga gumawa ng grabeng pang-aabuso ay permanente nang nasa blacklist."[315]

Mga Limitasyon sa Pagtatrabaho sa Saudi Arabia

Nahaharap sa maraming limitasyon ang mga diplomatiko mula sa labor-sending na mga bansa, kasama ang pangangailangan ng mga domestic worker ng *exit visa* bago sila umalis sa nasabing bansa, kakulangan sa pondong pambayad sa mga tiket sa eraplano, at ang pagtutol ng Saudi sa pagkakaroon ng embassy safe houses. Ilang opisyal ng ilang embahada ang nagsabi sa Human Rights Watch na delikado ang pagkakaroon nila ng embassy safe houses dahil matabang ang pagbigay ng permiso ng mga awtoridad ng Saudi sa operasyon ng mga ito. Sabi ng isang opisyal, "Wala

[314] Panayam ng Human Rights Watch kay A.M.J. Sadiq, ambasador, Embahada ng Sri Lanka, Riyadh, Disyembre 2006. .

[315] Panayam ng Human Rights Watch sa isang opisyal ng embahada ng Indonesia na ayaw magpakilala, Riyadh, Nobyembre 2006. .

kaming permiso sa operasyon ng safe house… Nakikita nila ang pangangailangan, pero ayaw kaming opisyal na kilalanin."[316]

Ang pasanin ng pagpapalaya sa mga domestic worker mula sa kalagayan ng pagkakulong ay nasa balikat ng mga embahada. Nakakatanggap sila ng mga tawag mula sa mga domestic worker na humihingi ng tulong, subalit hindi nila masagip kaagad ang mga ito kapag walang kooperasyon ng pulisya ng Saudi. Sa ilang kaso, nagtutulong ang mga staff ng embahada at pulisya sa pagsagip sa manggagawang ikinandado sa loob ng bahay na pinagtatrabahuan. Sa mga kasong walang pulis na tutulong, sinasabihan ng embahada ang mga domestic worker na kailangan nilang humanap ng paraan na tumakas mag-isa. Ang ilang domestic worker ay hindi nagkakaroon ng pagkakataong tumakas at ang iba naman nagtatangkang tumakas sa delikadong paraan tulad ng pagtalon sa bintana. Sinabi sa amin ng isang domestic worker,

> Araw-araw akong umiiyak sa kaiisip. Nakausap ko ang embahada ng Sri Lanka sa Sinhala at sabi nila sa akin na hindi nila ako mapupuntahan. Sa halip, sinabihan nila ako na dapat na akong tumakas at tumakbo sa embahada. Hindi ako tumakas dahil sa aking takot.[317]

Iyon namang nakakatakas ay nanganganib namang maabuso ng mga taong kunwa'y tutulung sa kanila, maaresto at ma-deport dahil sa paggala nang nag-iisa at walang identity document. Sa kabilang banda, nahaharap naman ang mga embahada sa political pressure at karamihan ay kailangang bakahin ang karaniwang pananaw ng mga amo at awtoridad na mga embahada ang bumubuyo sa mga migranteng domestic worker na tumakas. Sinabi ni Dr. Abd- al-Muhsin al Akkas, ministro ng social affairs, sa Human Rights Watch, "umupa pa ang mga dayuhang embahada ng mga safe house para buyuin ang mga mangagawa na tumakas at pagkatapos ay papaupahan ang mga bahay sa mga bagong amo kapalit ng komisyon."[318] Sinabi

---

[316] Panayam ng Human Rights Watch kay P. opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 8, 2008.

[317] Panayam ng Human Rights Watch kay Jayanadani A., umuwing domestic worker, Kandy, Sri Lanka, Nobyembre 10, 2006.

[318] Panayam ng Human Rights Watch kay Dr. Abd al-Muhsin al-`Akkas, Riyadh, Disyembre 2, 2006.

naman ng isang opisyal ng embahada na "noong una ay tinatangka ng pulis na isara ang safe house, ngayon nasanay na sila."[319]

Habang gumagampan ang mga embahada bilang kanlungan ng mga domestic worker na tumatakas sa kanilang pinagtatrabahuan, kailangan ding bukas sila kahit Sabado at Linggo at sa gabi, dahil ito ang mga panahong may pagkakataong tumakas ang domestic worker. Ilang bahagi ng embahada ng Pilipinas ang bukas kapag Huwebes at Biyernes para tulungan ang mga domestic worker na tatakas sa katapusan ng linggo. Sa kabilang banda naman, walang nag-aabang na 24-oras na *security guard* ang embahada ng Sri Lanka sa Riyadh, kaya kung sarado ang embahada, ang tulirong takas na domestic worker ay maiiwang *stranded* sa kalye. Isa itong natatanging mapanganib na kalagayan para sa isang babaeng walang kasamang lalaking padrino at lumabag sa *immigration laws* dahil sa "pagtakbo" mula sa kanyang amo.

Kakulangan sa Resources at Hindi Pantay na Pagtugon

> *Ang tanging bagay na nagpapalungkot sa akin ay ang oras na ginugugol ko sa clerical, gawaing administratibo, pagsagot sa telepono, pag-asikaso sa mga bisita, air ticket, at iba pa. Hindi ko maharap ang group therapeutic session. Isa akong social worker, ito ang kasanayan ko. Gusto kong gawin ito, pero hindi ko magawa dahil sa dami ng aking tungkuling pang-administratibo.*
>
> —Social worker, safe house ng embahada ng Pilipinas, Riyadh, Disyembre 7, 2006

Karaniwang embahada lang ang tanging magtataguyod sa isang domestic worker upang mapaganda ang kanyang pagkuha ng bayad-pinsala. Pinalakas din ng mga embahada ang kanilang serbisyo at kapasidad nitong mga nagdaang taon. Subalit karamihan sa mga foreign mission ay kulang pa rin sa mga tauhan para harapin ang malaking bulto ng reklamo, at walang mga may kasanayang staff tulad ng mga social worker o abogado. Nagsusumikap man sila, madalas na nabibigong punuan ang

[319] **Panayam ng Human Rights Watch kay P, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 3, 2006.**

minimum na pangangailangan upang makapagbigay ng pansamantalang kanlungan, paghawak ng kaso, at ibang serbisyo para sa mga domestic worker.

Iba-iba ang kalidad ng ibinibigay na serbisyo sa pagitan ng mga diplomatic mission at karaniwang umaasa sa aktiitud ng mga staff. Kung ang iba ay may malalim na dedikasyon sa pagbibigay ng tulong sa kanilang kababayan, ang iba naman ay naiinis o hindi pinapansin ang reklamo ng mga domestic worker. Halimbawa, tumanggi ang isang ambassador na gamitin ang pondo ng embahada sa pagbili ng tiket para sa mga stranded na domestic woker at nagsabing, "Kailangan hawak namin ang pera nila kasi istrikto ako. Kung pagbibigyan ko ang isa, babahain naman kami ng reklamo"[320] Dagdag pa niya, "Masisisi mo ba ang among Saudi kung hindi niya pasasahurin ang domestic worker sa loob ng dalawang taon? Kasi kung hindi, tatakas lang ang katulong at magtatrabaho sa ibang amo"[321]

Sa Riyadh at Jeddah lamang matatagpuan ang mga foreign mission. Ito ay nagiging sanhi ng lalo pang pagkabukod ng mga domestic worker na nasa malalayong lalawigan. Isa ito sa mga problemang laging binabanggit ng mga diplomatiko at sinasabing, "Nasa malalayong lugar ang ilang domestic worker at hirap silang lumapit sa embahada."[322] Ang pagtugon sa mga ganitong kaso ay nangangailangan din ng mas mahabang oras, tauhan, at resources. Sinabi ng opisyal ng isang konsulado, "[halimbawa] nangyari ang isang kaso ng *sexual harassment* sa kanlurang rehiyon, sa rehiyon ng Aser na 1,200 kilometro ang layo. Kapag nagreklamo ang babae… kailangang magpadala kami roon ng tao para tulungan siya sa pagtakas at dalhin sa Jeddah. Kailangan naming isampa ang kaso sa Abha."[323]

Tinutulungan ng staff ng embahada ang domestic worker na makipag-usap sa pulisya at korte at magbigay ng tulong ligal doon sa mga may kasong kriminal. Dapat kilalanin at magbigay ng travel document ang staff ng embahada para sa mga

---

[320] **Panayam ng Human Rights Watch kay C, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 4, 2006.**

[321] **Ibid.**

[322] **Panayam ng Human Rights Watch sa mga opisyal at konsulado ng mga labor-sending na bansa, Riyadh at Jeddah, Disyembre 2006 at Marso 2008.**

[323] **Panayam ng Human Rights Watch kay E, opisyal ng konsulado ng isang labor-sending na bansa, Jeddah, Disyembre 9, 2006.**

domestic worker na nahaharap sa deportasyon. Habang ang gobyerno ng Pilipinas ay kalimitang nakakapagbigay ng tulong ligal doon sa mga nasasakdal sa kasong kriminal, paiba-iba naman ang naging pagbibigay tulong ng mga gobyerno ng Sri Lanka at Indonesia.

Si Rizana Nafeek, dalagitang Sri Lankan na hinatulan ng kamatayan sa umano'y salang pagpatay sa batang inaalagaan, ay walang natanggap na tulong ligal sa dalawang taong paglilitis sa kanya, hanggang sa pandaigdigang ingay matapos siyang sentensiyahan (tingnan sa taas). Sabi sa amin ng isang mataas na opisyal mula sa embahada ng Sri Lanka, "Sa kaso ni Rizana Nafeek, gagastos ng 50,000 riyal [$13,000] para pag-aralan ang pag-apela sa kaso. Limampung-libong riyal. Tama bang gumastos ng ganito kalaking halaga para sa mga kriminal?"[324]

Si Amanthi K., isang manggagawang Sri Lankan na nabuntis matapos siyang gahasain ng amo, ay nahatulang makulong sa kasong *extramarital sexual relations*. Sabi niya, "Wala nang dumalaw sa akin sa kulungan pagkatapos noong araw na iyon sa korte. Hindi nag-iwan ng anumang numero ang embahada at ang abogado para makaugnayan ko sila."[325]

Hindi naging pantay ang pagtataguyod ng mga embahada sa ngalan ng kanilang kababayan, kasama ang pag-imbestiga at pag-dokumento sa pang-aabuso. Habang ang ilang domestic worker ay nag-ulat na kumpleto ang naging pagtala sa kanilang mga naging karanasan, ang iba naman ay nagsabing nagkaroon sila ng malalaking pasa, pero hindi ito nai-dokumento ng embahada o pulisya sa pamamagitan ng pag-litrato. Halimbawa, Sabi ni Ani R., "Dati may mga peklat ako dahil sa bugbog… Nawala na ang mga ito noong nasa shelter ako. Walang kumuha ng litrato. Sanhi ng bugbog ang mga peklat, pamumula sa aking mga pulso at likod."[326] Isang opisyal ng embahada ang nagpamalas ng walang awa at pabayang aktitud sa mga kaso ng sexual abuse, at nagsabing, "Hindi kami hihingi ng husto hanggat hindi buntis ang babae. Ito ang kailangang impormasyon… Kung hindi siya buntis, walang silbi sa

[324] Panayam ng Human Rights Watch sa isang opisyal ng embahada ng Sri Lanka, Riyadh, Disyembre 2006.

[325] Panayam ng Human Rights Watch kay Amanthi K., umuwing domestic worker, Katunayake, Sri Lanka, Nobyembre 1, 2006.

[326] Panayam ng Human Rights Watch kay Ani R., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006.

amin ang kaso ng sexual abuse."[327] Lumitaw na limitasyon ang kakulangan sa tao sa mga panayam sa staff ng mga foreign mission na nakapanayam ng Human Rights Watch. Ang kakulangan sa babaeng staff na tutulong sa mga domestic worker, partikular sa mga safe house at bilang mga social worker, ay matingkad na kakulangan sa staffing. Sabi ng isang lalaking opisyal, "Ayon sa ating kultura, hindi puwedeng tanungin nang direkta ng isang lalake ang isang babae tungkol sa sexual abuse."[328] Nabanggit ng isang diplomatiko ang mga balakid sa mga babaeng staff, at sinabing, "Hindi madali para sa isang babae ang magtrabaho sa Saudi nang walang maayos na *guardianship.* Kung gusto naming makipag-usap sa opisyal ng pantay, mas maganda kung staff na lalaki ang ipapadala, wala silang limitasyon."[329] Nakapanayam ng Human Rights Watch ang ilang domestic worker na dumanas ng pambihirang pisikal at *psychological* na pang-aabuso, pero hindi dumaan sa propesyunal na mental health care sa kabila ng ilang buwan o taong pagtigil sa safe house ng mga embassy.

Maraming mga domestic worker na nakapanayam ng Human Rights Watch sa shelter ng mga embassy ang umangal na konti ang kanilang impormasyon tungkol sa kanilang kaso, kung gaano sila katagal maghihintay para maresolba ang kanilang travel document, sahod na kinukuha, kasong kriminal, o pagbili ng tiket pauwi. Dahil sa kawalan ng impormasyon tungkol sa proseso o regular na pagdating ng impormasoyn tungkol sa kanilang kaso, hindi makakagawa ng maayos na desisyon ang mga domestic worker at karaniwang malungkot o balisa sila habang naghihintay sa shelter. Si Dian W., isang domestic worker na Indonesian, ang nagsabing,

> Pangako sila ng pangako na makakaalis na ako, pero isang taon na ang lumipas at wala pa ring nangyayari… Dapat kahit papaano sabihin nila kung saang antas na ang kaso ko… Walang nag-aasikaso sa akin. Kahit papaano dapat may magpaliwanag kung may makukuha akong

[327] Panayam ng Human Rights Watch kay J, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 10, 2008.

[328] Panayam ng Human Rights Watch kay N, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Marso 10, 2008.

[329] Panayam ng Human Rights Watch interview kay A, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Nobyembre 29, 2006.

> hustisya o wala. Gusto ko nang umuwi at magtrabaho at magpalaki ng aking mga anak."[330]

Matingkad ang pagkakaiba-iba ng ibinibigay na shelter sa hanay ng mga foreign mission. Halimbawa, may *bunk bed* ang shelter ng embahada ng Pilipinas at compound kung saan makakagala sila at makakalanghap ng sariwang hangin. Sa kabilang banda naman, isang mananaliksik ng Human Rights Watch na dumalaw sa shelter ng Indonesia ang may natagpuang 200 babaeng natutulog sa masisikip na kuwarto na pinamumugaran ng ipis at daga. Hindi lalampas ng 100 tao ang kapasidad ng shelter, ngunit humigit kumulang sa 200 domestic worker sa safe house ng Sri Lanka ang natutulog sa sahig at karamihan ay nakaipon sa ikalawang palapag. Dalawa lamang ang banyong nagagamit ng mga kababaihan at sinabi ng mga ito na isa o dalawang beses lang sila nakakapaligo. Sabi ng isang domestic worker na taga Sri Lanka na nakatigil sa shelter noong panahon ng panayam, "Walang matulugan doon [sa embahada], hindi kami makagala. Grabe doon sa embahada."[331] Walang safe house para sa mga domestic worker ang embahada ng Nepal at panandalian at pansamantala *(ad hoc arrangement)* lamang ang ginagawa nito para sa mga manggagawa.

Maliban sa pagkain, walang ibang ibinibigay na kailangang gamit ang shelter, tulad ng mga produktong pambabae *(feminine hygiene products)* o gamit sa pag-aalaga ng sanggol. Sabi ni Dian W., na nagkaanak matapos gahasain ng kanyang amo at isang taon ng nakatigil sa safehouse ng embahada ng Indonesia, mahirap kumuha ng mainit na tubig para sa anak niya. Nagsimula siyang umiyak nang ikuwento niya,

> Mahirap pumunta sa ospital kung may sakit ka, kasi kailangan ng sulat galing sa embahada o sa pulisya. Sinisipon at inuubo ang anak ko… Ako lang ang kumikilos mag-isa. Hindi pa natingnan ng doktor ang anak ko mula noong ipanganak ito. Mahirap makakuha ng murang gamot, kahit na lampin hindi ako makabili dahil sobrang mahal nito. Iyong mga pauwi binibigyan ako ng sampung riyal.

---

[330] **Panayam ng Human Rights Watch kay Dian W., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Marso 11, 2008.**

[331] **Panayam ng Human Rights Watch sa isang grupo ng mga domestic worker na Sri Lankan, MOSA center, Riyadh, Disyembre 6, 2006.**

Nagkakahalaga ng 55 riyal ang lampin. Hindi sagot ng embahada ang lampin. Wala akong nakukuha sa embahada.[332]

Arbitrasyon ng mga Foreign Mission sa Labor Dispute

Noong tinawagan ng staff ng embahada ang amo ko, sinabi nito, "Kung gusto niyang bumalik sa Pilipinas, pumunta siya sa deportation center." Ayaw nilang ibigay ang aking exit visa, pasaporte, o ang sahod ko. Laging tinatawagan ng staff ng embahada ang amo ko, pero hindi sila sinasagot nito. Ayaw nilang pumunta dito dahil siguro takot sila.

—Sandra C., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006

Dahil sa limitadong mekanismo para sa bayad-pinsala para makuha ng mga domestic worker ang sahod nilang hindi nabayaran, nagsimula ng mamagitan o mag-arbitrate ang labor section ng mga embahada sa marami sa mga alitang ito. Nangangalap ng impormasyon ang staff ng embahada tungkol sa reklamo ng domestic worker at nagsisikap na makaugnay ang *recruitment agency* at ang amo. Karaniwang pinapapunta nila ang amo sa embahada para isuko nito ang mga gamit at identity document ng manggagawa, at para makuha ang hindi nabayarang sahod at perang pambili ng tiket pauwi. Sinabi sa amin ng isang opisyal, "Tinatawagan namin ang amo at sinasabihan itong ayusin niya ang kanyang ugali. Tinatakot namin siya na amin siyang isusuplong. Kung maayos ang alitan, puwede nang bumalik sa trabaho ang manggagawa. Karaniwan ayaw pakawalan ng amo ang manggagawa."[333]

Iba-iba ang maaaring maging resulta ng mga labor negotiation na ito. Isang matingkad na balakid sa paghabol ng bayad-pinsala ay ang pagkabukod ng mga domestic worker na nakakulong sa lugar na pinagtatrabahuan. at nalilimita ng mga balakid sa lengguwahe, batayang impormasyon tulad ng buong pangalan ng kanilang amo, address, at contact information. Halimbawa, isinalarawan ni Wati S. ang kalagayan ng maraming domestic worker ng kanyang sabihin, "Hindi ko alam

[332] Panayam ng Human Rights Watch kay Dian W., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Marso 11, 2008.

[333] Panayam ng Human Rights Watch kay A.., opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa. Riyadh, Nobyembre 29, 2006

ang number ng telepono o address ng aking amo. Mr. Hassan lang ang tawag ko sa kanya."[334] Labing-isang (11) taon ng naghihintay sa embahada si Sisi R. para kanyang makuha ang anim na taong sahod na hindi ibinigay ng kanyang mga amo. Para mahagilap ang amo, sinabihan siya ng staff ng embahada at mga pulis na ituro niya ang direksiyon ng bahay nito. Sabi niya, "Anim na beses na naming sinubok na puntahan ito… Naliligaw ako sa daan. Hindi ko mahanap ang bahay."[335]

Dapat na may impormasyon na tungkol sa mga amo ang Saudi *immigration* at embahada ng mga labor-sending na mga bansa sa simula pa lamang ng pag-proseso ng visa ng manggagawa. Subalit sa maraming kaso ay hindi natutukoy ang datos na ito. Hindi nakausap ng Human Rights Watch ang departamento ng Saudi *immigration* at wala itong nakuhang sagot sa mga paghingi ng impormasyon para maintindihan lalo ang isyung ito. Sinabi ng isang opisyal ng Ministry of Labor na sa ilang kaso ay hindi nagbigay ang mga domestic worker ng tunay nilang pangalan dahil takot sila sa magiging resulta ng pagtakas mula sa kanilang amo.[336] Ipinaliwanag ng ilang opisyal ng mga embahada na ipinapakita lang ng kanilang *record* kung sinong manggagawa ang nabigyan ng awtorisasyon na pumunta sa Saudi Arabia, pero wala silang petsa o kompirmasyon ng pagpasok sa bansa. Kailangan ng Saudi Arabia at labor-sending na mga bansa ng mas pinaunlad na koordinasyon at maayos na database na tutukoy sa pangalan, address, at contact information sa bawat amo at manggagawa. Kung hindi, ang mga amo ay hindi mahahanap ng mga opisyal para ayusin ang mga labor dispute o magsampa ng kasong kriminal.

Kahit na makaugnayan ng mga embahada ang isang amo, madalas na magresulta ang mga negosasyon para resolbahin ang mga sahod o tiket na di nabayaran sa *financial settlement* na sumasalamin sa pagkakalayo ng kapangyarihan ng salita ng manggagawa laban sa kanyang amo, at sa kawalan ng awtoridad at lakas sa pagpapatupad ng isang dayuhang mission sa isang mamamayan ng Saudi. Parehong umaangal ang opisyal ng mga embahada at domestic worker sa kalagayan na kung saan tumanggi ang mga amo kahit na pumunta sa embahada para pag-usapan ang alitan sa pasahod. Sabi ng opisyal ng isang konsulado sa Jeddah,

---

[334] **Panayam ng Human Rights Watch kay Wati S., domestic worker na Indonesian, Jeddah, Disyembre 11, 2006.**

[335] **Panayam ng Human Rights Watch kay Sisi R., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Marso 11, 2008.**

[336] **Panayam ng Human Rights Watch interview kay Fawzi Al-Dahan, Marso 10, 2008.**

"Mabibilang ko sa isang kamay kung ilang amo ang pumunta sa isang tawag lang."[337]

Dahil sa kakayanan ng amo na hindi magbigay ng permiso para sa *exit visa* ng manggagawa o paglipat sa ibang trabaho, napakalaki ng kanilang kapangyarihang makipagtawaran kapag nag-aayos ng alitan sa pasahod. Sabi ni Sri H., "Sinikap nilang kunin ang siyam na buwan kong sahod at ang aking tiket, pero hindi sumasagot ang aking *sponsor*."[338] Sabi ni Latha P.,

> Paulit-ulit na sinabi ni Baba na binayaran na niya ang sahod ko. Sabi ng mga tauhan ng embahada sa pulisya, 'Kung sinasabi mo na binayaran mo na ang sahod niya, dapat binayaran mo siya sa harap namin.' Pilit sila ng pilit na binigay na nila ang sahod ko at sinabing nagsisinungaling ako. Sumuko na ako at sinabi sa mga tauhan ng embahada, "Ilagay nyo na ako sa ibang bahay para kumita ako ng perang pambili ng aking tiket.' Sinubok ni Sir, pero nabigo siya dahil naglabas si Baba ng *written statement* na hindi ako puwedeng magtrabaho sa ibang bahay.[339]

Palaging natutuloy ang ganitong proseso sa pagtanggap na lamang ng domestic worker ng kahit anong halagang gustong ibigay ng amo. Ikuwinento ni Indara P. ang dinaanan niyang negosasyon, "Binigyan nila ako katumbas ng anim na buwan kong suweldo, pero hindi ang sahod ko sa natitirang dalawang buwan. Ibinigay sa akin ang sahod ko at pinagalitan ako. Sabi nila, :Tumahimik ka na lang at tanggapin ang ibinibigay namin"[340] Umaangal ang ilang dayuhang manggagawa na hindi sila ipinagtatanggol maigi ng kanilang foreign mission. Sabi sa Human Rights Watch ng isang aktibista mula sa isang NGO, "Sinasabihan ng staff ang mga domestic worker

---

[337] Panayam ng Human Rights Watch interview kay E, opisyal ng konsulado ng isang labor-sending na bansa, Jeddah, Disyembre 9, 2006.

[338] Panayam ng Human Rights Watch kay Sri H., domestic worker na Indonesian, Riyadh, Disyembre 5, 2006.

[339] Panayam ng Human Rights Watch kay Latha P., domestic worker na Sri Lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

[340] Panayam ng Human Rights Watch kay Indrani P., domestic worker na Sri lankan, Riyadh, Disyembre 15, 2006.

na tanggapin ang settlement at kung hindi ay matatalo ang buong kaso. Pero hindi totoo na kung hindi sila pumayag ay hindi susulong ang kaso."[341]

Sa maraming kaso ay tumatagal ang pagsisikap ng embahada na makuha ang sahod at nagiging desperado ang mga domestic worker na makauwi. Karaniwang nararamdaman ng mga domestic worker na wala silang magagawa kundi huwag ng kunin ang kanilang sahod at bumili ng sarili nilang tiket pauwi, matapos ang matagal na pagkahiwalay sa kanilang pamilya, pagka-trauma sa naging karanasan nila sa paggawa, at may matinding pangangailangang muling magtrabaho para kumita. Isang opisyal ng labor-sending na bansa ang nagsabi, "May *pressure* mula sa pamilya, sa gobyernong Saudi, at sa manggagawa mismo. Umiiyak at sinasabing gusto na niyang umuwi kahit hindi niya makuha ang kanyang sahod. Karaniwan merong kompromiso. Pasalamat na kami kung makuha namin ang perang pambili ng tiket pauwi at ang kanyang kaligtasan."[342] Sabi ni Marjorie L. sa amin, "Payag na kong ako ang bumili ng tiket ko, pero kailangan ko pa rin ang *exit visa* at pasaporte. Kaya tumawag [ang konsulado] sa una kong amo at sinabihan din ako na dapat kong kunin ang aking sahod. Tinulungan nila akong magsampa ng kaso. Ayoko ng anumang kaso. Dalawang buwan na ang nakalipas at nandito pa rin ako. Sabi ng konsulado, 'Hindi, kailangang kunin natin ang pera mo.' Gusto ko nang bumalik sa Pilipinas. Kung makakalipad, makakalakad o makakalangoy ako – kasi gusto ko ng makita ang baby ko."[343]

Sa ilang kaso, umuuwi ang mga domestic worker ng hindi nakukuha ang buo nilang sahod. Pagkauwi ay susulat sila sa embahada para humingi ng tulong na makuha ang sahod nilang hindi binayaran. "Pinakakaraniwan, lima o anim na buwan pagkauwi nila, maghihintay sila at aasang magpapadala ng pera ang kanilang amo. Susubukan naming ayusin ito," sabi ng isang opisyal ng embahada.[344] Sa oras na makaalis ng Saudi Arabia ang domestic worker, mas malabong tugunan ng mga amo

---

[341] **Panayam ng Human Rights Watch kay Daniel S., migrant worker na Pilipino at aktibista, Marso 8, 2008.**

[342] **Panayam ng Human Rights Watch interview kay J, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Disyembre 13, 2006.**

[343] **Panayam ng Human Rights Watch kay Marjorie L., domestic worker na Pilipina, Jeddah, Disyembre 9, 2006.**

[344] **Panayam ng Human Rights Watch kay A, opisyal ng embahada ng isang labor-sending na bansa, Riyadh, Nobyembre 29, 2006.**

ang mga pagsisikap ng embahada na ayusin ang mga kaso ng hindi pagpapasuweldo at iba pang alitan.

XII. Mga Detalyadong Rekomendasyon

Nagpakita na ng kaunting malasakit ang gobyernong Saudi tungkol sa pang-aabuso sa mga domestic worker, na ipinakita nito sa pagtatayo ng mga shelter ng Ministry of Social Affairs, mga panukalang baguhin ang Labor Code, at mga mensahe sa publiko na tumatalakay sa mas maayos na pagtrato sa mga domestic worker. Subalit kailangan pa ng mas sistematikong pagbabago sa lipunan.

Napakahalagang salik ang mga reporma sa sistema ng *recruitment* sa mga bansang pinagmulan at sa Saudi Arabia para siguraduhing makakakuha ang mga kababaihang migrante ng wasto at kumpletong impormasyon tungkol sa kanilang magiging trabaho, kopya ng kanilang kontrata sa wikang maiintindihan nila, at mga daan para makakuha ng tulong kung kailanganin nila ito. Susi din ang pagbabago ng mga patakaran sa labor at *immigration*: sa kasalukuyan ay inilalagay ng sistemang *kafala* at ng hindi pagsakop sa kanila ng mga batas paggawa ang mga migrant worker sa mataas na banta ng pagsasamantala. Bilang wakas, dapat na magpatupad ang gobyernong Saudi ng malawakang pag-aayos sa *criminal justice system* upang siguruhin na iyong mga domestic worker na hindi pinalad at makakaranas ng pang-aabuso ay makakahanap din ng hustisya.

Sa Gobyerno ng Saudi Arabia

Magbigay ng pantay at komprehensibong legal protection sa mga domestic worker, iskedyul sa pagpapatibay ng naturang mga proteksiyon, at mga kasangkapan sa pagpapatupad.

- Ipagpatibay ang panukalang annex sa labor law para makapagbigay ng proteksiyon sa mga domestic worker. Siguruhing gagarantiyahan ng amendment ang proteksiyong kapantay ng ibinibigay sa ibang manggagawa, kasama ang probisyon sa oras ng paggawa, pasahod, sahod kapag holiday, at kompensasyon sa manggagawa.
- Siguruhing ang panukalang annex ay maitataguyod at mapapatupad sa labor courts.

- Ayusin ang kakayanan ng mga domestic worker na makalapit sa mga labor court sa pag-resolba ng ailtan sa sahod at iba pang usapin sa paggawa.
- Ipatupad ang mga probisyon sa *Civil Procedure Code* na nangangailangan ng pinadaling pagbabayad sa sahod ng mga domestic worker na hindi nabayaran.
- Maglunsad ng mga iniuutos o *mandatory orientation program* para sa mga among Saudi tungkol sa kanilang ligal na karapatan at obligasyon kapag sila ay uupa ng domestic worker, stratehiya sa pagharap sa hindi pagkakaintindihan na sanhi ng balakid sa komunikasyon at pagkakaiba sa kultura, at pagsangguni sa mga *resources* sakaling may lumabas na problema.
- Magsimula ng mga iniuutos o mandatory na orientation program para sa mga bagong dating na domestic worker tungkol sa kanilang mga karapatang ligal at obligasyon. Dapat na isama sa programa ang mga impormasyon kung saan sila makakakuha ng tulong sakaling may dumating na problema, pagsasanay sa karunungang pinansiyal sa paggamit ng bank account, impormasyon kung paano makipag-ugnayan sa kanilang pamilya, pagpapakilala sa mga opisyal ng kanilang embahada, at impormasyon tungkol sa mga batas ng Saudi, tulad ng mga gawing pinapayagan sa kanilang sariling bansa subalit ipinagbabawal sa Saudi Arabia.

Baguhin ang mga batas sa sponsorship na nagkakabit sa ligal na katayuan, kakayanang magpalit ng amo, at kakayanang umalis sa Saudi Arabia ng mga domestic worker sa kanilang mga amo.

- Baguhin o buwagin ang sistema ng *kafala* sponsorship upang ang mga pansamantalang visa na nakabatay sa employment ay hindi na nakatali sa iisang amo. Siguruhing makapagpapalit ng amo ang mga manggagawa nang hindi mawawala ang kanilang ligal na katayuan at hindi na mangangailangang kunin ang permiso ng kanilang amo.
- Tanggalin ang *requirement* na pagpayag o pirma ng amo sa *exit visa* ng mga domestic worker bago sila makalabas ng nasabing bansa.
- Bumuo ng isang lupon ng mga inspektor *(inspection body)* na mahigpit na magbabantay sa gawain ng mga *recruitment agency* kapag ito ang umako sa pag-*sponsor* sa mga dayuhang manggagawa gaya ng kasalukuyang panukala.

Dapat na ang lupon na ito ay may kapangyarihang mag-imbestiga sa mga alegasyon ng masamang asal o gawi, at magpataw ng mga parusa, kasama ang pagbawi ng lisensiya ng ahensiya, pagpataw ng malaking multa, at pagsangguni ng mga kaso para sa kriminal na pag-usig. Bumuo ng isang konseho na kakatawan sa lahat ng sektor na apektado *(stakeholder),* kasama ang labor-sending na mga bansa at ang civil society.

- Bumuo ng isang madaling buksan o puntahan at regular na binabagong database ng mga amo at kanilang manggagawa upang matunton ang mga amo kapag nawawala o hindi mapangalanan o maituro ng mga domestic worker kung nasaaan ang kanilang amo.
- Pagaanin ang mga hakbangin sa pagkuha ng awtorisasyon sa pagpapauwi ng labi ng mga migranteng namamatay sa Saudi Arabia.

Makipagtulungan sa mga labor-sending na bansa sa usapin ng mga nakakulong na mga dayuhang mamamayan.

- Ipagbigay alam sa mga embahada ang tungkol sa mga nakakulong na dayuhang mamamayan at pagsulong ng mga kriminal na paglilitis, gaya ng petsa ng hearing, sa napapanahong paraan at nakabatay sa *Vienna Convention on Consular Relations*.
- Maagap na ipaalam sa mga migranteng manggagawa ang kanilang karapatang makipag-ugnayan sa mga opisyal ng kanilang konsulado, at bigyan sila ng pasilidad para magawa ito.
- Makipagtulungan sa mga labor-sending na bansa sa paglunsad ng pagsagip ng mga domestic worker na ikinulong sa bahay ng kanilang amo at pinilit na ipagpatuloy ang pagtatrabaho kahit na labag sa kanyang kalooban. Padaliin ang mga hakbangin sa pagkuha ng awtorisasyon sa mga ganitong pagsagip.

Pagbutihin ang mga pasilidad at pamamaraan sa mga centers for domestic workers na pinapatakbo ng Ministry of Social Affairs

- Bigyan ang mga kababaihang nakatigil sa center ng mas malawak na kalayaan sa pagkilos at komunikasyon, kasama ang kakayanang tumawag sa kanilang mga pamilya at embahada, gumala sa labas, at tumangan ng mobile phone.

- Gawing *computerized* ang mga *file* para mapadali ang pag-proseso at pagsubaybay sa mga kaso, pagbahagi ng impormasyon sa ibang may kaugnayang awtoridad sa Saudi at sa mga labor-sending na bansa, at masubaybayan ang mga tunguhin *(trends)*. Bumuo at ibahagi ang blacklist ng mga abusadong amo at *recruitment agencies*.
- Magtalaga ng propesyonal na mga *interpreter* sa anumang panayam o pulong na ukol sa kaso ng domestic worker at siguruhin na mayroong staff na nakakapagsalita ng lengguwahe ng domestic worker.
- Bumuo ng detalyadong *intake form* upang masiguro na lahat ng mahalagang isyu na naranasan ng domestic worker ay matutukoy sa oras na tanggapin ito sa center.
- Ihiwalay ang mga negosasyon ukol sa hindi nabayarang sahod at pondong pambili ng tiket pauwi, sa pagpayag ng amo na magbigay ng *exit visa*, upang maiwasan ang matinding kawalan ng balanse sa kapangyarihang makipagtawaran.
- Panatilihing palaging alam ng domestic worker ang katayuan ng kanyang kaso at ang mga hakbang na puwede niyang gawin.

Mahigpit na usigin ang mga amo at employment agent na ang pagtrato sa mga domestic worker ay sumusuway sa umiiral na batas ng bansa

- Imbestigahan, usigin, at parusahan ang mga maysala ng pisikal at seksuwal na karahasan laban sa mga domestic worker
- Payagan ang mga domestic worker na ilipat ang *power of attorney* sa kanilang embahada sa ganitong mga kaso upang sila ay makauwi na at maiwasan ang matagal na paghihintay sa mga shelter.
- Imbestigahan, usigin, at parusahan ang mga maysala ng pag-abuso sa karapatan sa paggawa, na sumusuway sa umiiral na batas sa bansa.
- Pabigatin ang parusa sa mga abusadong amo, na hihigit sa pagbabawal na muling kumuha ng domestic worker sa hinaharap.
- Bigyan ng pagsasanay ang mga pulis sa pagtukoy at pag-imbestiga ng pang-aabuso sa mga domestic worker at mga pamamaraan sa pagtugon sa ganitong mga situwasyon, at pag-alok ng mga angkop na sanggunian. Turuan ang mga pulis at *immigration* authorities tungkol sa kahalagahan ng hindi pagsasauli ng mga domestic worker sa mga abusadong amo na labag sa

kagustuhan ng manggagawa, at siguruhing pamilyar sila sa mga hakbangin sa pagsampa ng kaso laban sa mga amo at *labor agent*.

- Baguhin ang *criminal justice laws*, kasama ang *evidence laws* na nagpapahirap sa pagpapatunay ng panggagahasa, pagpaparusang kriminal sa mga gawain at desisyon ng dalawang magsang-ayon na taong nasa tamang gulang *(adult consensual behavior)*, at arbitraryong pagpaparusa sa diumanoy pangkukulam o "black magic."

Palakasin ang regulasyon at pagsubaybay sa mga recruitment agency

- Pagbutihin ang pagsubaybay ng Ministry of Labor sa mga *recruitment agency*, kasama ang sa pamamagitan ng pagpapalaki ng bilang ng mga inspektor at biglaang inspeksiyon.
- Palakasin at gawing propesyonal ang mga pamamaraan sa *recruitment*, paglipat, paghawak ng alitan sa pagitan ng amo at manggagawa, at sistema ng pagsangguni sa mga awtoridad ng Saudi at embahada ng mga labor-sending na bansa.
- Pag-aralan ang isang *insurance program* para sa mga amo upang kanilang mabawi ang nawalang *recruitment fee* sa kalagayang wala silang nagawang pagsuway sa paggawa o pang-aabuso at maagang pinutol ng domestic worker ang hanyang pagtatrabaho.

Tuparin ang mga pandaigdigang pamantayan sa human rights

- Ratipikahan ang *Convention on the Protection of the Rights of All Migrant Workers and Members of their Families (Migrant Workers Convention)* at mahahalagang ILO conventions ng walang pag-aalinlangan. Tuparin ang pangangailangan sa pag-uulat ng nasabing lupon ng tratado.
- Tuparin ang mga rekomendasyon na inilabas na ng *Committee on the Elimination of Racial Discrimination* (CERD) ukol sa pagbuwag sa gawi na kung saan hinahawakan ng mga amo ang pasaporte ng empleyado, at ng *Committee Against Torture* (CAT) ukol sa pagkuha ng proteksiyon mula sa mga konsulado para sa mga domestic worker na nakakulong.
- Alisin ang malawak ng reserbasyon sa *Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women (CEDAW) at Convention on the Rights of the Child* (CRC).

- Magpadala ng imbitasyon sa *UN special rapporteurs on the human rights of migrants and on trafficking* upang dumalaw at mag-imbestiga sa kalagayan ng mga domestic worker.

Sa mga Gobyerno ng Bansang Pinanggagalingan ng mga Migrante (kasama ang Indonesia, Sri Lanka, Pilipinas, at Nepal)

Palakasin ang regulasyon at pagsubaybay sa mga recruitment agent.

- Magtakda ng malinaw na itinakdang pamantayan sa mga bayarin at gawi sa *recruitment* upang mabawasan ang sobrang pagsingil at panloloko ng mga lokal na *brokers* at *sub-agent*s; at siguruhing ang mga *sub-agent* na susuway sa mga patakaran ay haharap sa may kabuluhang parusa.
- Magbuo ng mga mekanismo para sa regular at independiyenteng pagsubaybay sa mga labor agency at hawak na mga *sub-agent*. Maglunsad ng biglaang inspeksiyon ng mga *recruitment agency*.
- Magtayo ng sistema ng pag-monitor kung saan iuulat ng mga domestic worker sa gobyerno ang halagang binayaran nila sa *recruitment agent* bago sila nangibang bayan.
- Mahigpit na ipunin at imbestigahan ang mga reklamo tungkol sa mga dayuhang mamamayan na pinagtatrabaho sa mga labor agency sa mga bansang pinagtatrabahuan. Bumuo ng mga pamamaraan na magbibigay daan sa mga domestic worker na i-rehistro ang impormasyong ito sa mga dayuhang mission sa mga bansang pinagtatrabahuan at sa kanilang pag-uwi.

Ayusin ang serbisyo para sa mga migranteng domestic worker sa mga opisina ng mga embahada at konsulado sa Saudi Arabia.

- Magbahaginan ng impormasyon sa pagitan ng mga embahada at awtoridad ng Saudi tungkol sa mga amo at *recruitment agency* na nasa blacklist.
- Palakihin ang bilang ng mga may kasanayang staff na aasikaso sa mga migranteng domestic worker na humihingi ng tulong, laluna sa larangan ng pagsingil sa sahod, pag-imbestiga at pag-usig sa sinususpetsang pang-aabuso, at karapatan habang nakakulong.
- Maglunsad ng mga pagsasanay na may mandato para sa lahat ng antas ng staff na nakadestino sa Saudi Arbia tungkol sa karapatan ng mga domestic

worker at kung paano sila tulungan. Dapat na magbigay ng malakas na senyales ang mga ambassador na ang mga migranteng domestic worker ay mga mamamayan na may karapatan sa tulong ng konsulado, patingkarin ang kontribusyon ng mga domestic worker, at maglunsad ng pasinaya para sa mga ito.

- Ayusin ang kalagayan sa mga shelter at safe house sa pamamagitan ng pagsasanay ng staff, pagbibigay ng trauma counseling at pangangalaga sa kalusugan, at pagpapaluwag sa masikip na kundisyon.
- Paunlarin ang sistema ng pana-panahong pagsiyasat sa kagalingan ng mga domestic worker na una nang nakipag-ugnayan sa mga dayuhang mission para humingi ng tulong.
- Magbigay ng serbisyo tulad ng lingguhang pagsasanay o klase sa Arabic upang bigyan ang mga amo ng insentibo na bigyan ng lingguhang day off ang mga mangggawa.
- Siguruhing mayroong *24-hour assistance hotline* at/o may nakahandang staff 24 oras bawat araw para sa mga domestic worker na tumatakas sa mga abusadong amo.

Dagdagan ang mga pre-departure na pagsasanay sa mga domestic worker.

- Dagdagan ang kamulatan sa karapatan at dayuhang wika na mga bahagi ng pagsasanay
- Mabigay ng mas detalyadong impormasyon tungkol sa mga mekanismo sa bayad-pinsala ng kung paano magpatuloy ng kaso laban sa mga amo at labor arbiter sa mga bansang pinagtatrabahuan, at maging sa pag-uwi.
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa ligal na limitasyon sa *recruitment fee* at mekanismo sa paghahapag ng reklamo laban sa mga *recruitment agent* na lalabag sa batas.
- Siguruhing tatanggap ang mga paalis na domestic worker ng information kit na naglalaman ng pangalan, address, at telephone number ng kanilang amo; address at telephone number ng embahada; pangalan, address, at telephone number ng kanilang labor agency na nakabase sa bansang pinagtatrabahuan; isang mobile phone o telephone card na may *pre-programmed* na number ng embahada; kaunting pera na nasa *local currency*; kopya ng kanilang

pasaporte; at kopya ng kanilang employment contract na nakasulat sa Arabic at sa pangunahing wika ng domestic worker.

Palawakin ang mga programang nagpapataas ng kamulatan ng publiko para sa mga nagbabaka-sakaling maging migranteng domestic worker.

- Puntiryahin ang mga bayan at lokal na mga lugar na pinagtatrabahuan ng mga nagbabakasakaling migranteng domestic worker para ipaalam sa kanila ang ligal na limitasyon sa *recruitment fee* at mga patakaran sa kontrata sa paggawa sa Saudi Arabia.
- Makipagtulungan sa mga grupong nagtatrabaho para sa karapatan ng mga migranteng manggagawa upang maipakalat ang ganitong impormasyon sa hanay ng mga nagbabakasakaling migranteng domestic worker bago pa man sila magdesisyong mangibang bayan at lumapit sa labor agency.
- Palawakin ang oportunidad sa edukasyon at trabaho para sa mga kababaihan upang sila ay makapangibang-bayan batay sa malayang pagpili at hindi dahil sa kanilang desperasyon.

Sa Lahat ng mga Gobyerno

Magtulungan para makabuo ng kontrata sa paggawa na kinikilala ng bawat isa at maipapatupad, naisalin sa salitang Arabic at sa wikang naiintindihan ng domestic worker.

Magtulungan para makabuo ng mekanismo na magsisiguro ng bayad-pinsala sa mga manggagawang may reklamo, kasama ang panahon na nakauwi na ang mga ito.

Magpaunlad ng isang sistema sa pagpapalaya ng mga domestic worker na ikinulong sa lugar na pinagtatrabahuan at walang paraang makatakas. Makipagtulungan sa pagitan ng mga lokal na nagpapatupad ng batas, dayuhang misyong diplomatiko, at NGOs kung kinakailangan. Ang mga halimbawa nito ay ang pagbibigay sa mga domestic worker ng mobile phones, pagtataguyod ng *multilingual hotlines* (kasama ang text message hotlines), at pagpapatupad ng mga pamamaraang may takdang oras ng pagtugon.

Aktibong humingi ng input mula sa mga migranteng domestic worker at civil society sa pagbuo at pagsasakatuparan ng mga patakaran.

Sa International Labour Organization (ILO) at International Organization for Migration (IOM)

Dapat magpatupad ang ILO ng isang *Convention on Domestic Work* sa darating na pagsisiyasat nito sa domestic work bilang isang *standard-setting* na isyu sa gagawing International Labour Conference sa 2010. Dapat na bumuo ang ILO ng mga patnubay sa pagsasama-sama ng mga probisyong ito na maging batas ng mga bansa, isang huwarang kontrata sa paggawa para sa mga domestic worker, at mga kasangkapan sa pagsubaybay at pagpapatupad.

Makipagtulungan sa mga lokal na grupo para mapalawak ang mga teknikal na programang nagbibigay ng pagtuturo ng karapatan sa paggawa sa mga migranteng manggagawa tungkol sa pandaigdigang pamantayan sa paggawa at sa kanilang karapatan sa ilalim ng batas ng Saudi Arabia.

Makipagtulungan sa mga gobyerno upang makapagbigay ng teknikal na tulong at partikular na wika upang palakasin ang mga regulasyon sa paggawa, pamantayan sa *recruitment*, at pagpapatupad na naaayon sa mga pandaigdigang pamantayan sa paggawa.

Makipagtulungan sa mga gobyerno upang pataasin ang kooperasyon sa antas ng rehiyon at bumuo ng *minimum standard* para sa panandaliang labor migration, kasama ang paggamit sa *Colombo Process*, ang *Gulf Forum on Temporary Contractual Labourers*, at ang *Global Forum for Migration and Development.*

Makipagtulungan sa mga trade union sa paglulungsad ng *outreach* at mobilisasyon na patungkol sa mga domestic worker.

Sa mga Donor tulad ng World Bank at mga Private Foundations

Magbigay ng mas malaking pinansiyal at institutional na suporta sa mga lokal na NGO at iba pang pagsisikap ng civil society sa pagbabandila at pagbibigay-serbisyo

para sa mga migranteng domestic worker. Kasama rito ang suporta sa paglahok sa mga prosesong pang-rehiyon, at pinalawak na *networking* sa pagitan ng civil society groups sa mga labor-sending at labor-receiving na mga bansa.

Dagdagan ang *resources* para sa pasilidad ng mga shelter at may kasanayang staff, kasama ang mga social worker, para sa mga domestic worker at dayuhang mission.

Pondohan ang mga *microcredit lending programs* na nagbibigay ng mas paborableng *interest rate* para sa mga kababaihang nagbabalak mangibang bayan, upang masagot ang gastos sa pangingibang bayan.

Pondohan ang mga pangmatagalang domestic employment strategies para sa mga kababaihan, katulad ng mga proyektong magpapaunlad ng tuloy-tuloy na gawaing kumikita *(income-earning activities)* sa kanilang mga sariling bansa.

Pagpapasalamat

Kina Nisha Varia, senior researcher ng Women's Rights Division, sumulat ng ulat na ito. Si Nisha ang nagsagawa ng fieldwork sa Saudi Arabia noong Marso 2008 at Disyembre 2006, at si Jennifer Turner, Arthur J. Felton fellow ng Women's Rights Division, at si Nisha Varia sa Sri Lanka noong Nobyembre 2006. Sila Christopher Buerger at Silvia Monteros ang mga naging research assistant. Sina Janet Walsh, acting director ng Women's Rights Division, Christoph Wilcke, researcher sa Middle East and North Africa Division, Farida Deif, researcher sa Women's Rights Division, Clarisa Bencomo, researcher sa Children's Rights Division, Elaine Pearson, deputy director ng Asia Division, Joe Stork, deputy director ng Middle East and North Africa Division, Aisling Reidy, senior legal advisor, at Ian Gorvin, senior program officer, ang gumawa ng karagdagang review. Sina Rachel Jacobson, Emily Allen, Andrea Holley, Grace Choi, Fitzroy Hepkins, at Jose Martinez na nagbigay ng production assistance.

Aming pinasasalamatan ang mga indibidwal at organisasyon na tumulong na mabuo ang research na ito. Partikular na taos-puso naming pinasasalamatan ang mga kababaihang nagkalakas-loob na ibahagi sa amin ang kanilang karanasan sa Saudi Arabia. Nais din naming kilalanin ang apat na babaeng naninirahan sa Saudi Arabia, na hindi namin mababanggit ang mga pangalan, sa pagtulong sa amin noong Disyembre 2006 sa interpretation mula Ingles sa Tagalog, Sinhala, Tamil, Bahasa Indonesia, at Arabic. Nagpapasalamat din kami sa hindi nagbigay ng kanyang pangalan na *interpreter* na tumulong sa amin noong Marso 2008, at sila Dushiyanthini Kanagasabapathipillai at M.M. Chaya Thilakshi sa kanilang ginawang interpretasyon noong kami ay pumunta sa Sri Lanka noong 2006.

Ang pananaliksik na ito ay nabigyang katuparan dahil sa imbitasyon at *hosting* sa Human Rights Watch sa Saudi Arabia ng Saudi Human Rights Commission, at sa pakikipagbahaginan ng impormasyon sa mga opisyal ng mga foreign mission ng Indonesia, Sri Lanka, Pilipinas, Nepal, at India.

Taos-pusong pinasasalamatan ng Women's Rights Division ng Human Rights Watch ang suportang pinansiyal ng Arcadia, ang Oak Foundation, ang Jacob and Hilda

Blaustein Foundation, Inc., at ang Moriah Fund. Pinasasalamatan din namin ang suporta ng mga kasapi ng Advisory Committee of the Women's Rights Division.